# PAGHAHANDA PARA SA *REVIVAL*

**Dr. Brian J. Bailey**

*“Paghahanda para sa Revival”*
© 2008 Brian J. Bailey

Desinyo ng pabalat:
© 2008 Zion Fellowship, Inc.
Larawan sa pangharap na pabalat © Andrejs Zemdega.
Mga larawan sa likurang pabalat © Androsov Konstantin
© Kiyoshi Takahase. Ginamit na may pahintulot ng, Istock Images.

Inilimbag noong 2008 sa Estados Unidos ng Amerika

ISBN 1-59665-062-1

**Zion Christian Publishers**
P.O. Box 70
Waverly, New York 14892

Phone: 607-565-2801
Toll free: 1-877-768-7466
Fax: 607-565-3329
www.zionfellowship.org

# *Pagkilala*

Pinatnugutan ni Rev. Norman Holmes at ng samahan ng Zion Ministries of the Philippines, Carla Borges, David Kropf, Justin Kropf, at Sarah Montgomery.

Nais naming ipaabot ang aming pasasalamat sa mga minamahal na ito dahil kung hindi sa maraming oras ng napakahalagang tulong na kanilang ibinigay, ang aklat na ito ay hindi magiging posible. Lubos kaming nagpapasalamat sa kanilang kasipagan, pagkamalikhain, at kahusayan sa pagsasama-sama ng aklat na ito para sa kaluwalhatian ng Diyos.

# MGA NILALAMAN


| | |
|---|---|
| Paunang Salita | 7 |
| “O Panginoon, Buhayin Mo ang Iyong Gawa” | 9 |
| “Hayaan mong umalis ang Aking Bayan” | 25 |
| Ang mga Pista ng Israel | 43 |
| Ang Paghahanda ni Cristo | 69 |
| Pagkamit ng Mana | 103 |
| Ang Muling Pagtatayo ng Templo | 135 |
| Ang Pangitain ng Sion | 151 |

# PAUNANG SALITA

Sa paglalahad ng aklat na ito nais kong magbigay ng ilang komento sa mga mabiyayang pagbuhos ng Banal na Espiritu sa mga nagdaan at kasulukuyang panahon. Ang Panginoon ay kumilos sa ibat-ibang kaparaanan na madalas ikalito ng mga masisigasig na mananampalataya. Ang Diyos ay pumili ng mga sisidlan na hindi perpekto. Si Samson ang isang halimbawa na pinupunto rito. Siya ay pinili ng Diyos at binigyan ng isang makapangyarihang pagpapahid, ngunit dahil kulang sa pagtatalaga ang buhay ni Samson, siya ay labis na nabigo. Si Solomon ay pinahiran ng Espiritu ng karunungan at kaunawaan, ngunit siya rin ay nagkulang sa personal na pagtatalaga at nahulog sa idolatriya dahil sa kanyang mga asawa. Ang mismong pagpapahid lamang ay hindi sapat. Ang mga paghahanda ng Diyos sa ating mga buhay ay dapat magkaroon ng sapat na lalim upang makayanan ang mga dakilang bagay na malapit na Niyang ibuhos sa daigdig. Dapat tayong maging handa para sa *revival*.

Sa modernong mga panahon ang Iglesiya ay nakakita ng parehong mga halimbawa. Ang mga ministeryo ng *revival* ay matinding pinahiran ng Diyos at nagdala ng mga pagpapala sa hindi mabilang na libu-libo. Gayunpaman, sa huli ay marami ang nabigo dahil sila ay hindi lubos na naging handa sa pinagdalhan sa kanila ng Diyos. Tanggapin ang kanilang mga ministeryo, minamahal, ngunit huwag lumakad sa kanilang mga daan.

Ang aklat na ito ay ipinakilala sa pag-asa na ito ay mabiyayang gamitin ng Panginoon upang makatulong na ihanda ang Kanyang bayan. Ang Dakilang *Revival* ay malapit nang dumating sa Iglesiya upang kanyang matupad ang kanyang pagkatawag at tipunin ang kabuuang ani ng mga kaluluwa sa mga Huling Araw na ito. Sa biyaya ng Diyos nawa tayo ay lubos na maging handa para sa matinding kapangyarihan ng *revival* na maghahanda sa maluwalhati at matagumpay na Iglesiyang ito.

# KABANATA ISA

## *"O PANGINOON, BUHAYIN MO ANG IYONG GAWA"*

Ang pagdaing para sa *revival* ang siya nang panalangin ng bayan ng Diyos sa lahat ng panahon. Ito ang iyak ng puso ni propeta Habakuk. Sa kapitulo 3:2 ang kanyang panalangin ay, *"O PANGINOON, narinig ko ang tungkol sa iyo at ako'y natatakot. O PANGINOON, buhayin mong muli ang iyong mga gawa sa gitna ng mga taon. Sa gitna ng mga taon ay ipaalam mo iyon, sa kapootan ay alalahanin mo ang kaawaan."*

Ang panalanging ito— *"O PANGINOON, buhayin mong muli ang iyong mga gawa"*—ay ang daing ng bawat mananampalataya sa lahat ng panahon. Ito rin ay nasa puso ng bawat isa sa atin na namamagitan sa Diyos na Siya ay magpadala ng *revival* sa mga bayan, mga lungsod, at sa mga bansa. Ngunit ang nasa likuran ng panaghoy ng propeta ay mahalaga rin.

### BAKIT KAILANGAN ANG *REVIVAL*

Isang dahilan kung bakit kailangan natin ng *revival* ay na ang panahon ng mga paghatol ng Diyos ay darating sa daigdig. Sa kapitulo 1:4, ipinakita sa atin ni Habakuk ang kalagayan ng bansa noong panahon niya: *"Kaya't ang batas ay hindi pinapansin, at ang katarungan ay hindi kailanman nangingibabaw. Sapagkat pinaliligiran ng*

*masama ang matuwid; kaya't ang katarungan ay nababaluktot."* Tiyak na ganito rin ang sitwasyon sa maraming mga bansa ngayon. Mababasa rin natin sa kapitulo 2:5-20 ang tungkol sa limang "kaabahan" na may kaugnayan sa ilang mga kasalanan—pagnanakaw sa talata 6, kasakiman sa talata 9, karahasan at kalikuan sa talata 12, paglalasing sa talata 15, at idolatriya sa talata 19. Sinasabi ng Diyos na hahatulan Niya ang bansa ng Israel dahilan sa mga kasalanang ito.

**Isang dahilan kung bakit kailangan natin ng *revival* ay na ang panahon ng mga paghatol ng Diyos ay darating sa daigdig.**

Nakikita ng mga madalas maglakbay na ang Diyos ay naghahayag ng kagila-gilalas na mga paghatol sa maraming mga bansa ngayon. Gayundin naman, ang Diyos ay nagsasalita rin sa mga bansa ng mas higit pang mga paghatol na darating sa lalong madaling panahon. Habang maaaring maiwaksi ng Iglesiya ang paghatol sa tiyak na mga sitwasyon at sa ibang mga bansa, dapat nating maunawaan na ang *revival* at paghuhukom ay magkasabay na umiiral. **Mula sa mga Kasulatan malinaw na ang *revival* ay madalas na nangyayari *bago* ang paghatol at tinutulungan ang bayan ng Diyos *sa panahon ng* paghuhukom.**

Upang magbigay ng isang halimbawa, maaari nating tingnan ang tatlong pagkubkob sa Jerusalem. Ang mga propeta ay nagsalita ng pagkawasak ng Jerusalem dahil sa pagsamba nito sa mga diyus-diyusan, imoralidad, at karahasan. Ang una ay nangyari nung 586 BC, ngunit bago

ang paghuhukom na ito, ang Diyos ay nag-alok sa kanila ng *revival* sa ilalim ni Haring Josias.

Ang sumunod na pagkubkob sa Jerusalem ay noong A.D. 70 nang ang Jerusalem ay winasak ng mga Romano. Bago ang pagkawasak na ito, ang pinakadakilang *revival* na nalaman ng Israel ay dumating sa katauhan ng Panginoong Jesu-Cristo at sa unang Iglesiya. Ang *revival* ay nauuna sa paghuhukom.

Alam din natin mula sa Salita ng Diyos na bago ang Ikalawang Pagparito ng ating Panginoon, magkakaroon ng pangatlong pagkubkob sa Jerusalem. Ito ay isinalarawan ni propeta Zacarias sa kapitulo 14:1-4. Idineklara ni Isaias na magkakaroon ng mga kagila-gilalas na paghuhukom, at matinding kadiliman ang lulukob sa daigdig sa panahong iyon. Ngunit idineklara rin ni Isaias na ang kaluwalhatian ng Panginoon ay makikita sa Iglesiya (Isa. 60:1-3).

Sinasabi ng Habakuk 3:16-17, *"Aking narinig, at ang aking katawan ay nanginginig, ang aking mga labi ay nangangatal sa tinig; ang kabuluka'y pumapasok sa aking mga buto, ang aking mga hakbang ay nanginginig. Ako'y tahimik na maghihintay sa araw ng kapahamakan, na dumating sa bayan na sumasakop sa atin. Bagama't ang puno ng igos ay hindi namumulaklak, ni magkakaroon man ng bunga sa mga puno ng ubas; ang olibo ay hindi magbubunga, at ang mga bukid ay hindi magbibigay ng pagkain; ang kawan ay aalisin sa kulungan, at hindi na magkakaroon ng bakahan sa mga silungan."* Sa mga

talatang ito ay nabasa natin na ang Diyos ay magdadala ng paghatol sa mga tao sa kapanahunan ni Habakuk. Ngunit sa mga sumunod na dalawang talata ay makikita rin natin ang malinaw na pagkakaiba sa matagumpay na bayan ng Diyos: *"Gayunpama'y magagalak ako sa PANGINOON, ako'y magagalak sa Diyos na aking kaligtasan. Ang Diyos, ang PANGINOON ay aking kalakasan; ginagawa niya ang aking mga paa na gaya ng sa mga usa, pinalalakad niya ako sa aking matataas na dako."* Ito ang larawan na makikita nating inulit sa Isaias 60:1-3 ng matinding kadiliman na darating, subalit ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mahahayag sa Iglesiya.

Napakamahalaga na ang *revival* ay dumating sa Iglesiya bago pa man ang paghuhukom. Ito ay dahilan sa ang *revival* ay magdadala ng kagalakan ng Panginoon sa ating mga puso, at ang kagalakan ng Panginoon ang siya nating magiging kalakasan habang tayo ay dumadaan sa mga panahon ng kaguluhan at paghatol. Ang Iglesiya ay kailangang dumating sa *revival* na may mga himala at higit sa karaniwang probisyon, dahil ang *revival* ang magpapanatiling buhay sa Iglesiya!

Noong 1930s sa bansang Wales, may mga panahon ng kahatulan nang ang pagkain ay naging salat. Walang pangtustos ng pagkain mula sa gobyerno kung kaya ang mga Kristiyano ay kinailangang masigasig na manalangin para sa pagkain. Kadalasan nilalagay nila ang kanilang pagkain sa tinatawag nilang "imbakan." Ang kanilang mga imbakan ay mawawalan ng laman, at sila ay mananalangin. Kapag bubuksan na nila ang kanilang imbakan, makikita nila na ito ay puno na ng gatas, tinapay, karne, at iba pang

mga pagkain! Ang Diyos ay kahima-himalang nagkaloob para sa kanila. Ang *revival* ay hindi lamang para dalhin ang isang tao sa pagkilala kay Cristo, kundi ang *revival* ay kailangan para sa Iglesiya sa mga panahon ng paghuhukom.

Sa isang bansa, nang ang maraming mga propesiya ng paghuhukom ay nagsimulang dumating, ang ilan sa mga Kristiyano na puro negosyo ang iniisip ay nagsimulang gumawa ng mga iniladong pagkain para sa darating na kapighatian. Sa halagang $2,000 sila ay nagbebenta ng kargamento ng pagkain na kayang magpakain ng isang tao sa loob ng isang taon! Nakakagulat dahil maraming Kristiyano ang bumili ng mga paketeng ito. Inisip din nila na kung mayroon silang pagkain at ang iba ay wala, maaaring kunin ng ibang tao ang pagkain nila. Kaya nagsimula silang bumili ng mga baril! Nakakagulat kung gaano kabaluktot ang pag-iisip ng mga tao kapag sinusubukan nilang iligtas ang kanilang mga sarili. Hindi, tayo ay dapat maingatan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos—kailangan nating magkaroon ng *revival* at mga himala sa panahon ng paghuhukom.

## PAANO NAGSISIMULA ANG *REVIVAL*

Sa aklat ni Habakuk **ang unang hakbang patungo sa *revival* ay pamamagitan at paghihintay sa Diyos.** Nang magsalita ang Diyos kay Habakuk na ang paghatol ay darating, ang propeta ay nanaghoy sa kapitulo 3:2, *"Buhayin mong muli ang iyong gawa... sa kapootan ay alalahanin mo ang kaawaan."* Ito ang binuhay sa amin ng Panginoon mga ilang taon na ang nakaraan tungkol sa

**Ang *revival* ay hindi lamang para dalhin ang isang tao sa pagkilala kay Cristo, kundi ang revival ay kailangan para sa Iglesiya sa mga panahon ng paghuhukom.**

tagtuyot sa isang bansa. Alam namin na ang tagtuyot na iyon ay paghatol ng Diyos, ngunit nagsalita Siya sa amin at sinabi, "Ang tagtuyot na ito ay mula sa Aking kamay, ngunit ngayon nais Ko na kayo ay dumaing para sa Aking kahabagan, para sa ulan." Napakahalaga na kapag nakikita natin na dumarating ang paghatol ng Diyos na tayo ay dumaing ng kahabagan. Bilang mga anak ng Diyos, kailangan nating magpakumbaba at magsimulang dumaing, "O Panginoon, sa kapootan ay alalahanin mo ang kahabagan." Magkakaroon ng matinding mga paghatol, ngunit nais natin ang kahabagan ng Diyos. Nais nating umiyak at sabihing, "Panginoon, nararapat kaming hatulan, ngunit Panginoon, buhayin Mo ang iyong gawa."

Ang propeta ay nagpatuloy sa Habakuk 2:1 na sinasabi, "*Ako'y tatayo upang magbantay, at magbabantay ako sa ibabaw ng tore, at tatanaw upang makita ko kung ano ang kanyang sasabihin sa akin, at kung ano ang aking isasagot tungkol sa aking daing.*" Nagtungo si Habakuk sa tore na kanyang panalanginan, hindi lamang para sa isang maliit na panalangin, kundi sinabi niya na siya ay maghihintay, at patuloy na maghihintay, para sa isang salita mula sa Panginoon.

Habang tayo ay nananalangin at naghihintay sa Diyos, makikita natin na ang susunod na hakbang patungo sa *revival* ay magsasalita ang Diyos sa atin at ihahayag sa atin

ang mga hadlang sa *revival*. Ang unang hadlang na kadalasang sinasabi ng Panginoon ay ang pangangailangan ng paglilinis. Sa Habakuk 2:1 nang binuksan ng propeta ang kanyang puso sa Diyos, umasa siya ng pagsaway mula sa Panginoon nang sinabi niya, *"…at tatanaw upang makita ko kung ano ang kanyang sasabihin sa akin, at kung ano ang aking isasagot tungkol sa aking daing."* Si Haring David ay ganun din. Umiyak si David, *"Siyasatin mo ako, O Diyos, at alamin mo ang aking puso; subukin mo ako, at alamin mo ang mga pag-iisip ko! At tingnan mo kung may anumang lakad ng kasamaan sa akin"* (Awit 139:23-24).

Napakahalagang mapagtanto natin na ang *revival* ay nagsisimula sa atin. Napakasarap manalangin na kilusin ng Diyos ang iba, at magsimulang kumilos sa atin. Gayunpaman, ang *revival* ay palaging nagsisimula sa mga malapit sa Diyos na kinilos ng Diyos upang makita ang pangangailangan para sa *revival*. Kaya kailangan nating dumaing, "Likhaan ako ng isang malinis na puso" at "Siyasatin Mo ako, O Diyos." Dito kung saan nagsisimula ang *revival*. Pagkatapos ay maaaring simulan ng Panginoon na ihayag ang mga bagay sa ating mga buhay na hindi man lamang natin naisip na mga balakid na makakahadlang sa *revival*.

Sa Isaias kapitulo anim, makikita natin na bago ang *revival* sa kanyang panahon, si Isaias ay nagkaroon ng sariwang pakikipagtagpo sa Diyos. Iyon din ang kailangan natin. Hindi natin maaasahan ang mga di-ligtas na makilala ang Diyos hanggang sa ang Iglesiya ay magkaroon ng isang sariwang pakikipagtagpo sa Panginoon. Nang pumasok si Isaias sa bahay ng Diyos, nakita niya ang Panginoon na

nakaupo sa Kanyang trono at ang Serapin ay nagsasabi sa isa't isa, *"Banal, banal, banal ang Panginoon ng mga hukbo: ang buong lupa ay napuno ng kaniyang kaluwalhatian."* Pagkatapos, sa talatang 5 ang kapahayagang ito ng kabanalan ng Diyos ay napakadakila kaya't sumigaw si Isaias, *"Nang magkagayo'y sinabi ko, sa aba ko! Sapagkat ako'y napahamak; sapagkat ako'y lalaking may maruming mga labi, at ako'y tumatahan sa gitna ng bayan na may maruming mga labi: sapagkat nakita ng aking mga mata ang Hari, ang Panginoon ng mga hukbo."* Bago nito, hindi alam ni Isaias kung gaano karumi ang kanyang mga bibig dahil hindi niya nakita ang Panginoon sa ganitong antas ng kaluwalhatian. Madalas ay hindi talaga natin alam ang mga bagay sa ating buhay na maaaring humadlang sa pagkilos ng Diyos sa kapangyarihan ng *revival*. Ito ay sa kadahilanang hindi pa tayo nagkakaroon ng isang kapahayagan ng Diyos na nagbibigay liwanag sa mga bagay na ito na hindi nakikita, o kaya naman ay batid na natin ang ating mga kamalian ngunit hindi natin ito hinaharap. Ang *revival* ay nagsisimula sa mga miyembro ng iglesiya na nagkakaroon ng isang sariwang pagbisita at paglilinis mula sa Diyos.

Habang tayo ay naghihintay sa Panginoon na marinig ang Kanyang tugon, gaya ng ginawa ni Habakuk, ang Diyos kung gayon ay magsisimulang magsalita. Maaaring ito ay isang maliit na bagay na gustong baguhin ng Diyos sa ating buhay. May isang Ingles na tagapangaral na nagnanais mapuspos ng Banal na Espiritu. Siya ay humihiling sa Diyos, "Panginoon, punuin mo ako ng Banal na Espiritu." Ang Panginoon ay nagsalita sa kanya ng isang maliit na bagay: "Pumunta ka sa kabilang kuwarto, buksan mo ang

hawla, at pakawalan mo ang ibon." Sa hawla ay mayroon siyang ligaw na ibon na kanyang nahuli. Kinulong niya ito, at ginawang alaga. Sinabi ng Panginoon, "Palayain mo ang ibon." Inisip niya, "Narito ako at nananalangin ng bautismo ng Banal na Espiritu, at ang Diyos ay nagsasalita tungkol sa ibon!" Nagsimula siyang manalangin ulit, at ang Panginoon ay patuloy na nangungusap sa kanya tungkol sa ibon. Kung kaya siya ay umalis at pinalaya ang ibon, at ang sumunod na nangyari ay napuspos siya ng Banal na Espiritu! Maaari mong sabihin na, "Napakaliit lang na bagay lang naman niyan." Oo, pero ito ang hadlang sa pagtanggap ng bautismo! Paano makakahingi ang tagapangaral na iyon ng kalayaan, samantalang mayroon siyang inilagay sa kulungan? Bagamat ito ay isang ibon lamang, sinabi ni Jesus na ang maya ay hindi bumabagsak sa lupa na hindi nalalaman ng ating Ama sa langit.

**Habang tayo ay naghihintay sa Panginoon, Siya ay magsisimulang mangusap sa atin.** Maaaring ito ay tungkol sa ating binabasa, o pinapanood sa telebisyon, o isang bagay na mukhang hindi naman mali. Ang Diyos ay maaaring magsalita at ipakita sa atin na ang mga bagay na ito ay mga balakid. Ang Salita ang Diyos ay napakalinaw na ang maliliit na asong-gubat ang naninira ng ubasan (Awit ni Sol. 2:15). Kailangang mangusap ng Diyos sa atin at ipakita sa atin ang maliliit na mga bagay na maaaring makahadlang sa *revival*.

Habang naghihintay si Habakuk sa Panginoon sa kabanata dalawa upang marinig kung ano ang sasabihin Niya, ang Panginoon ay tumugon sa kanya. Sa talatang apat

ipinahayag ng Panginoon ang problema sa panahon ni Habakuk: "*Masdan mo ang palalo! Hindi tapat sa kanya ang kaluluwa niya.*" Ipinakita ng Panginoon ang balakid ng pagmamataas. Sa ating paglapit sa Diyos, maaaring ituturo Niya ng Kanyang daliri sa pagmamataas. Minsan ay napakayabang natin sa simbahan. Maaari pa nga tayong maging napaka-espirituwal at labis na ipinagmamalaki ang ating pagka-espirituwal! Ang pagmamataas ay mandaraya at maaaring maging isang balakid na makahahadlang sa *revival*. Tayo ay dapat magpakumbaba upang makita natin na tayo ay lubusang nakaasa sa Diyos para sa Kanya na ibuhos ang Kanyang Espiritu at magdala ng *revival*. Ito ang pinakamakapangyarihang biyaya ng Diyos, at kaya nga ang katangian ng kababaang-loob ay napakahalaga.

Isa pang dako kung saan ay maaaring magkaroon ng mga hadlang sa *revival* ay sa ating mga tahanan. Ang ating mga bahay ay kailangang mapuno ng mga panalangin, na nagsasabing, "Panginoon, magpadala Ka ng *revival*." Ang paghahanap sa mukha ng Diyos ay isang bagay na hindi lamang ginagawa sa mga gawain ng iglesiya, kundi sa ating mga tahanan din.

Ang Unang Pedro kapitulo tatlo ay nagsasabi tungkol sa relasyon ng mag-asawa. Sa talatang pito sinasabi nito sa mga asawang lalaki kung paano sila makipisan kasama ang kanilang mga asawang babae, *"...upang walang makahadlang sa inyong mga panalangin."* Ang asawang lalaki ay kailangang maging maingat kung paano pinakikitunguhan ang kanyang asawang babae, sapagkat iyon ay makakapaghadlang sa kanyang mga panalangin!

Ang ating tahanan at buhay may-asawa ay maaaring makahadlang sa *revival*.

Ang Malakias 4:5-6 ay nagbibigay sa atin ng higit pang patunay ukol dito. Sinasabi nito na ang *revival* sa huling araw *"bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw ng PANGINOON"* ay maisasalarawan sa pamamagitan ng muling pagkabaling ng puso ng mga magulang sa kanilang mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga magulang, "*upang hindi Ako dumating at saktan ang lupain ng isang sumpa."* Kaya sa parehong Luma at Bagong Tipan makikita natin na ang mga hadlang sa ating mga tahanan ay dapat munang alisin upang ang *revival* ay dumating.

Ang *revival* ay maaaring magsimula sa pagitan ng mga magulang at kanilang mga anak, o sa pagitan ng mag-asawa. Hindi ka maaaring pumunta sa simbahan at asahang kikilos ang Diyos kung hindi tama ang iyong relasyon sa iyong asawa o sa iyong mga anak. Hindi mo maaaring sabihin na lumalakad ka kasama ni Jesus kung hindi ka lumalakad kasama ang iyong Kristiyanong asawa! Kailangang malunasan muna iyon. **Kung ang *revival* ay wala sa iyong tahanan, ito ay wala sa simbahan. Ang iglesiya ay binubuo ng mga tahanan.**

Ako ay may pribilehiyo na makapunta sa maraming mga iglesiya sa aking mga paglalakbay. Kapag ang Espiritu ay hindi kumikilos sa iglesiya, madalas kong nakikita ang dahilan kapag kami ay bumibisita sa mga tahanan. Doon nagsisimula ang praktikal na Kristiyanismo. Kung ang mga bagay ay hindi naitama sa mga tahanan, isang kapaimbabawan na magkunwaring maayos sa simbahan,

ngumiti at sumigaw ng "Aleluia!" Maaari kang magpuri at manalangin at makapanagumpay sa bagyo, pero hindi ka makakaranas ng *revival*. Ngunit kung ang puso ng mga magulang ay maibaling ng tama sa mga anak, at kung ang relasyon ng mga mag-asawa ay muling mabuhay, iyon ay makatutulong na ihanda ang *revival* na dumating sa iglesiya. Hahayaan mo ba na dumating ang *revival* sa iyong tahanan? Kailangan nating ihanda ang daraanan ng Panginoon!

**Ang mga problema sa ating tahanan at buhay may-asawa ay maaaring makahadlang sa *revival*!**

Pagkatapos magsalita ng Panginoon kay Habakuk tungkol sa isang sagabal nagpatuloy Siya upang ipakita ang susunod pang hakbang. Sa Habakuk 2:4 sinabi ng Panginoon, *"Ngunit ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya."* Sa katangian ng kababaang-loob ang Iglesiya ay kailangang magkaroon ng isang banal na pagkaasa sa Diyos, at nagsasabi, "Panginoon, lagyan Mo ng pananampalataya ang aking puso na Ikaw ay kikilos!" Sa pamamagitan lamang ng pagkilos ng Diyos na tayo ay magkakaroon ng *revival*. Ngunit hindi ito darating sa pamamagitan ng sarili nating pagsisikap o gawain, ito ay dapat dumating galing sa Diyos. Samakatuwid sa malalim na kapakumbabaan kailangan nating lumapit sa Diyos at mapagtanto na tanging sa paglalagay lamang Niya ng pananampalataya sa ating puso na ating makikita ang *revival* na darating. Sapagkat kung tayo ay tatawag sa Diyos sa pananalangin, ang pananampalataya ay bibitawan upang ang mga langit ay

mabuksan at ibuhos ng Diyos ang Kanyang Espiritu sa kapangyarihan ng *revival*.

Sa mga bayan, lungsod, at sa lahat ng bansa, ay may mga kapangyarihan ng kadiliman na gumagapos sa mga tao. Sila ay katulad ng mga madidilim na ulap na humaharang sa liwanag ng ebanghelyo na makapasok (Is. 25:7). Malibang ang mga ito ay mawasak at masira, ay hindi magkakaroon ng *revival*. Subalit ang panalangin na may pananampalataya ay nagdalala ng mga resulta.

Minsan ay nasa isang sitwasyon ako kung saan ay may mabigat na pagkagapos. Pagkatapos kami ay umalis sa lugar na ito ng halos may 2,000 milya ang layo, at sa kalagitnaan ng hapon nang ako ay gising na gising, dalawang nahulog na mga anghel ang dumating at tumayo sa harap ko. Sinabi sa akin ng Panginoon, “Ang mga anghel na ito ang gumapos sa sitwasyon sa kabilang lugar. Iutos mo na ang kadena ay umakyat at igapos ang mga anghel na ito.” Kung kaya sinabi ko lamang sa masasamang anghel na ito, “Nangusap sa akin ang Panginoon na utusan ang kadena na umakyat at igapos kayo.” Alam ba ninyo kung ano ang ginawa ng mga anghel na iyon? Niyukod na lamang nila ang kanilang mga ulo bilang pagpapasakop, sapagkat alam nila na ito na ang nakatakdang panahon sa kanila. Walang nangyaring pagtatalon at pagsisigaw sa kanila. Sa katunayan, ay nakaupo lamang ako sa isang silya, at nakaharap ang dalawang anghel sa akin. Ang tanging sinabi ng Diyos ay, “Utusan...” Sinabi ko, “Hayaang ang kadena ay umakyat at talian sila, at dalhin sila pababa sa impiyerno.” Pagkatapos ay nakita ko ang kadena na umakyat at tinalian ang isang

anghel, at isinunod ang isa pa, at iniutos ko na sila ay ibagsak at sila ay nawala. Makaraan ang ilang linggo nagkaroon ng malaking pagbabago sa lugar na iyon kung saan may pagkagapos, at ang lider na inimpluwensyahan ng masasamang anghel ay natanggal sa kanyang posisyon at kapangyarihan. Ito ang ibig sabihin sa Awit 149:8-9, *"Upang gapusin sa mga* [tanikala] *ang kanilang mga hari…upang sa kanila'y ilapat ang hatol na nasusulat!"*

Ang Panginoon sa lalong madaling panahon ay magdudulot sa atin ng pagkakataon na makapasok sa isang posisyon sa Kanya kung saan ay makikita natin ang mga puwersa ng kaaway, at maririnig natin ang tahimik na Salita ng Panginoon upang iutos ang kanilang pagkakagapos. Walang magiging pakikipagbaka, dahil sila ay yuyukod sa utos ng Salita ng Diyos na ibibigay Niya sa atin para sabihin. Makikita natin na magagapos ang mga puwersa ng kaaway at ang suklob na nilagay nila sa mga tao ay maaalis**. Pagkatapos ay makikita natin ang sinag ng presensiya ng Diyos na darating at magdadala ng *revival* kasama ang malaking pag-ani ng mga kaluluwa. Minamahal, ito ang iniaalok ng Diyos sa atin kung itataas natin ang ating pangitain!**

Kung ating susundin ang mga hakbang na ito tayo ay epektibong makakapaghanda para sa *revival*. Ang iyak ng puso ni Habakuk, *"O Panginoon, buhayin Mo ang Iyong gawa*," ay ang panalangin ng isang propeta na naghintay na sa Panginoon upang marinig kung ano ang sasabihin ng Diyos sa kanya. Iyon din ang dapat nating gawin. Nais ng Panginoon na lumapit tayo sa Kanya, at Siya ay lalapit sa sa atin. Nais Niya na hayaan natin Siyang magsalita sa

kaloob-looban ng ating mga puso. Marahil ito ay isang munting bagay na hindi gaanong makabuluhan na sasabihin ng Panginoon, katulad ng ibon na kailangang palayain, ngunit ito ang magpapalaya sa kapangyarihan ng Diyos sa ating buhay. Marahil ito ay mas seryosong bagay na hindi pa natin hinaharap, katulad ng pagmamataas, o problema sa ating pamilya. Hindi tayo maaaring gumawa ng pormula at sabihing, "Gawin mo ang isang bagay na ito, at magkakaroon ka ng *revival*." Hindi, tayo ay dapat lumapit sa Diyos, at hayaang personal na magsalita ang Panginoon sa atin at ipakita sa atin kung ano ang nais Niyang baguhin sa ating mga buhay. Mahalaga na naglalaan tayo ng oras sa Diyos at makapakinig sa Kanya, dahil ang *revival* ay kailangang magsimula sa mga indibidwal sa Iglesiya.

Maraming mga tinig ang dumarating sa bansang ito at sa daigdig. Ang ilan ay naghahayag ng *revival;* ang ilan ay nagdideklara ng paghatol. Subalit ano ang katotohanan? Kailangan nating, *"Isulat ang pangitain at gawin itong malinaw"* (Hab. 2:2) upang maunawaan ng mga tao na magkakaroon ng parehong *revival* at paghatol. Kung makikita lamang natin na ang kaluwalhatian at *revival* ay darating, maaaring magkaroon ng pagsasapantaha. Sa kabilang banda, kung nakikita lang natin ang isang madilim na larawan ng paghatol na darating, ang mga tao ay maaaring mawalan ng pag-asa. Kailangan nating ibigay ang isang tunay na pangitain na magkakaroon ng parehong *revival* at paghuhukom.

**Kailangang magkaroon ng paghatol upang magdala ng paglilinis, dahil hindi kayang magpikit-mata ng Diyos sa kasalanan ng isang bansa.** Kapag ang ating Panginoon

ay bumalik para sa Kanyang Iglesiya, hahatulan din Niya ang mga bansa. Ang tupang mga bansa ay sa Kanyang kanang kamay, at ang kambing na mga bansa sa Kanyang kaliwa (Mat. 25:31-34). Samakatuwid ay magkakaroon ng pambansang paglilinis sa maraming bansa, upang sila ay maging tupang mga bansa. Kaya sa mga huling araw na ito ay haharapin ng Panginoon ang mga bansa, at kailangan nating maging tapat na ihayag ang salita at ihanda ang mga tao para sa panahon na darating sa daigdig. Pakinggan natin ang tunog ng trumpeta na nagsasabi, "Maghanda para sa *revival* at paghuhukom."

Sa pagtingin natin sa Iglesiya, makikita natin na ito ay nasa kaluwalhatian ng *revival* sa panahon ng paghuhukom na iyon. Sa kapanahunan ng Diyos, ang mga bagay ay nagbabago, at ito ang panahon para sa Iglesiya na bumangon. Kaya nga ang Panginoon ay nagsasalita sa Kanyang Iglesiya at sinasabing, "Gusto kitang itaas, nais Kong dalhin ang Aking kaluwalhatian at kapangyarihan sa iyo." Sa biyaya ng Diyos ay nasisimulan na nating makita kung paanong ang *revival* na ito ay mangyayari.

# KABANATA DALAWA

## *"HAYAAN MONG UMALIS ANG AKING BAYAN"*

Nagnanais ang Panginoon na ihanda ang bawat isa sa atin para sa *revival*. Habang ang mga hadlang para sa *revival* na nasa ating *kalooban* ay hinaharap ng Diyos, maaari nang simulan ng Panginoon na ayusin ang *panlabas* na mga pagkagapos at mga hadlang na ating kinakaharap. Ang ating susunod na tema ay may kinalaman sa panlabas na mga pagkagapos na ito at ipinahayag sa mga salita na sinabi ng Diyos sa pamamagitan ni Moises para sa Faraon – "*Payagan mong umalis ang Aking bayan, upang sila'y makasamba sa akin sa ilang.''* (Ex. 7:16). Ito ay isang tema ng pagpapalaya at espirituwal na pakikipagbaka.

## ANG NATURAL AT ANG ESPIRITUWAL

Tayo ay nabubuhay sa pagsisimula ng pinakamahalagang panahon sa kasaysayan ng katauhan. Nililiglig ng Diyos ang mga bansa at ang mga sistema ng sanlibutang ito. Sa ating kapanahunan nakita natin ang pagbagsak ng sistemang komunista ng Europa at Rusya. Nakikita rin natin ang malalaking pagbabago sa Gitnang Silangan, Asya, at sa ibang mga bansa. Ang tanong ay, "Bakit?"

Sinasabi sa atin ni Apostol Pablo sa Unang Corinto 15:46 na ang Diyos ay kumikilos una sa natural, at pagkatapos ay sa espirituwal. Makikita natin ang natural, pisikal na kalayaan na umiiral sa mga bansa. Ang mga bilanggong politikal ay pinalalaya, ang ilan ay upang pamahalaan pa

ang kanilang mga bansa. Ang mga pader ay bumabagsak, kahit na ang Pader ng Berlin at ang Kurtinang Bakal. **Ngunit nais ng Diyos na mangusap sa atin tungkol sa espirituwal na kalayaan para sa Iglesiya, at gayundin para sa mga bansa.** Ang espirituwal na kalayaang ito ay mauunawaan sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga hakbang kung saan pinalaya ng Panginoon ang Kanyang bayan mula sa pagkaalipin sa Ehipto.

## ANG MGA HAKBANG PATUNGO SA PAGLAYA

Katulad ng mga Israelita sa Ehipto, kailangan muna natin ng kapahayagan na tayo ay nakagapos. Maaaring ito ay nasa ating buhay, problema sa ating pamilya, o isang bagay na gumagapos sa Iglesiya. Kailangan nating mapagtanto na *"Kami ay hindi nagkamit ng tagumpay sa lupa"* gaya ng ipinahayag sa Isaias 26:18, dahil tayo mismo ay nasa pagkagapos.

Ang ikalawang hakbang ay dumaing sa Diyos dahil sa ating pagkagapos. Sa Exodo 3:7, sinabi ng Panginoon kay Moises, *"Aking nakita ang paghihirap ng aking bayan na nasa Ehipto at aking narinig ang kanilang daing."* Kailangan nating tumawag sa Panginoon, dahil walang mangyayari hanggang sa tayo ay magsimulang dumaing sa Diyos. Kailangan nating tumawag sa Kanya dahil alam natin na ito na ang panahon ng paglaya, una sa natural para sa mga bansa, ngunit sa espirituwal rin, para sa Iglesiya.

Sa Ezekiel 9:1-4 ay iniutos ng Panginoon na isang tatak ang ilalagay sa mga noo ng mga taong nagbubuntong hininga at

dumadaing dahil sa lahat ng kasuklam-suklam na nagawa sa gitna ng bayan ng Diyos. Sa Mateo 5:4, mismong ang Panginoon ang nagsabi, *"Mapalad ang mga nahahapis."* Tayo ba ay banal na mga namimighati dahil sa kasamaan sa Iglesiya? Kung ang Diyos ay dadaan, ilalagay ba Niya ang tatak sa ating mga noo dahil tayo ay dumadaing sa Kanya para sa kalagayan ng Kanyang Iglesiya?

Pagkatapos ng mga pagdaing at pagmimighati na ito ay ang ikatlong hakbang, ang pangako ng paglaya. Kailangan nating magkaroon ng isang tiyak na *"rhema"* (binigkas na salita mula sa Diyos) upang labanan ang kaaway. Para sa Israel ang salita ay, *"Ako'y bumaba upang iligtas sila"* (Exo. 3:8). Minsan ay kailangan nating maghintay para sa salitang iyon o pangako ng paglaya. Sa Awit 40:1 sinabi ni David, *"Matiyaga akong naghintay,"* ngunit maaaring dumating ang salitang iyon ng pangako gaya ng sa Awit 102:13, *"Ikaw ay babangon at sa Zion ay maaawa."* Naniniwala ako na ito ang sinasabi ng Diyos sa atin ngayon. Panahon na ng Diyos upang palayain ang Kanyang Iglesiya mula sa kanyang mga pagkagapos. Nakita natin ang "una sa natural" tungkol sa pagpapalaya sa mga bansa, ngunit kailangan din nating makita ang "pagkatapos ay ang espirituwal" na patungkol sa pagpapalaya sa Iglesiya (1 Cor. 15:46).

Ang susunod na hakbang ay ang kailangan tayong suguin ng Diyos. Sa Exodo 3:10 ang Diyos ay nagsalita kay Moises at sinabi, *"Ikaw ay Aking susuguin."* Hindi tayo maaaring umalis malibang suguin tayo ng Diyos. Pagkatapos sa talatang 12 sinabi ng Panginoon kay Moises, *"Ako'y makakasama mo."* **Kailangan natin ang**

**katiyakan ng Kanyang presensiya, dahil alam natin na hindi tayo lalakad mag-isa upang labanan ang kaaway.** Sa talatang 14, Ibinigay ng Diyos kay Moises ng Kanyang kapangyarihan para ihayag na *"Sinugo ako sa inyo ni AKO NGA."* Kadalasan ay nakikita natin ang kapangyarihan ng Diyos sa isang sariwang kapahayagan ng Kanyang pangalan. Para sa iyong sitwasyon maaaring kailangan mong makita si Jehovah Nissi (ang Panginoon ang ating Watawat) o Jehovah Jireh (ang Panginoon ang ating Tagapagkaloob) o iba pang personal na kapahayagan ng pangalan ng Diyos. Sa Marcos 16:17 sinabi ng ating Panginoon, *"Sa pangalan Ko'y magpapalayas sila ng mga demonyo..."* Kailangan natin ng sariwang kapahayagan ng aspeto ng Kanyang pangalan upang makahayo tayo nang may kapangyarihan ng Kanyang pangalan. Sa Gawa 19:13-16, ang pitong anak na lalaki ni Esceva ay tinangkang palayasin ang mga demonyo mula sa isang tao kahit hindi nila personal na nakikilala ang Panginoong Jesus, sumagot ang mga demonyo, *"Sino kayo?"* at sila ay sinugod! Makikita natin na tayo ay kailangang suguin ng Diyos, at kailangan din nating malaman ang kapangyarihan ng Kanyang pangalan.

Gayundin, ay kailangan nating magkaroon ng isang mensahe. Ang mensaheng ibinigay ng Diyos kay Moises ay *"Pahintulutan mong umalis ang aking bayan, upang sila'y makasamba sa akin."* Ito ay isang napakalinaw na mensahe na siya ring mensahe para sa atin ngayon.

**Mga Hakbang sa Paglaya:**

1. Isang pahayag mula sa Diyos na tayo ay nakagapos
2. Isang pagdaing sa Diyos dahil sa ating pagkakagapos
3. Isang pangako ng paglaya- isang *rhema* mula sa Diyos
4. Isang pagsugo mula sa Diyos
5. Isang mensahe mula sa Diyos
6. Matiyagang makikipagharap sa espiritu

## PAKIKIPAGHARAP SA KAAWAY

Pagkatapos nito nagkaroon ng paghaharap sa pagitan nina Moises at Faraon. Sa natural, sa mga nagdaang dekada, nakita natin sa maraming mga bansa ang isang paulit-ulit na kapangyarihan ng mga mamamayan na humarap sa mga may kapangyarihan hanggang sa makamtan nila ang gusto nila. Gayundin naman, sa espirituwal ay kailangan nating paulit-ulit na harapin ang kaaway sa kapangyarihan ng pangalan ng Diyos upang magkapagdala ng paglaya at *revival*.

Ito ang nangyari sa Timog Aprika sa pagkawasak ng *apartheid* (ang paghihiwalay ng mga Aprikanong itim mula sa mga puti). Nagsisimula nang mangyari ang pangitain na mayroon ako dati sa Cape Town. Nakita ko ang dalawang malalakas na hagupit ng hangin ng pagbabago na lalaganap

sa buong bansa. Ang una ay pampulitika, na nangyari na; at ang isa ay espirituwal, na parating pa lang.

Ang resulta ng unang paghaharap nina Moises at Faraon sa Exodo kapitulo 5 ay ang naging mas mabigat ang mga pasanin habang ipinakita ng kaaway ang kanyang lakas. Ito rin ay nangyayari sa atin kapag simulan nating harapin ang ating espirituwal na mga kaaway. Sila ay ganting-salakay at may mga panahon na nagtataka tayo kung ano ang tumama sa atin! Tayo ay tatamaan ng malalakas na pag-atake ng kapangyarihan ng demonyo, at marahil ay masasaktan tayo pisikal. Ang madalas na kakailanganin mo sa harap ng matinding espirituwal na labanang ito ay sariwang lakas ng loob at ang katiyakan na ang Diyos ang magliligtas. **Ayaw mong magsimula lang ng gulo malibang alam mo ang kahihinatnan nito!** Tinanggap ni Moises ang sariwang salita na ito sa Exodo 6:6 kung saan ay sinabi ng Panginoon, *"Aking ilalabas kayo."* Gayunpaman, ang mga tao ay hindi nakinig kay Moises dahil sa kahinaan ng kanilang loob at pagkagapos (Ex. 6:9). Madalas ang kongregasyon ay mabilis na sumusuko at makikita ng lider na siya ay mag-isa na lamang sa digmaan.

Ngunit ito ay dahil sa mga layunin ng Diyos na ang kaaway ay lumaban. Itinaas ng Diyos si Faraon at paulit-ulit na pinatigas ang kanyang puso. Nagsalita ang Diyos tungkol kay Faraon sa Roma 9:17, *"...Dahil sa layuning ito, ay itinaas kita, upang aking maipakita sa pamamagitan mo ang aking kapangyarihan, at upang ang aking pangalan ay maipahayag sa buong lupa."* Itinataas ng Diyos ang kaaway para sa iyong kabutihan. Itinatalaga ng Diyos ang

mga labanan upang ang Kanyang kapangyarihan ay mahayag at ang Kanyang mga layunin ay matupad.

Maaaring labis na pinanghinaan ng loob si Moises dahil matapos ang paulit-ulit na mga komprontasyon ay nabigo pa ring mapalaya ang mga tao mula sa pagkaalipin ng Ehipto. Gayunpaman, ang salita para sa lider ay, *"Ang magtiis hanggang sa wakas ay maliligtas* (at makikita ang kaligtasan ng Diyos)*"* (Mat. 10:22). Kailangang magkaroon ng pagbabata hanggang sa wakas; kailangan nating harapin ang kaaway hanggang sa ang kapangyarihan niya ay mawasak. Kailangan natin ng banal na pagtitiyaga upang hindi tayo sumuko bago ang panahon ng pagpapalaya ng Diyos.

Maraming beses na kailangang harapin ni Moises ang Faraon at ideklara ang mensahe, *"Hayaan mong umalis ang Aking bayan."* Kapag ikaw ay may salita mula sa Diyos, kailangan mo itong sabihin, kahit sa apat na sulok ng iyong iglesiya o ng iyong bahay. Ang mga diyablo ay nakakarinig. Salitain ang mensahe sa pananampalataya at ikaw ay magkakaroon ng bunga nito, gaya ng sinabi sa atin sa Marcos 11:23.

Ang halimbawa nito ay makikita sa Ezekiel 37:4. Si Ezekiel ay sinabihang mag-propesiya, *"O kayong mga tuyong buto, inyong pakinggan ang salita ng Panginoon."* Pagkatapos niyang sabihin ang salita ng Panginoon, nagsimulang mayanig ang mga kalansay at nagsama-sama. Minsan ay kailangan nating mag-propesiya at ihayag ang salita ng Diyos na sinabi sa atin, at doon lamang

mapapawalan ang kapangyarihan ng Diyos para sa Kanyang layunin.

## KALAYAANG PINANSIYAL

Ang mahalagang katotohanan tungkol sa pagpapayaman ng Israel ay nangyari bago ang huling paghaharap. Ang bayan ng Israel napakahirap, ngunit nang sila ay napalaya kakailanganin nila ng masaganang kayamanan upang matupad ang layunin ng Diyos. Sila ay magtatayo ng tabernakulo sa ilang. Kung kaya bago ang huling salot, nagsalita ang Diyos kay Moises sa Exodo 11:2 at sinabi na kailangang pumunta ng mga Israelita sa mga Ehipcio at humingi sa kanila ng pilak at ginto. Dito ay may tagumpay tayo na nagsisimula. Ang salapi ay nagsimulang dumating dahil malapit na ang paglaya, at ang kayamanan ay kailangan upang magawa ang sinabi ng Diyos na gagawin.

Kaya pinalaya ng Panginoon ang kanilang pananalapi at nagkaroon sila ng labis na kasaganaan. Sa katunayan, nang sila ay magtatayo na ng tabernakulo, kinailangang pigilan ni Moises ang mga tao sa pagbibigay ng kanilang mga kaloob dahil sa napakaraming pera na pumapasok (Exo. 36:5-7)! Pinalaya sila ng Diyos sa kasaganaan upang ang gawain ng Diyos ay huwag magdusa dahil sa kakulangan ng salapi. **Kailangan din nating maniwala sa Diyos na mapalaya sa pananalapi, hindi para sa ating mga sarili na mamuhay sa karangyaan ng kayamanan, kundi para sa gawain ng Panginoon.** Kailangan Niya tayong turuan na Siya ay Jehovah Jireh.

Ito ay maaaring maging isang bahagi kung saan ay kailangan natin ng pagpapalaya. Madalas ay hindi natin napapansin ang kapangyarihan ng kaaway. May kilala akong isang tao na nabuhay sa kahirapan dahil inisip niya na ito ay kalugod-lugod sa Diyos. Biglang inalis ng Panginoon ang takip mula sa kanyang mga mata at nakita niya na ang kanyang pananalapi ay nagagapos ng espiritu ng kahirapan. Pagkakita niya ito, nagsimula siyang maniwala para sa bagay na ito na mawasak; at saka pinakawalan ng Diyos ang pananalapi. Hindi ko sinasabi na tayo ay maging mga bilyonaryo para kay Jesus, hindi naman. ngunit **madalas ay kailangan** natin ng kalayaan sa pananalapi upang matupad natin ang mga layunin ng Diyos sa ating mga buhay.

## ANG KAPANGYARIHAN SA DUGO

Pagkatapos ay dumating ang huling salot. Sinabi ng Diyos, "*Hindi kayo papakinggan ng Faraon, upang ang aking mga kababalaghan ay dumami sa lupain ng Ehipto"* (Exo. 11:9). Pinatigas ng Diyos ang puso ng Faraon at ang mga panganay ay pinatay sa lupain, ngunit ang Israel ay naingatan sa pamamagitan ng dugo. Kailangan natin ng maraming dugo ni Jesu-Cristo, sapagkat kapag hinaharap natin ang kaaway, kailangang tayo ay nasa ilalim ng dugo. May malaking kapangyarihan sa dugo. Ang kapangyarihan ng dugo sa lupain ng Ehipto ang nagligtas sa buong bansa ng Israel!

May isang pastor dati na nakaranas ng matinding oposisyon mula sa komunidad laban sa kanyang iglesiya, kaya tinipon niya ang grupo ng mga taong nananalangin. Sila ay

nanalangin, “Sa pangalan ng Panginoong Jesus at sa kapangyarihan ng Kanyang dugo, tinatalian namin ang malakas na tao na pumupukaw ng oposisyon at umaatake sa gawain ng Diyos.” Wala nang kaguluhan pa na naranasan. Ang oposisyon na laban sa simbahan ay nag-away-away, at ang kapangyarihan nilang tuligsain ang iglesiya ay nasira! Kailangan din nating malaman kung kailan tayo magsasagawa ng pakikipagbaka sa pamamagitan ng dugo.

## ANG BAWAT ISA AY DAPAT PUMILI

Hinayaan ng Faraon ang mga Israelita na umalis sa Ehipto pagkatapos ng ikasampung salot, na pagkamatay ng mga panganay. Pagkaraan ay tumigas muli ang puso ng Faraon kaya hinabol ng kanyang hukbo ang mga anak ni Israel.

Ang mga Israelita ay takot na takot at sinabi kay Moises, “*pabayaan mo kaming makapaglingkod sa mga Ehipcio”* (Exo. 14:12). Sa kanilang paghihinagpis kinamuhian nila si Moises sa paglabas sa kanila sa Ehipto at hinangad na sana ay hindi na lang sila umalis.

Kapag ang mga kaguluhan ay dumarating, maraming mga Kristiyano ang may pag-uugali ng mga Israelita. Gusto nilang bumalik sa sanlibutan, na sinasabing: “Dapat nanatili na lang kami sa sanlibutan. Mas madali doon kaysa sa maglingkod sa Diyos.” Napakabilis makalimot ng mga tao! Ang mga Israelita ay mga alipin sa Ehipto at sila ay labis na pinagmalupitan doon, ngunit pagkatapos ng lahat gusto pa rin nilang bumalik sa kanilang pagkaalipin.

Tinalakay ni Pablo ang problemang ito sa buhay ng mga mananampalataya sa Corinto, na sinasabing, *"Sapagkat pinagtitiisan ninyo ito kapag inaalipin kayo, o kapag nilalapa kayo, o kapag kayo'y pinagsasamantalahan, o kapag pinagyayabangan, o kapag kayo'y sinasampal sa mukha"* (2 Cor. 11:20). Isang malungkot na katotohanan sa buhay ng maraming tao, kahit sa mga Kristiyano, na minamahal ang kanilang pagkaalipin at ayaw mapalaya sa mga iyon.

Ilang taon na ang nakalipas, may ilang mga tagapaglingkod ang nanalangin para sa isang babae na mayroong halos animnapung mga demonyo. Napalayas nila ang karamihan sa mga demonyo, ngunit ang ilan sa kanila ay napakalakas at nakakapit ng mahigpit sa kanyang buhay. Hiniling nila sa akin at sa aking asawa na tulungan silang ipanalangin na mapalayas ang nahuling ilan pa na mga demonyo. Sa biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng panalangin napalayas namin ang lahat ng demonyo maliban sa isa.

Alam namin na nais ng Diyos na palayain ang babaeng ito at kaya Niya itong gawin. Sinabi namin sa kanya, "Maaari kang mapalaya kung gusto mong mapalaya." Gayunman, ayaw niyang mapalaya sa huling demonyo. Gusto na ng demonyong iyon na lumabas dahil hindi na niya makayanan ang kapangyarihan ng Diyos, ngunit ayaw siyang payagan ng babae na umalis. Gusto niyang panghawakan ang kanyang kasalanan, kung kaya wala na kaming magawa pa para sa kanya. Kinalaunan nang gabing iyon ay sinabi niya sa kanyang mga kaibigan, "Napalaya na sana ako ngayong gabi, pero gusto kong manatili sa aking pagkagapos."

Hindi lamang mga indibidwal, kundi ang mga bansa rin ay maaaring piliin ang pagkagapos kaysa kalayaan. Katulad ng mga Israelita, ang ibang mga bansa ngayon ay pinipili ang pagkagapos at gustong ang iba ang gumawa ng pagpipili para sa kanila. Ngunit malinaw ang salita ng Diyos na ang lahat ay kailangang gumawa ng sariling pagpili sa mga huling araw (Joel 3:14).

Sinasabi ng Amos 5:1 na ang mga kahatulan na darating bago ang araw ng Panginoon ay maging "*gaya ng isang tao na tumakas sa leon, at sinalubong siya ng oso, o pumasok sa bahay at ikinapit ang kanyang kamay sa dingding, at isang ahas ang tumuka sa kanya."* Ang tatlong hayop na ito – ang leon, oso, at ang ahas – ay kumakatawan sa pangyayari sa mga bansa sa mga huling araw. Ang leon ang simbolo ng Inglatera, ang pinakadakilang lider ng mga Kolonyal na kapangyarihan. Ang oso ang simbolo ng Rusya, ang dakilang dating lider ng mga Komunistang kapangyarihan. Maraming mga bansa ang nag-iwan sa leon (ang Kolonyal na sistema), at sila ay pumunta sa oso (ang Komunistang sistema). Ngayon nakikita nila na ang sistemang ito ay hindi mabisa, at ang mga bansa at mga tao ay malapit nang pumunta sa ahas – ang Anticristo.

Nang ang mga bansa ay unang nagkamit ng kanilang kalayaan sa Aprika mga 50 taon na ang nakalipas, inudyukan ako ng Panginoon na itanong kung, "Bakit?" Ang tugon ng Panginoon ay, "Upang ang mga bansa ay pumili sa pagitan ni Cristo at ng Anticristo." Nililiglig na ngayon ng Diyos ang mga bansa para walang bansa ang may dahilan kung bakit nila pinipili ang Anticristo at hindi si Cristo. Ang bawat bansa ay magkakaroon ng

kakayanang gumawa ng sarili nitong kapangyarihang pumili at hindi magpaalipin sa kapangyarihan ng ibang dayuhan.

Tayo ay nabubuhay sa mahalagang kapanahunan. Nakikita natin sa maraming mga bansa na ang mga pamahalaan ay bumabagsak. May mga pagbagsak ng batas at kaayusan, na tinutupad ang propesiya ni Pablo sa Ikalawang Tesalonica 2:3 na magkakaroon ng pagtalikod bago mahayag ang Anticristo.

## PAGWASAK SA KAAWAY

Nang ang mga Israelita ay natakot, pinatatatag sila ni Moises sa pagsasabing, *"Huwag kayong matakot. magpakatatag kayo at masdan ninyo ang pagliligtas ng PANGINOON"* (Exo. 14:13). **Ang layunin ng Diyos ay ang lubos na pagkawasak ng kaaway at hindi tayo dapat tumigil hanggang sa makita natin na ganap na siyang nawasak.** Pagkatapos ay sinabi ng Panginoon, "*Sabihin mo sa mga anak ni Israel sila'y magpatuloy"* (Exo. 14:15). Naniniwala ako na kailangan nating sabihin sa ating mga kongregasyon na sila ay magpatuloy. Sa Exodo 14, pinangunahan ng Panginoon ang mga Israelita sa isang imposibleng sitwasyon. Binuksan ng Diyos ang Dagat na Pula, nagpatuloy ang Israel, at ang Faraon ay nalipol sa dagat. Habang tayo ay nagpapatuloy sa pananampalataya, kayang wasakin ng Diyos ang ating mga kaaway; sa gayon ay aawit tayo katulad ng Israel, *"Ako'y aawit sa PANGINOON, sapagkat siya'y maluwalhating nagtagumpay"* (Exo. 15:1).

Kinakailangang tayo ay mapalaya sa ating mga pagkagapos para matapos natin ang mga gawain ng Diyos at makapasok sa *revival*. Hindi makukuha ng Israel ang kanilang mana hanggang sa ang kanilang Ehipciong pagkaalipin ay masira. Tayo ay may mga mana sa mga bansa, subalit para makuha ito ay kailangan muna nating itapon ang ating mga pagkaalipin. Sinasabi ng Panginoon sa Kanyang bayan ngayon, *"Ikaw ay bumangon, magliwanag ka, sapagkat ang iyong liwanag ay dumating"* (Isa. 60:1). Kailangang alisin natin ang ating mga pagkagapos at makipaglaban. Maaaring ito ay sa indibidwal nating mga buhay, maaaring ito ay sitwasyon sa pamilya, maaaring ito ay sa ating iglesiya, maaaring ito ay sa lokal nating komunidad na may espiritung namumuno. Hindi tayo maaaring magpahinga hanggang sa ang bawat pagkagapos at bawat hadlang ay maalis. Naniniwala ako na ang proseso ng paglaya ay nagsisimula na sa ating mga puso ngayon pa lamang.

**Ang layunin ng Diyos ay ang lubos na pagkawasak ng kaaway.**

Tinatawag tayo ng Diyos na gawin ang mga sumusunod na hakbang. Una sa lahat, kailangan nating makita ang ating mga pagkagapos. Kailangan nating mapagtanto na hindi tayo nagdadala ng paglaya sa iba dahil tayo mismo ay nasa pagkagapos. Kailangan nating magsimulang tumawag sa Diyos; pagkatapos ay maghintay sa salita mula sa Diyos na ating gagawin. Kapag sinusugo ka ng Diyos ng isang sariwang kapahayagan ng Kanyang kapangyarihan, sabihin mo. Pagkatapos ng paulit-ulit na komprontasyon sa espiritu, makikita mo ang katagumpayan. Makikita mo na babagsak ang mga balakid at mga pagkagapos. Ang lahat

ay babagsak habang binibitiwan mo ang salita at naniniwala, na tinatakpan ang inyong mga sarili ng Kanyang mahalagang dugo. Ang salita ng Panginoon ay paglaya. *"Hayaan mo ang Aking bayan, upang sila ay maglingkod sa Akin."*

## ANG PAGHARAP SA ATING MGA PAGKAGAPOS

Nangungusap ang Diyos sa aking puso tungkol sa mga pamilya. Kung mayroon kang problema sa iyong pamilya, nais ng Diyos na talian ang malakas na espiritung iyan na gumugulo sa iyo at dalhin ang iyong pamilya sa kaayusan at pagkakaisa. Kunin mo ang kapamahalaan mo laban sa malakas na espiritung iyan sa makapangyarihang pangalan ni Jesu-Cristo, at lumakad sa kapangyarihan ng tagumpay na iyon.

Naniniwala ako na ang tanikala ng pagkagapos ay nasa ilan sa inyo na nagbabasa nito. Nais ng Diyos na ikaw ay palayain. Kailangan mong maging malaya sa mga pagkagapos sa iyong personal na buhay kung kukunin mo ang kapangyarihan sa iyong pamilya at sa iglesiya. Ang Diyos ay Diyos ng paglaya, ngunit hindi mo maaaring palayain ang iba maliban na ikaw ay napalaya na. Ipahayag mo ang mga pagkagapos na gusto mong sirain ng Diyos, at ipahayag ang katagumpayan upang ang mga tanikalang ito ay mawasak.

Mga pastor at matatanda sa iglesiya; alam ninyo na ang inyong iglesiya ay hindi malaya. Alam ninyo na may mga problema sa inyong iglesiya. Ang iba sa mga pagkagapos

na ito ay kasama ang imoralidad, pagkamuhi, at inggit. Binigay ng Diyos kay Moises at sa mga matatanda ang kapamahalaan upang sirain ang lahat ng mga pagkagapos ng Ehipto, subalit kayo rin ay nahaharap rin sa mga pagkagapos na kailangan ninyong pagtagumpayan. Kailangan ninyong maniwala sa Diyos upang mawasak ang mga pagkagapos na ito upang ang inyong iglesiya ay lumaya. Kailangan ninyong ibigay ang mensaheng ito sa inyong iglesiya at dalhin ang kongregasyon sa espirituwal na pakikipagbaka. Ang mga natural na pader ay bumabagsak sa maraming bansa, ngunit panahon na para sa mga espirituwal na pader na bumagsak din. Ang walang humpay na kapangyarihan ng masa at komprontasyon sa maraming bansa ang nagpabagsak sa mga kapangyarihan ng pagkagapos. Ngunit sa espiritu hindi sa pamamagitan ng natural na kapangyarihan o kalakasan, kundi dahil sa pagpapahid ng Diyos, na ang mga bundok, tanikala, at ang malalakas na kapangyarihan ay babagsak. At kung paanong nakita natin sa ibang mga bansa, sila na nasa natural na pagkagapos at pagkabilanggo ang lumabas upang pangunahan ang kanilang mga bansa, naniniwala ako na ang nasa iglesiya ay kailangang tumayo mula sa kanilang mga espirituwal na pagkagapos upang pangunahan ang kanilang komunidad at bansa.

## PAGPAPALA AT PAGPAPARAMI

Ang *"Pagpaparami"* ay salitang paulit-ulit na nasa aking espiritu. Madalas ginagamit ng mga tao ang talatang, *"Huwag kayong matakot, munting kawan,"* (Lk. 12:32) at minsan ay naaangkop yan. Ngunit ang kabilang bahagi ay ang Diyos ang Panginoon ng mga ani at ang Panginoon ng

mga ani ay hindi masaya sa isang maliit na ani. Siya ay napakalaking Diyos at nais Niya ng napakalaking ani ng mga kaluluwa. Nais Niyang punuin ang inyong iglesiya.

Nang maranasan namin ang *revival* sa New Zealand hindi namin alam kung ilang tao ang nasa iglesiya hanggang sa dumating na sa panahon ng pagbabayad ng buwis. Nang panahong iyon ay mayroon kaming 3,000 mga aplikasyon para sa mga kailangang *talaan* para sa buwis, kaya nalaman namin kung gaano karaming tao ang umanib sa iglesiya.

Mayroong panahon para sa pagpapala. Dumadating muna ang pagpapala, pagkatapos ang pagpaparami. Kunin muna ang pagpapala ng Diyos sa inyong iglesiya sa pamamagitan ng pagwasak sa mga pagkagapos, at pagkatapos ay maniwala na pararamihin ng Diyos ang inyong iglesiya. Tayo ay mga anak ni Abraham, at sinabi ng Diyos sa kanya, *"Tunay na pagpapalain kita, at pararamihin ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit"* (Gen. 22:17). **Pagkatapos mawasak ang ating mga pagkagapos, tayo ay maaari ng pagpalain at paramihin ng Diyos upang ang Panginoon ng pag-aani ay masiyahan sa mga iglesiya na umaapaw sa dami.**

## PAGLAYA AT REVIVAL

Makikita natin ang mga kapangyarihan ng isang malakas na babagsak dahil ngayon na ang panahon ng Diyos sa pagpapalaya at *revival* para sa Iglesiya. Habang tinatakpan ng kadiliman ang mundo sa mga huling araw na ito, gayundin naman ang kaluwalhatian ng Diyos ay babangon sa Iglesiya. Ang salita ng Panginoon ay, *"Hayaan mong*

*umalis ang Aking bayan, upang sila'y makasamba sa akin."* Nagtitiwala ako na ang iyong mga paa ay inilagay ng Diyos sa daang iyan ng tagumpay, na ikaw ay binigyan ng Diyos ng direksyon at mga hakbang na nais Niyang lakaran mo upang makita mo ang pagpapalaya at *revival*.

# Kabanata Tatlo
## *ANG MGA PISTA NG ISRAEL*

Kung titingnan natin ang mga Kasulatan, makikita natin na ang bawat *revival* ay may sariling natatanging karakter, o partikular na tema o katotohanan. Sa pag-aaral sa mga pista ng Israel higit nating mauunawaan ang mga prinsipyong ito ng *revival*. Sa pamamagitan ng mga pistang ito hindi lamang natin mapag-aaralan ng higit ang tungkol sa kung paano kumilos ang Diyos sa mga nagdaang *revival*, kundi makikita rin natin kung ano pa ang mabilis Niyang gagawin sa mga huling araw na ito.

Sa Exodo 34:23 Inutusan ng Panginoon ang Kanyang bayan, *"Tatlong ulit sa isang taon na haharap ang lahat ng iyong mga kalalakihan sa PANGINOONG Diyos, ang Diyos ng Israel."* Ito ay sa una, ikatlo, at ikapitong buwan ng kanilang relihiyosong kalendaryo. Sa mga panahong ito ipinagdiriwang nila ang tatlong mga grupo ng pista na kilala sa mga pangunahing katawagan nila na Paskuwa, Pentecostes, at mga Tabernakulo.

### PAGBIBIGAY-KAHULUGAN SA MGA PISTA

Ang tatlong mga grupo na ito ng pista na ipinagdiriwang taun-taon ng mga Israelita ay may ilang katuparan na napakahalaga para sa atin. Una, maaari silang tingnan sa dispensasyon pagdating sa kanilang propetikong katuparan sa pandaigdigang kasaysayan. Pangalawa, ang mga pista

ng Israel ay mayroon ding espirituwal na katuparan sa buhay ng bawat Kristiyano na patungo sa pagkamaygulang. At pangatlo, ang mga pistang ito ay may espirituwal na katuparan sa Iglesiya. Isaalang-alang natin ngayon ang buod ng mga pagbibigay-kahulugan na ito.

Sa dispensasyon, mapag-aaralan natin kung paanong ang tatlong pista na ito ay kumakatawan sa tatlong panahon ng pandaigdigang kasaysayan. Ang unang Pista ng Paskuwa ay nagpalaya sa mga Judio mula sa Ehipto, at nagpasimula ng Panahon ng Kautusan, na tumagal mula kay Moises hanggang kay Cristo. Ang pangalawang Pista ng Pentecostes ay nagpasimula sa Panahon ng Iglesiya sa pagbaba ng Banal na Espiritu sa araw ng Pentecostes sa Gawa kabanata dalawa. Ang panahong ito ng pagbuhos ng Espiritu ay magpapatuloy hanggang sa Ikalawang Pagdating ni Cristo. Pagkatapos ang pangatlong Pista ng mga Tabernakulo ay patungkol sa Panahon ng Milenyo, kapag si Jesu-Cristo ay bumalik upang pamahalaan ang daigdig sa loob ng 1,000 mga taon. Makikita ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga propesiya tungkol sa Ikalawang Pagdating ni Cristo sa Zacharias kabanata 14. Sa panahon ng paghahari ni Cristo sa milenyo, ipagdiriwang ng mga bansa taun-taon ang Pista ng mga Tabernakulo (Zach. 14:16-19).

Ang mga pista ng Israel ay mayroon ding aplikasyon sa espirituwal na paglago ng bawat Kristiyano. Ang Paskuwa ay nangungusap tungkol sa kaligtasan, kung paanong ang mga Israelita ay naligtas sa pamamagitan ng dugo ng kordero ng Paskuwa. Ang Pentecostes ay tumutukoy sa bautismo ng Banal na Espiritu, mula sa Gawa kapitulo

dalawa. Ang Pista ng mga Tabernakulo ay tumutukoy sa *revival* at lubos na kaganapang espirituwal, na ating pag-aaralan mamaya.

Sa paglago ng Iglesiya ay makikita rin natin ang katuparan ng lahat ng tatlong kapistahan na ito. Kung paanong ang dating Panahon ng Kautusan ay pinamahalaan ng Pista ng Paskuwa, ito rin ang pundasyon kung saan ang Iglesiya ay itinayo. At habang ang kasalukuyang Panahon ng Iglesiya ay pinamamahalaan ng Pista ng Pentecostes, mayroon ding pagbabago na nagsisimula nang mangyari upang tayo ay ihanda para sa nalalapit na pagdating ng Milenyo. Magkakaroon ng huling pagbuhos ng Espiritu sa mga huling araw na ito, na siyang maghahanda sa Iglesiya para sa Ikalawang Pagbabalik ni Cristo at sa Panahon ng Milenyo. Ang malapit ng dumating na *revival* na ito ay sinasagisag ng Pista ng mga Tabernakulo.

## ANG PISTA NG PASKUWA

Ang unang Paskuwa na naitala sa Exodo 12 ay nang ang mga Israelita ay napalaya mula sa pagkaalipin at kamatayan sa Ehipto sa pamamagitan ng pagbubo ng dugo ng kordero. Tinutukoy nito ang espirituwal na karanasan ng ating pagtanggap kay Cristo, ang Kordero ng Diyos, bilang ating personal na Tagapagligtas nang tayo ay pinalaya mula sa pagkaalipin sa kasalanan. Sinulat ito ni apostol Pablo, na sinasabing, *"Si Cristo, ang kordero ng ating paskuwa, ay naialay na."* (1 Cor. 5:7).

Nang ang unang Paskuwa na ito ay ipinagdiwang, binago ng Panginoon ang kanilang taon ng kalendaryo, ginawa ang

pistang ito bilang bagong pagsisimula para sa mga Israelita. Mababasa natin sa Exodo 12:2, *"Ang buwang ito'y magiging pasimula ng inyong mga buwan; ito ang magiging unang buwan ng taon para sa inyo."* Sa parehong paraan, tayo rin ay nakaranas ng bagong pagsisimula sa kaligtasan nang tayo ay ipinanganak na muli. *"Kaya't kung ang sinuman ay na kay Cristo, siya'y bagong* [nilalang]*; ang mga lumang bagay ay lumipas na, tingnan ninyo, ang lahat ay naging bago."* (2 Cor. 5:17).

Ang Exodo 12:3-5 ay nagpatuloy sa pagsabi na ang mga Israelita ay kailangang kumuha ng kordero na walang kapintasan para sa bawat sambahayan sa ikasampung araw ng buwan. Sa katuparan nito, si Cristo na ating kordero ay walang bahid ng kasalanan. Ang talata 6 ay nagpatuloy sa pagsabi, *"Iyon ay inyong iingatan hanggang sa ikalabing-apat na araw ng buwang ito."* Ang layunin sa pag-ingat nila sa kordero sa loob ng apat na araw ay upang siyasatin ito at tiyakin na wala itong kapintasan. Si Cristo na ating Kordero ng Paskuwa ay siniyasat ng apat na tao bago ang Kanyang kamatayan: Ananias, Caifas, Herod, at Pilato. Lahat sila ay walang nakitang mali sa Kanya. Sa katulad na paraan, tayo ay sisiyasatin sa pamamagitan ng apat na grupo: ang mundo, ang Iglesiya, ni Satanas, at ni Cristo.

Pagkatapos ang mga Israelita ay inutusan na patayin at kainin ang kordero. Sa Bagong tipan, tayo ay inutusan na kainin (o makibahagi) kay Cristo. Sa Juan 6:53 dineklara ng Panginoon, *"Malibang inyong kainin ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang kanyang dugo, wala kayong buhay sa inyong sarili."* Ito ay hindi literal kundi espirituwal na utos para sa atin upang sundin. Nagpatuloy

si Cristo sa pagsabi sa talatang 63, *"...ang laman ay walang anumang pakinabang. Ang mga salitang sinabi ko sa inyo ay espiritu at buhay."* Hindi natin literal na kinakain ang laman ni Cristo at iniinom ang Kanyang dugo kapag tayo ay nakikibahagi sa komunyon. Ang tinapay at saro ay sagisag lamang na kumakatawan ng Kanyang katawan at dugo. Tayo ay espirituwal na nakikibahagi sa Kanyang laman kapag tayo ay kumakain ng Kanyang Salita, dahil si Cristo ay ang Salita na naging laman (Jn. 1:14). Ang buhay at espiritu ay nasa dugo (Lev. 17:14), kaya tayo ay umiinom espirituwal ng Kanyang dugo kapag tayo ay nakikibahagi sa Kanyang buhay at sa Kanyang Espiritu.

Sa Exodo 12:8, mababasa natin, "*...kanilang kakainin ito... kasama ang tinapay na walang lebadura."* Ang lebadura ay simbolo ng kasalanan, pagpapaimbabaw, at maling doktrina (pag-aralan ang 1 Cor. 5:6-8 at Mat. 16:11-12). Pagkatapos ay sinasabi sa Exodo 12:15, "*Inyong ihihiwalay sa inyong mga bahay ang lebadura."* Para sa atin, kasama dito ang pag-alis ng mga makamundong babasahin, aklat, larawan, estatwa, at programa sa telebisyon sa ating bahay. Sinabi ni David, *"...Ako'y lalakad sa loob ng aking bahay na may sakdal na puso. Hindi ako maglalagay ng hamak na bagay sa harap ng aking mga mata."* (Awit 101:2b-3a). Maging maingat kung ano ang pinahihintulutan mo sa iyong tahanan, dahil ang mga bagay na ito ay maaaring makapagkompromiso at makapagdala ng ibang mga espiritu.

Pagkatapos tayo ay sinabihan sa Exodo 12:11 na kailangang kainin ng mga Israelita ang kordero, *"...may*

*bigkis ang inyong baywang, ang inyong mga pangyapak ay nakasuot sa inyong mga paa, at ang inyong tungkod ay tangnan ninyo sa inyong kamay; at inyong kakaning dalidali."* Ipinakita rito na ang Paskuwa ay ang simula ng kanilang paglalakbay mula sa Ehipto patungo sa Lupang Pangako. Samakatuwid, kailangan nating maunawaan na **nang tanggapin natin si Cristo bilang Tagapagligtas, tayo ay nagsimula ng espirituwal na paglalakbay at patungo sa isang destinasyon**. Kailangan nating magpatuloy sa ating paglalakad kasama ng Diyos mula sa ating pagbabalik-loob patungo sa ating destinasyon, *"hanggang maging taong may sapat na gulang, hanggang sa sukat ng ganap na kapuspusan ni Cristo."* (Efe. 4:13).

**Maging maingat kung ano ang pinahihintulutan mo sa iyong tahanan, baka makapagdala ito ng ibang espiritu.**

*"Ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda sa mga bahay na inyong kinaroroonan: at pagka aking nakita ang dugo, ay lalampasan ko kayo."* (Exo. 12:13). Ang proteksyon ng mga Israelita ay ang dugo ng kordero ng Paskuwa. Dapat palagi nating tandaan na ang dugo ni Cristo ay nagliligtas at nag-iingat sa atin. Samakatuwid, kailangan nating sabihin ng madalas ang tungkol sa dugo.

## ANG PASKUWA AT MGA REVIVAL SA PANAHON NG LUMANG TIPAN

Ang *revival* na nagsimula sa unang Pista ng Paskuwa sa Exodo kapitulo 12 ang nagpalaya sa mga Israelita mula sa

Ehipto. Ang kapangyarihan ng *revival* na ito ang nagtatag sa bansang Israel. Sa pangkalahatan, ang mga *revival* na nangyari sa mga panahon ng Lumang Tipan na Panahon ng Kautusan ay may kaugnayan lahat sa pagdiriwang ng Paskuwa. Pagkatapos ng kamatayan ni Moises si Josue ay tumawid sa Ilog Jordan upang pumasok sa Lupang Pangako sa Pista ng Paskuwa (Jos. 5:10). Si Hezekias at Josias ay nagkaroon ng matinding *revival* sa Pista ng Paskuwa (2 Cron. 30:1, 2; 2 Hari 23:21-22). Sa panahon ng Pagpapanumbalik ang pista na ipinagdiriwang ni Ezra ay ang Paskuwa (Ezra 6:19). Natapos ang buong panahon ng Lumang Tipan na ang Panginoon ay nagpadala ng mga *revival* batay sa Pista ng Paskuwa. Ang katapusan ng panahong iyon ay tinupad ni Cristo nang Siya ay mamatay bilang Kordero ng Diyos sa krus sa panahon ng Pista ng Paskuwa (Jn. 19:13-16).

## ANG PISTA NG PENTECOSTES

Pagkatapos ng Paskuwa, ang Pista ng Pentecostes ay ipinagdiriwang sa ikatlong buwan ng relihiyosong kalendaryo ng mga Judio. Ito ay unang inobserbahan pagkatapos na ang mga Israelita ay umalis sa Ehipto at nakarating sa Bundok ng Sinai (Exo. 19:1-2). Sa Bundok ng Sinai ang presensiya ng Diyos ay bumaba na may apoy, at narinig nila ang tinig ng Diyos, nagkaroon ng kalaanan mula sa Diyos, mga himala, kagalingan, at marami pang ibang pagpapala. Ang pistang ito ay tumutukoy sa bautismo ng Banal na Espiritu, na unang naranasan ng unang Iglesiya sa araw ng Pentecostes sa Gawa kapitulo dalawa. **Ang katulad na mga karanasan ng mga Israelita**

**sa Bundok ng Sinai ay matatanggap na ngayon sa pamamagitan ng bautismo ng Banal na Espiritu.**

Naaalala ko nung una akong nabautismuhan sa Banal na Espiritu sa mga burol ng Timog Inglatera. Hindi lamang ako nagsalita ng ibang wika kundi nang gabing iyon hindi ko mahawakan ang aking katawan dahil ito ay nasusunog ng apoy ng Diyos. Naunawaan ito ng Unang Iglesiya, dahil sinabi ni Juan Bautista ang tungkol sa bautismo ng Banal na Espiritu na may apoy.

Ang kahalagahan ng Pentecostes at bautismo ng Banal na Espiritu ay higit pang maipapakita sa kahulugan ng pangalang *"Pentecostes."* Ang pangalang ito ay nanggaling sa salitang Griyego na *"limampu."* Ito ay pinangalanang ganito dahil ito ay pinagdiwang limampung araw pagkatapos ng Pista ng Paskuwa. Ang limampu ay bilang rin ng *Jubileo* na tumutukoy sa kalayaan, pagpapalaya, at pagpapanumbalik na binanggit sa Levitico 25. Ito ang ilan sa kaukulang mga resulta ng bautismo ng Banal na Espiritu.

Sinasabi ng Levitico 23:16-17 na noong araw ng Pentecostes nag-alay ang mga Israelita sa Panginoon ng tinapay na may lebadura. Alalahanin, na ang lebadura ay tumutukoy tungkol sa kasalanan at maling doktrina. Ipinapakita nito na ang bautismo ng Banal na Espiritu ay hindi lamang nakalaan para sa mga dalisay at banal. Ang iglesiya sa Corinto ay isang halimbawa nito dahil ito ay isang napaka-karismatik na iglesiya, ngunit malayo ito sa pagiging isang banal na iglesiya. Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay hindi lamang ibinibigay para sa mga banal, kundi ito ay ibinibigay sa mga mananampalataya na

naghahanap para sa Banal na Espiritu upang matulungan silang madala *patungo* sa kabanalan.

Kailangan nating maunawaan ito upang maintindihan kung bakit may pagkahalo sa maraming Pentecostal at Karismatik na mga iglesiya. Ang kapangyarihan ng Diyos ay maaaring naroon; ngunit ang kasalanan, maling doktrina, huwad na pagsamba, at maraming iba pang bagay ay maaaring naroon din. Nakatagpo ni Moises ang Diyos habang hinahayag ng Panginoon ang Kanyang dakilang kapangyarihan sa Bundok ng Sinai; ngunit kasabay nito ang mga Israelita sa paanan ng bundok ay sumasamba rin sa ginintuang guya at nagkakasala. Sa katulad na paraan may masamang pagsamba at isang pagkahalo ng mga espiritu sa ilang mga Pentecostal na iglesiya ngayon.

Ako ay nasa isang iglesiya sa Switzerland maraming taon na ang nakararaan. Sa gawain, binuksan ng Diyos ang aking mga mata at nakita ko na sa isang dako ng altar ay may anghel ng Panginoon, ngunit sa kabilang panig ng altar ay may masamang anghel. May ilang pagkakataon na ang banal na anghel ay lumalapit sa pulpito at nagmiministeryo sa pamamagitan ng taong nangunguna sa gawain. Ngunit may ibang pagkakataon na ang anghel ay kinailangang umalis, at ang masamang anghel ang lalapit upang magbigay ng direksyon sa gawain sa pamamagitan ng nangunguna sa pulpito. Bakit? **Sapagkat hindi buo ang puso ng mga tao sa pagsunod sa Diyos, at mayroong kasalanan sa iglesiya.** Mula noon ay nakita ko itong nangyari sa ibang mga iglesiya hindi lamang sa panahon ng pananambahan, kundi sa pangangaral din. Bilang mga

lider, kailangan nating maunawaan kung paano nangyayari ang mga bagay na ito.

## PENTECOSTES AT ANG MGA REVIVAL SA PANAHON NG BAGONG TIPAN

Kapag pumupunta tayo sa Panahon ng Bagong Tipan, makikita natin na ang mga *revival* ay nakatuon sa Pista ng Pentecostes. Mula sa simula ng Iglesiya sa araw ng Pentecostes, ang bautismo ng Banal na Espiritu at ang kapangyarihan ng Diyos ang naging sanhi sa pagyabong ng gawain ng Diyos. Ang mga *revival* sa Jerusalem (Gawa 2-4), Samaria (Gawa 8), sa bahay ni Cornelius (Gawa 10), at ang tuloy-tuloy na mga *revival* sa aklat ng Gawa ay nakabatay lahat sa bautismo at mahimalang pagkilos ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Sa kasaysayan ng Iglesiya, ang Unang Iglesiya ay naliliman ng kapangyarihang Pentecostal ng Banal na Espiritu sa loob ng maraming siglo. Gayunpaman, nang ginawa ni Emperador Constantino ang Kristiyanismo bilang relihiyon ng estado ng Romanong Emperyo, ang espirituwal na kapangyarihan ng Iglesiya ay nagsimulang mapalitan ng eclesiastical na kapangyarihan at maling doktrina. Kalaunan ito ay napasamà nang hinangad ng Romanong Papa na mamahala sa mga hari at mga bansa. Ang mga relihiyoso at sekular na mananalaysay ay tinawag itong ang “Madilim na mga Panahon” ng halos 500 hanggang 1500 A.D. Ngunit ang Diyos sa Kanyang kahabagan ay nagpatuloy sa pagbibigay ng mga *revival* sa iba’t ibang mga grupo at bansa sa nakalipas na mga siglo. Sa ating panahon ay Kanyang pinanunumbalik sa maraming mga

denominasyong Kristiyano ang kapangyarihan ng mensahe ng Pentecostes sa pamamagitan ng Karismatik na Pagpapanibago

Sa pagsisimula ng Kilusang Karismatik, ang Panginoon ay nagbigay sa akin ng pangitain. Nakita ko ang Ilog Jordan sa panahon ng pag-ani nang ito ay umaapaw. Ito ay naging malawak, at nagbigay ng buhay sa mga ilang na dako kung saan ito ay dumadaloy. Sa pangitaing ito ay sinabi ng Panginoon na Kanyang gagamitin ang Kilusang Karismatik na maging katulad ng Jordan kapag ito ay bumabaha. Ang Karismatik na pagpapala ay umapaw mula sa makitid na daluyan ng mga Pentecostal na iglesiya upang magbigay ng buhay at *revival* sa maraming mga denominasyon. Ngunit sa pangitain din na ito ay nakita ko na ang mga tubig ng ilog ay papunta sa ibaba at babalik sa dating daluyan nito. Nakita ko na dito at doon ang mga lawa ng tubig ay panandaliang mananatili; ngunit sila ay magiging maputik, marumi, at kalaunan ay matutuyo. Ipinakita sa akin ng Panginoon na ang mga iglesiya at mga taong nahipo sa pamamagitan ng Karismatik na Pagpapanibago ay hindi makakapanatili sa dati nilang mga lugar. Ang pagpapala na dumaloy doon sa sandaling panahon ay hindi mananatili, dahil marami sa mga grupong ito ay muling mag-iisa, hindi uunlad, at matutuyo. Ang layunin ng pagbaha ng ilog ay dalhin ang mga tao mula sa malalayong lugar pabalik sa pangunahing daluyan ng kung ano ang patuloy na ginagawa ng Diyos sa mga huling araw na ito.

Ang Pista ng Paskuwa ay kumakatawan sa karanasan ng kaligtasan, at pagkatapos ng kaligtasan kailangan nating magpatuloy sa ating espirituwal na paglago upang

tanggapin ang Pentecostal na bautismo ng Banal na Espiritu. Ngunit maraming tao ang nag-iisip na kung natanggap na nila ang Banal na Espiritu, ay nakarating na sila sa espirituwal na pagkagulang. **Sa katunayan, ang Pentecostal na karanasan ay isang panimula lamang ng kung ano ang nilalaan ng Diyos para sa atin.** Gaya ng sinasabi sa atin ng Hebreo 6:1-2a, "*...tayo'y magpatuloy sa kasakdalan, na huwag nating muling ilagay ang saligan…ng aral tungkol sa mga baustismo"*. Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay isa lamang sa mga pundasyon sa ating espirituwal na buhay. Tumayo sa ibabaw ng mga pundasyong ito kung nais nating magpatuloy tungo sa sapat na pagkagulang. Magpatuloy tayo!

## ANG MGA TABERNAKULO AT ANG MGA PISTA NG IKAPITONG BUWAN

Ang ikatlong grupo ng mga pista ay naganap sa ikapitong buwan ng relihiyosong kalendaryo ng Israel. Sa mga mainit at tuyong buwan ng tag-araw bago ang panahong ito ay walang bagong pista sa Israel, bagaman mayroong patuloy na pag-aani ng mga pananim. Ito ay nangungusap sa atin ng mahaba at tuyong kalagitnaang mga siglo ng Panahon ng Iglesiya. Bagama't hindi pumasok ang Iglesiya sa bagong espirituwal na mga karanasan sa loob ng mga siglong ito, nagpatuloy ito sa pag-ani ng mga ani at nakakita ng paglago.

Pagkatapos ng panahong ito ng tagtuyot ay dumating ang isang bagong grupo ng mga pista sa ikapitong buwan (Lev. 23:23-43). Sa katunayan ito ay binubuo ng tatlong mga

pista na tinatawag na Pista ng mga Trumpeta, ang Araw ng Pagtubos, at sa huli ang Pista ng mga Tolda. Ang grupong ito, sa pangkahalatan, ay tinatawag sa pamamagitan ng pangalan ng pinakamahaba at huling pista, ang Pista ng mga Tolda.

## ANG PISTA NG MGA TRUMPETA

Sinasabi ng Levitico 23:24 na sa unang araw ng ikapitong buwan ang mga anak ng Israel ay magkakaroon ng pista na tinatawag na, *"isang banal na pagpupulong na ipinagdiriwang sa pamamagitan ng tunog ng mga trumpeta."* Upang makita ang kahalagahan ng pagpapatunog ng mga trumpetang ito kailangan nating pag-aralan ang aklat ng Bilang kapitulo sampu. Ang mga pilak na trumpeta na ginawa ni Moises ay para sa maraming mga layunin. Ang una nilang layunin ay makikita sa talata dalawa kung saan ay sinabi ng Panginoon, *"iyong gagamitin sa pagtawag sa kapulungan."* Kapag pinatunog na ang mga trumpeta, ang lahat ng bayan ng Israel ay sama-samang magtitipon sa tabernakulo upang hintayin ang mga susunod pang tagubilin mula sa Panginoon. Nakita natin ang Pista ng mga Trumpeta na ito na natupad sa dispensasyon ng pandaigdigang kasaysayan sa ating kapanahunan. Ito ay nangyari nang ang mga Israelita ay nagtipon-tipon muli mula sa iba't-ibang panig ng mundo upang muling itatag ang kanilang bansa noong 1948.

Ang ikalawang dahilan para sa pagpapatunog ng mga trumpeta ay ipinapakita sa Bilang 10:2 ay *"sa paglalakbay ng mga kampamento."* Sa pandaigdigang kasaysayan ang Panginoon ay kumikilos ayon sa Kanyang mga plano, at

upang maisagawa ito, pinapatnubayan Niya ang mga Judio na bumalik sa Banal na Lupain. Ang pagpapanumbalik na ito ng kanilang bansa ay bahagi ng mga paghahanda ng Panginoon para sa nalalapit na Milenyo, kapag si Cristo ay maghahari sa daigdig sa loob ng 1,000 taon mula sa Jerusalem.

Sinasabi sa atin ng Bilang 10:9 na ang pangatlong dahilan para sa pagpapatunog ng mga trumpeta ay upang patunugin ang hudyat para sa pakikipagdigma. Tiyak na ito na ang naging karanasan ng bansang Israel mula nang sila ay mapanumbalik noong 1948, dahil sila ay patuloy na may hidwaan sa kanilang mga Arabong kapitbahay at sa mga Palestino, na kilala sa mga panahon ng Bibliya bilang mga Filisteo.

Ito ay tumutulong na ipakita ang dispensasyonal na katuparan ng Pista ng mga Trumpeta sa ating panahon, bilang ang natural na Israel ay uri o tanda ng kung ano ang ginagawa ng Diyos sa espirituwal na Israel, ang Iglesiya (1 Cor. 15:46). Nang ang Israel ay naging isang bansa noong 1948 ang Panginoon din ay nagsimula ng sariwang pagkilos sa kapangyarihan ng *revival* na nagbangon ng mga matitinding ebanghelista at mga propetikong ministeryo. Ang Pista ng mga Trumpeta ay nagpapatuloy ngayon na matupad sa espirituwal habang ang mga mensahero ng Diyos ay humahayo sa pandaigdigang Iglesiya, na pinatutunog ang trumpeta sa pamamagitan ng paghahayag ng propetikong salita ng Panginoon. Ito ay upang tipunin ang mga tao upang muling makapakinig mula sa Diyos at gabayan sila na magpatuloy. Ito ang sinasabi ng Diyos sa buong mundo ngayon. Nais Niya na magpatuloy ang

Kanyang Iglesiya. Nais ng Panginoon na iwan ng Kanyang Iglesiya ang mga unang simulain ng Hebreo 6:1-2, at *"magpatuloy sa kasakdalan."* Gayundin, ang tawag ng trumpeta sa Iglesiya ay nangungusap tungkol sa mga natural na digmaan na darating sa daigdig, gayundin ang espirituwal na mga labanan na kailangang mapagtagumpayan para sa hukbo ng Diyos ay makapagdala ng *revival* sa mga bansa.

## ANG ARAW NG PAGTUBOS

Ang susunod na pista ay tinatawag na Araw ng Pagtubos, at kinikilalang pinakabanal na araw sa buong taon ng mga Judio. Sinasabi ng Levitico 23:27, *"Gayundin, ang ikasampung araw ng ikapitong buwan ay araw ng pagtubos. Magkakaroon kayo ng banal na pagpupulong, magpakumbaba kayo, at mag-alay kayo ng handog sa Panginoon na pinaraan sa apoy."* Ang Araw ng Pagtubos ay nasa ilalim ng ikasampung bilang, ang bilang ng mga pagsubok at pagsusulit. Ito ay makikita sa sampung pagsubok ng Israel sa ilang. Makikita rin natin ito sa Daniel 1:12 kung saan ay mababasa natin, *"...Subukin mo po sana ang iyong mga lingkod sa loob ng sampung araw,"* at sa Pahayag 2:10, *"...magkakaroon kayo ng kapighatian sa loob ng sampung araw."* Sa araw na ito ng Pagtubos ang mga Judio ay dumaan sa pagsubok at pagdurusa habang silang lahat ay nag-ayuno at nanalangin. Sa Levitico kabanata 16 mababasa natin ang tungkol sa mga pangyayari sa araw na ito. Ang Punong Saserdote ay nag-alay ng mga handog at gumawa ng pagtubos para sa kasalanan ng buong bansa.

Para sa Kristiyano, ang pista ng Araw ng Pagtubos ay nangungusap ng paglilinis mula sa kasalanan kung saan tayo ay pumasok sa ipinakong buhay ng Roma 6:6. Para sa Iglesiya, ito ay kumakatawan sa paglilinis na kailangang maganap bago ang katapusan ng panahong ito para sa Iglesiya upang maging banal na kasintahang babae na binanggit sa Efeso 5:27 at Pahayag 19:7-8.

Sa dispensasyon, naniniwala ako na tayo ngayon ay nasa Araw ng Pagtubos. Ito ay nagsimula nung taong 1973. Nang taong iyon ako at ang aking maybahay ay naglalakbay sa Gitnang Silangan at nagsasagawa ng mga pagtitipon, nang kami ay napunta sa Israel at nagpalipas ng gabi sa isang hotel sa Bundok ng mga Olibo. Ang kamangha-manghang presensiya ng Diyos ay dumating sa aming silid sa hotel at pinakita ng Panginoon ang susunod na digmaan gayundin ang ibang mga paghihirap na daranasin ng bansang Israel. Pagkalipas ng ilang linggo ang digmaang iyon ay nagsimula nang ang mga bansang Arabo ay nagsagawa ng biglaang pag-atake laban sa Israel. Ito ang Digmaang Yom Kippur na nagsimula sa Araw ng Pagtubos.

Ang mga paghihirap na iyon ng Israel ay tanda para sa atin, na pinahihintulutan ng Diyos ang mga pagdurusa at mga pagsubok upang gumawa ng paglilinis at pagtubos sa buong mundo. Pagkatapos nito, malinaw na nangusap ang Panginoon sa akin sa pagsisimula ng 1974 at sinabi, “Ihahayag Ko ang kasalanan sa mga matataas na lugar at aalisin ang mga lider ng maraming mga bansa.” Nang sumunod na dalawang taon isiniwalat ng Diyos ang mga kasalanan ng maraming pambansang lider at tinanggal ang

halos 30 sa kanila sa kanilang mga posisyon. Kabilang sa kanila si Pangulong Nixon ng Estados Unidos, Pangulong Pompideau ng Pransya, at ang Kansilyer ng Alemanya, na si Villie Brandt. Pagkatapos nito muling nangusap ang Diyos sa amin at sinabi, "Ngayon ay ilalantad Ko ang kasalanan sa Aking Iglesiya. Haharapin ko ang kasalanan at tatanggalin ito." Ito ang ginagawa ng Panginoon sa mga nakalipas na taon sa Iglesiya. Nilalantad ng Panginoon ang kasalanan at nangungusap sa ating pangangailangan ng paglilinis at kabanalan. Gumagawa ang Diyos ng malalim na panloob na paglilinis upang ang Iglesiya ay makapasok sa espirituwal na katuparan ng Araw ng Pagtubos. Sa gayon tayo ay magiging handa na pumasok sa karanasan ng huling pista, ang Pista ng mga Tabernakulo. Ang karanasang ito ay magdadala sa Pandaigdigang Iglesiya sa huli at pinakadakilang *revival* na maghahanda ng daan para sa Ikalawang Pagparito ni Cristo at sa pagsisimula ng Milenyo.

## ANG PISTA NG MGA TABERNAKULO

Ang Pista ng mga Tabernakulo ang panghuli at pinakadakilang pista sa buong taon para sa Israel. Sa dispensasyon, ito ay kumakatawan sa parating na Panahon ng Milenyo, na siyang magiging panghuli at pinakadakilang panahon ng kasalukuyang daigdig, kasama si Cristo na naghahari sa lahat ng mga bansa sa loob ng 1,000 taon (Pah. 20:1-6). Isa sa mga talata na nagpapatunay nito ay sa Zacarias kapitulo 14. Ang kapitulong ito ay nagsisimula sa pagsasalarawan ng panghuling pagkubkob sa Jerusalem ng mga hukbo ng Arabo sa mga talatang 1-2. Pagkatapos ay isinalarawan ng

propeta ang Ikalawang Pagparito ni Cristo sa mga talatang 3-15. Ang Milenyo ay saka binanggit sa talata 16, *"Bawat isa na nakaligtas mula sa lahat ng bansa na lumaban sa Jerusalem ay aahon taun-taon upang sumamba sa hari, sa Panginoon ng mga hukbo, at upang ipangilin ang mga kapistahan ng mga kubol."* Sinasabi nito sa atin na bawat taon sa Milenyo, ang mga bansa sa mundo ay magpapadala ng delegasyon sa Jerusalem upang sambahin ang Haring si Jesus. Ito ay mangyayari sa taun-taon na pagdiriwang ng Pista ng mga Tabernakulo. Sinasabi pa ng Zacarias 14:17-19 na kung ang alinman sa mga bansa ay hindi magpadala ng delegasyon upang ipagdiwang ang Pista ng mga Tabernakulo, ang bansang iyon ay parurusahan ng tagtuyot para sa taong iyon. Kaya malinaw na ang Milenyong Kaharian ng paghahari ni Cristo ay nakasentro sa kabuuan ng Pista ng mga Tabernakulo.

Gaya ng nabanggit na, ang Pista ng mga Tabernakulo ay magkakaroon din ng espirituwal na katuparan sa Iglesiya bago ang Ikalawang Pagparito ni Cristo. Kung paanong ang bansang Israel ay natural na inihahanda ng Diyos upang maging handa na kunin ang kanilang puwesto sa darating na Milenyo, ang Panginoon ay espirituwal ding inihahanda ang Iglesiya. Ang pinakahuling pagbubuhos na ito ng Espiritu sa mga huling araw sa Iglesiya ay propetikong inihayag ng Pista ng mga Tabernakulo, at ito ay tumutukoy sa *revival*, pag-aani, kagalakan, kaluwalhatian, at ang pagpapakita ni Cristo.

# MGA TABERNAKULO, ANG PISTA NG *REVIVAL*

Ang pangalang “mga tabernakulo,” ay nanggaling sa salitang Hebreo na *“sukkah”* na ang ibig sabihin ay, *“mga balag o tolda.”* Ang pangalang ito ay ibinigay sa pista dahil iniutos ng Diyos sa Levitico 23:42 na ang mga Israelita ay titira sa mga tabernakulo o tolda sa loob ng pitong araw habang ipinagdidiriwang ang kapistahan. Ang salitang-ugat ng *“sukkah”* ay *“suk”* na nangangahulugang *“upang takpan ng langis, upang pahiran.”* Samakatuwid inaasahan natin na ang espirituwal na kahulugan ng Pista ng mga Tabernakulo ay na ang Iglesiya sa mga huling araw ay mananahan sa ilalim ng pinahirang takip ng Banal na Espiritu.

Mababasa natin sa Isaias 25:7 na ang Panginoon mula sa Sion ay wawasakin *“ang takip na inilagay sa lahat ng mga bayan, at ang lambong na iniladlad sa lahat ng bansa.”* Ito ay nagpapahiwatig ng pagwasak sa kapangyarihan ng pamahalaan ni Satanas sa mga bansa. Ang Iglesiya ay nakakita ng mga sulyap nito sa mga nakalipas na *revival*. Sa panahon ng Welsh Revival, ang pagpapahid ay hindi lamang bumaba sa mga gawain sa iglesiya, kundi sa buong mga komunidad. Sa unang bahagi ng ika-20 siglo nagbigay ang Panginoon ng *revival* sa Sweden kung saan ang kombiksyon ng Banal na Espiritu ay bumagsak sa buong bansa. Ang mga pasulyap na ito ang siyang makikita natin sa mas nakahihigit na sukat sa darating na *revival*. Ang mga tao ay magkakaroon ng kombiksyon sa kanilang mga kasalanan, kahit hindi pa nila nakikilala si Cristo, at kahit ni hindi pa sila nakadalo sa isang simbahan. Ito ang uri ng

*revival* na ating makikitang muli sa ating panahon. Marami nang mga pangitain ang naibigay tungkol sa *revival* na mangyayari, kung saan ang bawat mga komunidad at bawat mga lungsod ay matatakpan ng Espiritu ng Pagkatakot sa Panginoon. Ang mga tao ay babagsak sa mga daanan, iiyak sa Diyos at hihingi sa Kanya ng kapatawaran. Hindi lamang na ang Iglesiya ay maninirahan sa ilalim ng takip ng pagpapahid ng Banal na Espiritu, kundi naniniwala ako na makikita natin ang mga bansa na matatakpan ng Espiritu ng Diyos sa mga huling araw na ito.

## ANG MGA TABERNAKULO, ANG PISTA NG PAG-ANI

Ang Pista ng mga Tabernakulo ay tinatawag ding *"ang Pista ng Pag-ani"* sa Exodo 23:16. Doon ay binabanggit ito *"sa katapusan ng taon."* Ang paliwanag dito ay makikita sa dalawang kalendaryo na sinusunod ng mga Israelita. Ang isa ay para sa kanilang relihiyosong taon, at ang isa ay para sa kanilang sibil o agrikulturang taon. Ayon sa kanilang relihiyosong kalendaryo, ang pistang ito ay nasa ikapitong buwan; ngunit ayon sa kanilang sibil o agrikulturang taon, ito ay sa katapusan ng taon. Ito ang panahon kung saan ang kapunuan ng ani sa buong taon ay tinitipon.

**Magkakaroon ng malaking pag-ani ng mga kaluluwa sa katapusan ng panahong ito.**

Kung paanong ang pistang ito ay nangyari sa katapusan ng taon para sa Israel, ang espirituwal na kaganapan nito ay mangyayari sa katapusan ng panahon para sa Iglesiya.

Magkakaroon ng malaking pag-ani ng mga kaluluwa sa katapusan ng panahong ito, ayon sa propesiya ng kasulatan tulad ng Mateo 13:39, 13:47, Isaias 60:1-7, at Santiago 5:7-8. Hindi natin tinitingnan ang ganap na pagtalikod ng mga banal, kung saan kakaunti lamang ang matitira sa daigdig! Hindi! **Magkakaroon ng malaking *revival* sa katapusan ng panahon na magtitipon sa kapunuan ng masaganang ani ng Iglesiya.**

## MGA TABERNAKULO, ANG PISTA NG KAGALAKAN

Sinasabi ng Deuteronomio 16:13-14, *"Iyong ipagdiriwang nang pitong araw ang Pista ng mga Tolda, pagkatapos mong matipon ang aning mula sa iyong giikan at sa pisaan ng ubas; ikaw…ay magagalak sa iyong pagpipista."* Palaging may kagalakan kapag mayroong magandang ani. Ang Pista ng mga Tabernakulo ay nangyari rin pagkatapos ng pag-ani ng langis at bagong alak, na parehong nangungusap tungkol sa kagalakan ng Panginoon. Nais ng Panginoon na bigyan ang mga nagdadalamhati sa Sion ng langis ng kagalakan. Nais Niya na punuin tayo ng bagong alak ng Kanyang Espiritu. Ang dalisay na kagalakan ni Jesus ay makikita sa kabuuan ng Iglesiya, at bibigyan tayo ng kalakasan upang matupad ang kalooban ng Diyos sa mga huling araw na ito.

# MGA TABERNAKULO, ANG PISTA NG KALUWALHATIAN

Isa pang aspeto ng Pista ng mga Tabernakulo ay na ito ay propetiko ng kaluwalhatian ng Panginoon na lulukob sa Iglesiya sa katapusan ng panahon. Mababasa natin ito sa Hagai kabanata dalawa. Mababasa sa talatang isa, *"Nang ikadalawampu't isang araw ng ikapitong buwan, dumating ang salita ng Panginoon sa pamamagitan ni propeta Hagai, na sinasabi."* Ito ay nasa huli at pinakamalaking araw ng Pista ng mga Tabernakulo. Ang mensaheng ibinigay para sa araw na ito ay, *"Ang susunod na kaluwalhatian ng bahay na ito ay magiging higit na dakila kaysa dati,"* na mababasa natin sa talata 9. Ito ay propetiko sa Iglesiya, na ang kaluwalhatian ng Iglesiya sa mga huling araw ay mas higit kaysa sa Naunang Iglesiya. Ang Naunang Iglesiya ay nagkaroon ng pagpapala ng Pentecostes, na siyang bautismo ng Banal na Espiritu; ngunit ang Iglesiya sa mga huling araw ay makakaranas din ng mga pagpapala ng Pista ng mga Tabernakulo.

Sinasabi sa atin ng Ikalawang Cronica 5:3 na ang Templo ni Solomon ay inihandog sa panahon ng Pista ng mga Tabernakulo. Bakit? Dahil ito ay simbolo ng Iglesiya sa huling araw. Pagkatapos ay mababasa rin natin sa mga talatang 13 at 14 na habang inihahandog ang templo, pinuno ng kaluwalhatian ng Panginoon ang templo. Ang mga saserdote ay hindi makapagpatuloy sa pagmiministeryo dahil sa kaluwalhatian na nahayag. Mababasa rin natin sa Isaias 4:5, *"At ang Panginoon ay lilikha sa itaas ng buong kinalalagyan ng Bundok ng Zion at sa itaas ng kanyang mga kapulungan ng isang ulap sa*

*araw, at ng usok at liwanag ng nagniningas na apoy sa gabi; sapagkat sa itaas ng lahat ng kaluwalhatian ay magkakaroon ng isang bubong at kanlungan.”* Kung paanong pinuno ng kaluwahatian ng Diyos ang Templo ni Solomon noong Pista ng mga Tabernakulo, ang kaluwalhatian ng Diyos ay makikita sa mga huling araw na ito sa mga iglesiya na nanahan sa espirituwal na Sion.

Ako ay kinuha ng Espiritu upang makita ang mga pangitain ng kung ano ang gagawin ng Diyos sa darating na *revival* sa maraming mga bansa. Nakita ko ang kaluwalhatian ng Diyos na nahayag sa Iglesiya. Nakita ko na kahima-himalang iniingatan ng Diyos ang Kanyang bayan sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Diyos, gaya ng kung paano Niya ipinagsanggalang ang mga Israelita bago sila tumawid sa Dagat na Pula. Kailan babangon ang kaluwalhatian ng Panginoon sa Kanyang bayan? Idineklara ni Isaias na ito ay mangyayari kapag ang kadiliman ay tatakip sa lupa. Tayo ay katulad ng mga bituin, at alam natin na ang mga bituin ay nakikita sa gabi. Habang mas dumidilim ang gabi, mas maliwanag na nagpapakita ng kaningningan ang mga bituin. Kaya habang ang makapal na kadiliman ay darating sa mundo, tayo ay maaaring magalak na ang kaluwalhatian ng Diyos ay darating din sa mga banal.

## MGA TABERNAKULO, ANG PISTA NG KANYANG PAGPAPAKITA

Ang Pista ng mga Tabernakulo ay panahon din ng pagpapakahayag ng Panginoong Jesus ng Kanyang sarili sa Kanyang bayan sa mga bagong paraan. Nang si Jesus ay

maluwalhati sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo, ito ay isang simbolo ng kung ano ang mangyayari sa Iglesiya sa katuparan ng Pista ng mga Tabernakulo. Ninais ni Pedro na magtayo ng tatlong mga tolda upang makapanatili sila roon at masiyahan sa kaluwalhatian ni Cristo kasama sina Moises at Elias. Sinasabi ng Pahayag kabanata 11 na sa mga huling araw ang dalawang saksi na ito, na sina Moises at Elias, ay mahahayag muli. Ngunit higit na mahalaga, hinihintay natin ang maluwalhating si Cristo na mahayag sa gitna ng Kanyang mga banal!

Bago ang pisikal na pagbabalik ng ating Panginoon mula sa langit sa Kanyang Ikalawang Pagparito, ihahayag Niya ang Kanyang sarili sa Kanyang Iglesiya at sa pamamagitan ng Kanyang Iglesiya sa mas dakilang kaparaanan. Sa Juan 7:2 ang Pista ng mga Tabernakulo ng mga Judio ay paparating. At mababasa natin sa talatang 10, *"Subalit nang makaahon na ang kanyang mga kapatid para sa pista, saka naman siya umahon, hindi hayagan kundi palihim."* Pagkatapos ay sinasabi ng talatang 14, *"Nang kalagitnaan na ng pista, pumasok si Jesus sa Templo at nagsimula na namang magturo."* Sa huli, mababasa natin sa talatang 37, *"Sa kahuli-hulihan at pinakatanging araw ng pista, tumayo si Jesus at nagsalita nang malakas..."* Progresibong ipinahayag ni Cristo ang Kanyang sarili sa mas lalong dakila at higit na paraan sa buong mga araw ng Pista ng mga Tabernakulo bilang tanda kung ano ang gagawin Niya sa Iglesiya sa mga huling araw na ito. Ihahayag ni Cristo ang Kanyang sarili sa mas lalong dakilang mga kaparaanan, hanggang sa Siya ay makita sa Kanyang kapuspusan sa Kanyang bayan. Nagkaroon ako ng maliit na karanasan kung ano magiging katulad nito.

Ilang taon na ang nakalipas, nakaupo ako sa altar kasama ang ilang iba pa na mga tagapaglingkod sa isang kombensyon. Nakikinig kami sa isang lingkod na nangangaral. Biglang nagpakita ang Panginoon, at Siya ay lumakad sa altar. Pagkatapos Siya ay lumakad palapit sa akin habang ako ay nakaupo roon. Nang ako ay tumingin pababa, hindi ko nakita ang sarili kong mga kamay, kundi tanging ang mga kamay Niya na may pilat ng bakas ng pako. Hindi ko nakita ang sarili kong mga damit, kundi tanging ang maputi Niyang mga kasuotan. At ang pinakamahalaga, habang pinapanood ko ang tagapagsalita, pinapanood ko siya sa pamamagitan ng mga mata ng Panginoon at pinakikinggan sa pamamagitan ng Kanyang mga tainga. Naramdaman ko pa nga sa aking puso kung ano ang nararamdaman ng Panginoon sa tagapaglingkod na ito. Iyon ay nagtagal lamang ng halos dalawang minuto ngunit naunawaan ko sa bagong kaparaanan kung paano ang magkaroon ng, *"Si Cristo sa iyo."* Maniwala tayo na maaari nating maranasan kung ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos, *"... upang kayo'y mapuno ng lahat ng kapuspusan ng Diyos"* (Efeso 3:19). Sa mga huling araw na ito si Cristo at ang Kanyang kapuspusan ay makikita at ihahayag sa Kanyang bayan at sa pamamagitan ng Kanyang bayan. Purihin ang Panginoon!

Marami pang papasukan ang Iglesiya bago bumalik ang Panginoon, at kaunti na lamang ang panahong natitira para sa dispensasyong ito. Ang matinding *revival* ay kailangang dumating sa Iglesiya upang matupad niya ang kanyang pagkatawag at matipon ang malawakang pag-ani ng mga kaluluwa sa mga huling araw na ito. Ang Iglesiya ay kinakailangang dumating sa sapat na gulang at

kaluwahatian upang mabago ayon sa wangis ni Cristo. Mga minamahal, magtumulin tayo upang maabot natin ang lahat ng iniaalok ng Panginoon sa Kanyang bayan sa mga huling araw na ito. Siya ay nakatayo sa pinto at kumakatok. Panahon na upang masidhi nating hanapin ang Diyos. Sino ang makakarating sa malapit na pakikisama sa Panginoong Jesus upang ang kaluwalhatian ng Diyos ay mahayag sa ating mga iglesiya, sa ating mga komunidad, at sa mga bansa? Ang Diyos ay taimtim na nananawagan. Habang inaalok Niya sa atin ang Kanyang mabiyayang kakayanan, maging mabilis tayo sa pagtugon.

# Kabanata Apat
## *ANG PAGHAHANDA NI CRISTO MULA SA AKLAT NI ISAIAS*

Sa pagtingin sa buhay ni Cristo sa buong aklat ng Isaias, matututunan natin ang maraming mahalagang katotohanan tungkol sa kung paano naging handa ang ating Panginoong Jesu-Cristo upang tuparin ang Kanyang ministeryo. Alam natin na ang buhay ni Cristo ay halimbawa para sa bawat isa sa atin upang sundin upang tayo rin ay maging mga mensahero ng kaligtasan at *revival*. Sa pamamagitan ng biyaya at pagpapahid ng Diyos, walang nangyari sa Panginoon sa panahon ng Kanyang ministeryo dito sa lupa na hindi rin natin makakamtan. Una ay kailangan nating matutunan na sumunod sa daan ng Panginoon para sa sarili nating mga buhay, ngunit kailangan din nating magkaroon ng kaunawaan sa mga katotohanang ito para sa kanila na mga pinaglilingkuran natin. **Ang Diyos ay naghahanda na ibuhos ang Kanyang Espiritu sa mga bansa sa malawakang *revival*; at ang Panginoon ay nagbabangon ng mga lider at guro na mga nakahandang gabayan ang karamihan na nagsisimula nang lumalapit kay Cristo.**

## BAGO ANG KANYANG KAPANGANAKAN

Simula sa paglilihi kay Cristo, inihula ni Isaias ang tungkol sa buhay ni Cristo na may ganap na kawastuhan (Isa. 7:17). Kasunod nito, sa Isaias 49:1, sinabi ng propeta ang ganitong mga salita tungkol kay Cristo: *“Kayo’y makinig sa akin, O mga pulo; at inyong pakinggan, kayong mga bayan sa malayo. Tinawagan ako ng Panginoon mula sa*

*sinapupunan."* Ang mga salitang ito ay maliwanag na isinulat sa Iglesiya ng mga Huling Araw, sa kanila na mga naninirahan sa islang mga bansa at mga kontinente na malayo sa Israel.

Makikita natin sa propetikong talatang ito na ang pagkatawag ng Diyos kay Jesu-Cristo ay mahahayag nang si Jesus ay nasa sinapupunan pa lamang ng Kanyang ina. Ito ay natupad sa Mateo 1:21 kung saan sinabi ng anghel kay Jose, *"Sapagkat ililigtas Niya ang Kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan."* Ang tawagin mula sa sinapupunan ay naranasan din ni Jeremias at ni Apostol Pablo (Jer. 1:5, Gal. 1:15).

Bagamat ang mga lalaking ito ay tinawag ng Diyos bago pa man sila ipinanganak, hindi nila naunawaan ang pagkatawag na iyon hanggang sa pagkaraan ng maraming taon. Ito ay maaari pa ring mangyari ngayon. Ang Diyos ay maaaring naglagay ng pagkatawag sa iyong buhay bago ka pa isinilang, ngunit hindi mo maiintidihan ang mensahe hanggang sa ikaw ay dumating na sa tamang gulang o kinalaunan sa buhay. Dahil dito idinalangin ni Apostol Pablo ang mga mananampalataya sa Efeso na sila ay bigyan ng Diyos ng espiritu ng kapahayagan upang malaman nila ang pag-asa ng Kanyang pagkatawag (Ef. 1:16-18). Sa Gawa 19:6, mababasa natin ang mga mananampalataya sa Efeso ay mga Pentecostal sa nagsalita sa iba't ibang wika at nagpropesiya. Ngunit alam ni Pablo na kailangan nila ng higit pa. Kailangan nilang maunawaan ang kanilang pagkatawag.

Napakahalaga na maunawaan natin at nakatalaga tayo sa pagkatawag ng Diyos sa ating buhay. May mga kilala akong manggagawa na tumingin sa ministeryo ng iba at ninasa iyon nang mali. Kailangan nating maging maingat sa ganito. Kung pinapahiran at pinagpapala ng Panginoon ang ibang kapatid na lalaki o babae sa ministeryo, hindi ibig sabihin na tinatawag tayo ng Diyos sa parehong ministeryo. Nakakita na kami ng maraming manggagawa na nabigo nang sinubukan nilang lumipat sa ibang ministeryo mula sa ibinigay sa kanila ng Diyos. **Kailangan nating mapagtanto na mayroong personal na pagkatawag sa ating indibidwal na mga buhay upang maitalaga natin ang ating mga sarili nang buo sa kalooban ng Diyos at hindi tumingin sa kanan o sa kaliwa**.

Kung ikaw ay nagpapastor ng isang iglesiya, kailangan ay may kakayahan ka ring makapagpili ang ibang mga lider para sa iglesiya sa pamamagitan ng pagpapahid ng Diyos. Ilang taon na ang nakalipas, may kilala kaming isang lalaki na naglalakbay sa buong Holland at Alemanya. Ang lalaking ito ay nakagawa ng maraming mga himala. Lumapit siya sa amin at sinabing gusto niyang maging bahagi ng aming gawain, subalit alam namin na ang kanyang buhay ay hindi matuwid. Habang kinakausap namin siya, binuksan ng Panginoon ang aking espirituwal na mga mata. Sa likod niya nakita ko ang prinsipeng demonyo na siyang gumagawa ng kanyang mga himala. Sinasabi ng demonyong ito na, "Gusto kong umanib sa inyong ministeryo." Nangusap ang Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ko at sinabi, *"At sinuman ay hindi kumukuha ng karangalang ito para sa kanyang sarili, kundi siya ay tinatawag ng Diyos, na gaya ni Aaron."* (Heb. 5:4). Hindi

natin puwedeng kunin ang isang posisyon sa ministeryo maliban na ito ay ibigay sa atin ng Diyos!

Sa espirituwal ay kailangan ninyong makilala kung sino ang mga tao, dahil ang iba ay mga mapagkunwari. Siya na pumupuri sa iyo nang napakataas nang ikaw ay naging bagong pastor ay maaaring siya rin ang magtatangkang magpapapako sa iyo sa krus kalaunan. Ang taong nagsasabi sa iyo na ikaw ay kaloob mula sa langit ay maaaring siya ring nanaisin na ikaw ay mapunta sa impiyerno! Gayunpaman, pumanatag ka na pararangalan ng Diyos ang iyong ministeryo kapag ikaw ay Kanyang nilagay sa pamumuno. Ipapakita Niya sa iyo sa espirituwal kung sino ang mga tao. Marahil ay dadalawin ka Niya sa gabi at ipapakita sa iyo kung sino ang mga tao, o may pagkakataon na bibigyan ka Niya ng isang salita o pangalan para isalarawan ang taong iyon. Ang salita ng kaalaman at ang salita ng karunungan ay kayang ipakita saiyo. Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang iyong "mga Josue" at ang iyong "mga Timoteo" na maaari mong sanayin at patnubayan.

**Napakahalaga na maunawaan natin at nakatalaga tayo sa pagkatawag ng Diyos sa ating buhay.**

Sa Isaias 49:1, patuloy na dineklara ni Cristo na mula sa sinapupunan Siya ay tinawag sa pangalan. Ito ay natupad sa Mateo 1:21 kung saan sinabi ng anghel kay Jose, *"Tatawagin mo ang pangalan Niya na JESUS."* Jesus ay ang Griyegong salin ng pangalang *"Josue"* na ang ibig sabihin ay *"Si Yahweh ay kaligtasan."* Inihayag nito na

Siya ang magiging Tagapagligtas. Madalas ang mga pangalan ay may propetikong kahalagahan. Mahalaga na kapag ikaw ay magsisimula ng iglesiya o ng isang organisasyon na ikaw ay manalangin upang matanggap mo ang ipapangalan ng Diyos para sa gawaing iyon, dahil sa pangalang iyon ay ang kapahayagan ng ministeryo na itinalaga ng Diyos para sa iyo.

## ANG KANYANG PAGKABATA

Sa Isaias 9:6 isinulat ng propeta ang tungkol sa kapanganakan ni Cristo, na naghahayag, *"Sapagkat sa atin ay ipinanganak ang isang bata."* Nauunawaan natin na si Cristo ay hindi lamang biglang nagpakita sa mundo bilang makapangyarihang Anak ng Diyos. Siya ay dumating bilang isang sanggol. Ang Panginoong Jesu-Cristo ang ating huwaran ng isang pinuno. Isang mahalagang katotohanan tungkol sa pamumuno ay na ang lahat ng bagay na ginagawa ng isang lider ay dapat kayang marating ng mga sumusunod sa kanya. Bilang isang lider ng mga tao, si Cristo ay dumating sa parehong paraan na gaya ng mga tao, at kinailangang lumaki sa katulad na paraan. Bilang mga pastor at mga lider, dapat maging maingat tayo na mapangunahan ang mga tupa sa paraan na makakasunod sila sa ating halimbawa. Ang ating layunin ay hindi para mapahanga ang mga tao, kundi upang akayin ang mga tupa.

Bilang anak, kinailangang lumaki ni Cristo hanggang sa hustong gulang bago Siya nakapagsimula sa Kanyang ministeryo. Ang unang yugto ng Kanyang espirituwal na pag-unlad ay na kinailangan Niyang maghanda upang maging mahusay na tagapaglingkod ng Salita.

Magkagayunman, sinasabi ng Isaias 7:15 ang tungkol sa Kanyang pagkabata, *"Siya'y kakain ng mantekilla at pulot, pagka siya'y natutong tumanggi sa kasamaan, at pumili ng mabuti."* Ang mantikilya (o keso) ay nagsasalita tungkol sa kasaganaan ng gatas, na sinasabi ng Unang Pedro 2:2 sa espirituwal ay ang dalisay na gatas ng Salita ng Diyos. Ang pulot ay nangungusap ng kapahayagan at isa ring anyo ng Banal na Espiritu (1 Sam. 14:27, Eph. 1:18). Dahil si Jesus ay pinakain ng keso (ang Salita ng Diyos) at pulot (ang kapahayagan ng Espiritu), nagawa Niyang tanggihan ang kasamaan at pinili ang mabuti. Kung paanong tayo ay kumakain ng Salita ng Diyos at hinahayaan ang Espiritu ng Diyos na mangusap sa atin, tayo rin ay magkakaroon ng espirituwal na pagkilala at kakayanan na makagawa ng mga tamang pagpipili.

Makikita natin ang isang larawan ng patuloy na pag-unlad ng Panginoon sa Isaias 49:2. Dito ay idineklara ng Panginoon, *"Ang aking bibig ay ginawa niyang parang matalas na tabak..."* Makikita natin sa Hebreo 4:12 na ang Salita ng Diyos ay katulad ng isang matalas na tabak na may dalawang talim. Habang si Cristo ay lumalaki bilang bata, natutunan Niyang punuin ang Kanyang bibig ng Salita ng Diyos. Sa edad na labingdalawa Siya ay nasa templo, nakaupo sa gitna ng mga guro, na parehong nakikinig sa kanila at nagtatanong (Luk. 2:46-47). Lahat ng nakarinig sa Kanya ay namangha sa Kanyang pagkaunawa at mga sagot. Nais rin ng Panginoon na gawin ito sa buhay ng bawat isa sa atin. Sinabi na natin na si Jesu-Cristo ang ating huwarang lider, at na dapat gawin ng isang pinuno ang isang bagay na kaya ring marating ng kanyang mga tagasunod. Nais ng Panginoon na maisakatuparan ang

pangako ng Isaias 59:21 sa ating mga buhay, *"At tungkol sa akin, ito ang aking tipan sa kanila, sabi ng Panginoon: ang aking Espiritu na nasa iyo at ang aking mga salita na inilagay ko sa iyong bibig, ay hindi hihiwalay sa iyong bibig, o sa bibig man ng iyong lahi, o sa bibig man ng angkan ng iyong lahi, sabi ng Panginoon, mula ngayon at magpakailanman."*

Nang minsan, nasa kagawaran ako ng isang Kolehiyo sa Bibliya kung saan ang ilang mga guro ay nagtuturo ng magkasalungat na mga doktrina.  Isa sa mga guro na nasa panig ng pagsalungat ay nagsabi, "Ayos lang, Brian. Mabuti para sa mga estudyante na marinig ang aking panig at ang iyong panig."  Ngunit kalaunan nang araw na iyon sa isang pagtitipon ng pananalangin, ako ay kinatagpo ng Panginoon sa isang nakamamanghang paraan at idineklara, "Ito ay Aking Salita!  Ito ay AKING Salita, hindi salita ng tao!"  Samakatuwid, kapag tayo ay nangangaral at nagbibigay ng payo, kailangan nating tumawag sa Diyos. Huwag lamang basta magtapon ng maraming opinyon at mga talata.  Kailangan nating matanggap ang Salita ng Panginoon, upang kapag tayo ay nagsasalita tayo ay mga mensahero ng Diyos.  Nang si Cristo ay labingdalawang taong gulang pa lamang, nagawa na Niyang lituhin ang mga dalubhasa sa kautusan sa Jerusalem sa Kanyang kaalaman sa mga Kasulatan.  Nang mga panahong iyon, natupad na ng Panginoong Jesus ang propesiya ng Isaias 49:2 na ang Kanyang bibig ay magiging katulad ng isang matalas na tabak.

Dahil bihasa na sa Salita ng Diyos si Jesus sa edad na labingdalawa, maaaring  itanong natin,  "Bakit hindi sinugo

ng Ama si Jesus para mangaral sa bansa nung panahong iyon?" Ito rin ay isang katanungan na maaaring itanong ng maraming kabataang nagtapos na sa Paaralang Bibliya sa Panginoon. Pagkatapos nilang matuto at matamo ang tagumpay sa kanilang mga klase sa Bibliya, maaaring maramdaman nila na marapat na silang suguin upang mangaral, mag-pastor ng isang iglesiya, o maging isang misyonero. Naaalala ko nung ako ay nagtapos sa paaralang Bibliya. Inisip ko na kaagad akong dadalhin ng Panginoon sa ministeryo. Sa halip, sinabi Niya sa akin na umuwi ako sa bahay. Lumipas pa ang ilang buwan bago Niya binuksan ang isang pinto sa ministeryo para sa akin. Ang mga kabataang bagong tapos sa paaralang Bibliya ay maaaring suguin agad upang subukin ang kanilang mga abilidad at "tiktikan" ang lupain ng kanilang mana. Gayunman, ang makapasok sa kapuspusan ng kanilang ministeryo roon ay marami pang yugto ng paghahanda ang kakailanganin. Ang katotohanang ito ay ipinakita sa buhay ni Cristo.

Tayo rin ay sinabihan sa Isaias 53:2 na si Cristo ay *"ugat sa tuyong lupa."* Maliwanag na si Jesus ay lumaki sa isang espirituwal na tuyong kapaligiran. Madalas iniisip natin, na kung tayo ay nasa isang lugar kung saan ang Espiritu ay kumikilos ay magiging maayos tayo, subalit may mga panahon na tayo ay inilalagay ng Diyos kung saan may pagkatuyo. Ito ay mahalaga, dahil ang tuyong lupa ay kayang bumuo ng isang bagay na hindi magagawa ng isang espirituwal na natubigang lugar ng *revival*. Ang tuyong lupa ay nakakapagpatubo ng malakas na mga ugat. May ilang mga puno sa mauulan na mga klima na lumalago nang mabilis. Gayunman, dahil wala silang malalim na

mga ugat, madali silang mabuwal. Nababahala ako kapag nakakakita ako ng taong mabilis na umaangat sa ministeryo sapagkat may panganib na sila ay maaari ring bumagsak nang mabilis. Napakahalaga na makapatubo tayo ng malakas na mga espirituwal na ugat upang tayo ay lumago at maging mabunga, kahit pa dalhin tayo ng Panginoon na magministeryo sa isang tuyo o mahirap na lokasyon. Sinasabi pa ng Isaias 9:1-2 ang higit pa tungkol sa lugar kung saan si Jesus ay lumaki, at kung saan ay ginugol Niya rin ang marami Niyang panahon sa ministeryo. Isinasalarawan nito ang Galilea bilang *"isang madilim na lupa"* kung saan *"ang bayan... ay lumalakad sa kadiliman."* Ito ang lugar kung saan inilagay ng Ama ang Kanyang Anak, ngunit dahil sa Kanyang paghahanda, ang Panginoon ay inihanda upang pagtagumpayan ang lahat ng paghihirap na Kanyang haharapin.

Nagpatuloy ang Isaias 49:2 sa pagpapakita ng pag-unlad at pagpapatuloy sa buhay ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Pagkatapos nating marinig ang patotoo, *"Ang aking bibig ay ginawa niyang parang matalas na tabak,"* ang talatang ito ay nagpatuloy sa pagsabi, *"sa lilim ng kanyang kamay ay ikinubli niya ako."* Ang unang bahagi ng talatang iyon ay natupad sa panahon na ang Panginoon ay 12 taong gulang. Pagkatapos ay wala na tayong nakita pa sa mga Ebanghelyo tungkol sa buhay ni Cristo sa mga sumusunod na 18 taon. Gayunpaman, makikita natin ang mga taong ito ng paghahanda sa susunod na bahagi ng propesiya ni Isaias. Si Cristo ay ikinubli sa ilalim ng lilim ng kamay ng Kanyang Ama. Nakita na natin sa Isaias 9:2 na Siya ay nabuhay sa isang lupain ng kadiliman, ngunit dito ay nakita natin na Siya mismo ay itinago sa kadilimang iyon.

Kadalasan, ang ating teolohiya ay nagdudulot sa atin na maniwala na kung tayo ay lumalakad sa pagsunod sa Diyos, tayo ay parating nasa liwanag. Hindi! Maaari pa nga na kung tayo ay lumalakad sa pagsunod, tayo ay mailalagay sa kadiliman. Sinasabi ng Isaias 50:10, *"Sino sa inyo ang natatakot sa Panginoon, na sumusunod sa tinig ng kanyang lingkod, na lumalakad sa kadiliman, at walang liwanag?* Napagtuloy sa pagsabi ang talata na kapag tayo ay nasa kadiliman, kailangan nating *"magtiwala sa pangalan ng Panginoon."* Sa talatang 11, tayo ay binalaan kapag sinusubukan nating tumakas sa mga sitwasyon kung saan tayo ay nilalagay ng Diyos sa kadiliman. *"Narito, kayong lahat na nagpapaningas ng apoy, na nagsisindi ng mga suló! Lumakad kayo sa liyab ng inyong apoy, at sa gitna ng mga suló na inyong sinindihan! Ito ang makakamit ninyo sa aking kamay: kayo'y hihiga sa pagpapahirap."* **Kung tayo ay nasa kadiliman at tayo ay lumalakad nang matuwid kasama ang Diyos, kung gayon, tayo ay magtiwala sa Panginoon at maghintay.** Sinasabi ng Isaias 45:3 na mayroong *"kayamanan ng kadiliman"* na madalas ay hindi natin makikita kahit saan man. Ang Panginoon ay maaari ring magsalita sa atin kapag tayo ay nasa kadiliman, katulad ng sinabi Niya sa Mateo 10:27, *"Anumang sinabi ko sa inyo sa dilim, sabihin ninyo sa liwanag."*

May panahon, maraming taon na ang nakalipas, na wala kaming pera. Ang asawa kong si Audrey ay may sakit, ang tinutuluyan namin ay walang pampainit, at wala kaming pagkain. Subalit may telepono kami, at alam ko na maaari akong tumawag sa ilang tao na magiging masaya na tulungan kami. Gayunpaman, ang Panginoon ay nangusap

sa akin at sinabi, “Kung dadamputin mo ang teleponong iyan, tapos na Ako sa iyo.” Alam ko na hindi ibig sabihin ng Panginoon na mawawala ko ang aking kaligtasan. Marahil mananatili akong pastor at nagpapatuloy sa parehong espirituwal na antas na aking naabot. Ngunit alam ko na ang sinasabi ng Panginoon ay maaalisan ko ng karapatan ang aking sarili na mapangunahan Niya ako pasulong at pataas sa Espiritu. Noon lamang nang pinatunayan ko na maaari akong manatiling masunurin at nagtitiwala sa kadilimang iyon na sinagip kami ng Panginoon mula sa pagsubok na iyon. Mayroong layunin para kay Cristo na maitago sa kadiliman sa pagitan ng edad 12 at 30. Sinasabi sa atin ng Isaias 49:2, *“Sa lilim ng kaniyang kamay ay ikinubli niya ako: at ginawa niya akong makinang na pana”*. Sa mga panahong ito nang ang ating Panginoon ay nakatago sa nakatalang kasaysayan, Siya ay hinuhubog at kinikinang upang maging palaso na kayang tamaan ang marka ng Kanyang mataas na pagkatawag.

Ang salitang Hebreo na *“chatha,”* na siyang salita na karaniwang sinasalin na *“kasalanan”* sa Lumang Tipan, ay makatutulong sa atin upang higit nating maunawaan ito. Maaari rin itong isalin na *“hindi matamaan ang marka.”* Makikita natin ang konseptong ito sa Roma 3:23 kung saan sinasabi ng Banal na Kasulatan na, *“Ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwahatian ng Diyos.”* Tinutulungan tayo ng talatang ito na maintindihan kung bakit si Cristo ay inihanda upang maging makinis na pana. Kailangan Niyang maging isang palaso na lilipad ng tuwid upang tamaan ang tudla. Kailangan Niyang maging iba sa lahat ng tao, na tulad sa mga baluktot na palaso, ay hindi

natatamaan ang tudla at hindi nakakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.

Ginawa itong malinaw sa akin ng Panginoon maraming taon na ang nakalipas nang ako ay nakaranas mag-agaw buhay. Hiniling ko sa Kanya na wakasan na ang aking buhay at dalhin ako sa langit dahil sa oposisyon na aking kinakaharap sa ministeryo nang panahong iyon. Sinagot ng Diyos ang aking panalangin.

Ang anghel ng Panginoon ay nagpakita sa akin isang gabi habang ako ay natutulog. Nang ako ay magising, nakita ko Siya na nakatayo sa ibabaw ng aking higaan. Ako ay lumabas sa aking katawan at tumayo katabi ng anghel. Sa maikling sandali, na para bang walang hanggan, tumingin ako pababa sa katawan ko na katabi ng aking asawa na natutulog nang mapayapa. Ang pagkatanto na ang aking buhay ay tapos na ay sumunggab sa akin. Wala na akong magagawa sa daigdig na ito upang maglingkod sa Panginoon. Ito ay isang nakakatakot na pakiramdam na ang lahat ay tapos na.

Umikot na ang anghel at umikot akong kasama niya. Walang salitang namagitan sa amin. Pagkatapos para bagang wala na ang bubong ng bahay at umalis kami nang mas mabilis pa sa kidlat patungong langit, na nakikita ko mula sa malayo. Habang papalapit kami sa langit, lalo akong naging malungkot. Bagamat alam ko na ako ay ligtas, binautismuhan sa tubig at sa Banal na Espiritu, at namumuhay sa liwanag na aking natanggap, nakapagtataka, na hindi ko kinapapanabikan ang mapunta sa langit.

Dumating kami sa mga pintuan ng langit. Habang nakatayo ako roon, ipinakita sa akin ang buong buhay ko mula sa kapanganakan ko hanggang sa kasalukuyang sandali na iyon sa isang serye ng mga larawan, sunod-sunod ito sa loob ng ilang segundo. Ang ilan sa mga larawan ay blanko. Naunawaan ko na ang mga blangkong larawan ay mga panahon sa buhay ko na nabigo ko ang Diyos, ngunit dahil humingi ako ng kapatawaran, lahat ng ala-ala at talaan ng mga ito ay nahugasan na ng dugo ni Jesus.

Ipinahayag sa akin ng Panginoon ang layunin ng Diyos para sa aking buhay. Napagtanto ko na hindi ko ito natupad, dahil nag-aagaw buhay na ako bago ang nakatakda kong panahon. Sa paghihirap ng aking espiritu, nakiusap ako sa Panginoon na pabalikin ako sa lupa at bigyan pa ako ng isang pagkakataon upang tuparin ang aking pagkatawag at matamaan ang marka para sa aking buhay. Nakatanggap marahil ang anghel ng utos mula sa Panginoon, dahil ng mga sandaling iyon, siya at ako ay umikot muli nang walang salitaan, at kami ay bumaba sa lupa sa isang napakapambihirang bilis.

Pagkarating sa tabi ng aking higaan, nakita ko ang aking katawan na nakahiga roon. Hinipo ako ng anghel at ako ay bumalik sa aking katawan. Makalipas ang ilang araw tinanong ko ang Panginoon kung bakit Niya ako binigyan ng ganoong karanasan, at Siya ay sumagot, "Upang mabigyan mo ng babala ang Aking bayan at ipakita sa kanila kung ano ang katulad ng mamatay." Minamahal, hindi kailanman gugustuhin ng isang tao ang pumunta sa langit nang hindi pa niya natatamaan ang marka ng mataas

na pagkatawag ng Diyos kay Cristo Jesus. Alam ko ang matinding paghihirap na ito, at ayaw ko na maranasan ito ng iba.

Ang Pahayag 21:4 ay nangungusap kung paanong pupunasan ng Diyos ang mga luha sa langit. Kapag ikaw ay papasok sa langit, ipapakita sa iyo ang plano ng Diyos para sa iyong buhay. Ipapakita sa iyo kung gaano na sa planong iyon ang nakumpleto mo na. Ipagsusulit natin nang higit ang sa kung tayo ba ay naligtas at nakapag-ipon ng mga gantimpala sa langit. Ikaw din ay dapat magbigay-sulit sa kung ikaw ba ay naging isang palaso na tinamaan ang marka at hindi nahulog sa kaluwalhatian at plano ng Diyos para sa iyong mga buhay. Samakatuwid, gaya ng idinideklara ng Mangangaral 7:17, mahalaga na hindi ka muna mamatay bago ang natakdang panahon.

Sa pagsasaalang-alang kung paano inihahanda ang isang palaso, mayroon karaniwang dalawang bahagi: ang matalas na ulo ng palaso na kadalasan ay gawa sa metal, at ang pinakintab na baras (katawan ng palaso) na gawa sa kahoy. Ang dalawang bahaging ito ay kumakatawan sa dalawang likas na katangian ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Ang matalas na ulo ng palaso ay tumutukoy kay Cristo bilang Anak ng Diyos na hindi maaaring magkasala o mabigo. Si Cristo, na Siyang Salita na nagkatawang-tao, ay nakita na bilang isang matalas na tabak (katulad ng ulo ng palaso) sa edad na labingdalawa. Ang kahoy na katawan ng palaso ay kumakatawan sa pagiging tao ni Cristo, ang Anak ng Tao. Bilang Diyos hindi Siya maaaring mabigo, ngunit bilang tao, maaari Siyang mabigo.

Sa mga panahong ito na ang Panginoon ay nakakubli sa naitalang kasaysayan, ang Kanyang kalikasan bilang tao ay inihahanda upang Siya ay maging isang gaya ng matuwid, makinis na baras. Kung ang baras ay baluktot o magaspang kapag ang palaso ay lumipad sa hangin, kahit pa ang palaso ay nakaturo ng tama, **hindi nito matatamaan ang tudlaan.** Inihahayag ng Hebreo 5:8 na ang Panginoon ay hinubog at pinakinis upang maging palaso na kayang tamaan ang marka— *"Bagama't siya'y isang Anak, siya'y natuto ng pagsunod sa pamamagitan ng mga bagay na kanyang tiniis."* Ang Kanyang kalikasan bilang tao ay kailangang ihanda sa pamamagitan ng mga bagay na Kanyang tiniis. Sa gayong paraan, Siya ay maaaring suguin upang tamaan ang marka na itinalaga para sa Kanya ng Ama.

Ang marka na tinamaan ni Jesus ay ang krus. Katulad ng patuloy na sinasabi sa Hebreo 5:9 tungkol kay Cristo, *"At nang maging sakdal, siya ang naging pinagmulan ng walang hanggang kaligtasan ng lahat ng mga sumusunod sa kanya."* Sa pamamagitan ng Kanyang pagsunod sa mga pagdurusa, si Cristo ay naihanda upang maging Palaso ng Diyos na gaganap ng ating kaligtasan. Gayundin naman kung tayo ay matututong sumunod tungo sa mga pagsubok, na magagawang pakinisin at sakdal ng Diyos ang baras ng ating buhay. **Nais Niya na tayo'y maging sapat sa gulang na mga palaso sa Kanyang kamay na tatamaan ang marka ng mataas na pagkatawag ng Diyos kay Cristo Jesus.**

Maraming kaparaanan ang ginagamit ng Diyos upang pakinisin tayo. Ilang panahon na ang nakalipas, may isang

**Kung tayo ay matututong sumunod tungo sa mga pagsubok, na magagawang pakinisin at sakdal ng Diyos ang baras ng ating buhay.**

pastor na lumapit sa akin at nagsabi, "Gusto kong iwan ang iglesiya ko dahil lahat ng mga miyembro ay mga mapaghimagsik. Maaari ko bang isara ang iglesiya at ipadala ang mga miyembro sa ibang iglesiya?" Nang ako ay nanalangin sinabi ng Panginoon sa akin, "Huwag isara ang iglesiya." Ipinakita sa akin ng Panginoon na sila ay katulad ng mga Moabita sa Awit 60:8, na siyang ginagamit ng Diyos bilang Kanyang *hugasan*. Sinabi sa akin ng Panginoon, "Kapag gusto Kong gawing sakdal at makinis ang isang pastor, dinadala Ko siya sa ganyang iglesiya." Siya ay kinikiskis, hinuhugasan at kinikinis ng mga rebeldeng miyembro hanggang sa siya ay makinis na, pagkatapos siya ay susuguin Ko na at magdadala Akong muli ng ibang pastor na nangangailangan ng pagkikinis." Nakita ko na ang mga miyembrong ito ng iglesiya ay hindi na makakapagpatuloy pa sa Diyos, ngunit maaari silang gamitin ng Panginoon upang matulungang maihanda ang iba na nais magtumulin patungo sa hangganan.

Ang susunod na hakbang sa paghahanda ni Cristo ay makikita sa Isaias 49:2, *"...sa kanyang lalagyan ng pana ay itinago niya ako."* Pagkatapos na ang palaso ay naihanda para gamitin, ito ay kailangang maghintay hanggang sa tamang panahon na ang may hawak ng palaso ay pipiliin na gamitin ito. Mula sa talatang ito lumalabas na si Jesus ay naghanda at nakahanda na sa ilang panahon

bago Siya ay sinugo ng Ama sa pampublikong ministeryo. May mga panahon na tayo ay itinatago ng Diyos, at sa kalungkutan tayo ay maghihintay sa Ama na tayo ay piliin at utusang humayo. Tinuturuan tayo nito na umasa sa Diyos. Wala tayong magagawa, maliban sa kung ano ang ipinapakita ng Panginoon sa atin na gawin. Ang paghahandang ito ay makakatulong din sa atin upang tayo ay maging handa kung kailangan nating tumayo mag-isa o gumawa ng isang hindi tanyag na desisyon sa ministeryo.

## PINAHIRAN SA ILOG JORDAN

Nang si Jesus ay pumunta sa Ilog Jordan upang simulan ang Kanyang ministeryo, Siya ang inihandang palaso na inilagay sa arko ng Kanyang Ama. Ngunit alam din natin na para sa isang palaso na paliparin at tamaan ang tudla, kailangan itong pakawalan nang may kapangyarihan. Nasa Ilog Jordan na pinahiran ng Ama si Cristo ng kapangyarihan na kakailanganin Niya upang mabilis na tunguhin ang hangganan at tuparin ang Kanyang ministeryo.

Mababasa natin sa mga Ebanghelyo na ang Banal na Espiritu ay bumaba tulad ng kalapati at dumapo sa Kanya. Nang dumating ang Espiritu kay Jesus, ang balabal ng Diyos ay inilagay sa Kanya at Siya ay naging ang *"Cristo,"* na ang ibig sabihin ay *"Ang Pinahiran."*

Inihahayag sa atin ng propetang si Isaias ang balabal ng pagpapahid na nasa ating Panginoong Jesu-Cristo. Sa Isaias 11:1 mababasa natin, *"May usbong na lalabas mula sa tuod ni Jesse, at sisibol ang isang sanga mula sa*

*kanyang mga ugat."* Ito ay tumutukoy sa ating Panginoon, na nagmula sa lahi ni David, na ang ama ay si Jesse. Ang Panginoon ay madalas tinutukoy sa mga Kasulatan bilang ang Sanga.

Pagkatapos ay mababasa natin sa susunod na talata, *"At ang Espiritu ng Panginoon ay sasakanya, ang diwa ng karunungan at ng unawa, ang diwa ng payo at ng kapangyarihan, ang diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon."* Ang mga pagpapahid na ito ay tinatawag na pitong Espiritu ng Diyos sa Pahayag 4:5 at 5:6. Ang balabal na ito ng pitong mga Espiritu ng Diyos na dumating kay Cristo sa Ilog Jordan ay iba sa, at higit sa, bautismo ng Banal na Espiritu. **Ang pagpapahid ni Cristo ay higit na mas dakila kaysa sa tinanggap ng mga alagad sa araw ng Pentecostes.** Kailangan nating maunawaan ang pagkakaiba ng dalawang karanasan na ito.

Halimbawa, isa sa pitong Espiritu ng Diyos ay ang Espiritu ng kaalaman, samantalang ang isa sa siyam na mga kaloob ng Espiritu na maaari nating tanggapin pagkatapos na tayo ay mabautismuhan sa Banal na Espiritu ay ang salita ng kaalaman. May pagkakaiba sa pagitan ng Espiritu ng kaalaman at sa salita ng kaalaman. Si Solomon ay halimbawa ng taong binigyan ng Espiritu ng kaalaman. Ang taong tulad ng Reyna ng Sheba ay maaaring lumapit kay Solomon at may maraming katanungan, at dahil sa pagpapahid na *nanatili* kay Solomon, masasagot niya ang bawat tanong. Dahil sa balabal na inilagay sa kanyang buhay, ang kaalaman ni Solomon ay patuloy na dumaloy.

Ngunit ang salita ng kaalaman ay hindi ganito. Kapag ang kaloob ng salita ng kaalaman ay kumikilos, higit sa pangkaraniwan na malalaman mo ang isang katotohanan. Pagkatapos ang kaloob ay maaaring hindi kikilos sa haba ng panahon bago ka muling bigyan nito ng kaalaman sa ibang katotohanan. Minsan ay makakakuha ka ng kapahayagan sa pamamagitan ng kaloob ng kaalaman, at minsan ay hindi. Ngunit ang Espiritu ng kaalaman ay *patuloy na nananatiling pagpapahid* ng kaalaman ng Diyos. Ito ang pagpapahid kay Cristo. Personal na alam ni Jesus sa pamamagitan ng Espiritu ng kaalaman ang bawat tao. Sinasabi sa atin ng Juan 2:24, *"Kilala Niya ang lahat ng tao."* Kahit si Judas ay kilala ni Cristo, bagama't itinago Niya ang kaalamang ito sa Kanyang sarili.

Kaya bagama't kailangan nating hangarin na mabautismuhan sa Banal na Espiritu at dapat pagnasain ang mga kaloob ng Espiritu, mayroon pang higit mula sa Banal na Espiritu na ating matatanggap. Ito ang dahilan kung bakit idinalangin ni Apostol Pablo ang mga mananampalataya sa Efeso (na mga Pentecostal na at nabautismuhan na sa Banal na Espiritu) na matanggap nila ang Espiritu ng karunungan (Efe. 1:17). Kailangan natin ang pagpapahid ng pitong Espiritu ng Diyos na na kay Cristo upang tulungang madala ang Iglesiya na sapat na gulang sa mga Huling Araw na ito. Mababasa natin sa Pahayag 5:6 na ang Kordero ng Diyos ay may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Diyos na pinadala sa buong mundo. Nais din nating magkaroon ng kalikasan ng Kordero ng Diyos, upang ang pitong Espiritu ng Diyos ay makadaloy sa pamamagitan natin at masugo upang magministeryo sa iba.

Ang una sa pitong Espiritu na ito na kung saan si Cristo ay pinahiran ay **ang Espiritu ng Panginoon**. Mababasa pa natin ang tungkol sa pagpapahid na ito sa Isaias 61:1, *"Ang Espiritu ng Panginoong Diyos ay sumasaakin; sapagkat pinahiran ako ng Panginoon upang ipangaral."* Ang Espiritu ng Panginoon ay upang pahiran tayo, at bigyan tayo ng kakayahan upang mangaral. Nais nating masabi kasama ni Cristo, *"...ang mga salitang aking sinasabi sa inyo'y hindi ko sinasabi mula sa aking sarili."* (Jn. 14:10). Napakahalaga para sa isang tagapaglingkod na mapahiran ng Diyos upang mangaral, dahil ang Banal na Espiritu ang nagpapatunay sa pangangaral ng salita. Hindi lamang tayo nangangaral at umaasang makakakita ng mga resulta dahil mahusay tayo magsalita o dahil alam na alam natin ang Bibliya. Kailangan tayong mapahiran ng Espiritu ng Panginoon.

Ang pangalawang pagpapahid sa Isaias 11:2 ay **ang Espiritu ng karunungan.** Ito ang pagpapahid na nagbibigay sa atin ng kakayanan na gumawa ng tamang mga pagpipili sa tamang panahon. Ang karunungan ay maaaring bigyang-kahulugan na wastong paggamit ng kaalaman. Ang kaalaman sa kanyang sarili ay hindi sapat. Maaari mong malaman ang isang bagay kahit hindi mo magamit ng tama ang kaalamang iyon. Upang maging mabuting lider ay kailangan natin ng Espiritu ng karunungan, gaya kung paanong tinanggap ni Josue ang Espiritu ng karunungan mula kay Moises nang siya ay pinahiran upang maging susunod na lider ng Israel (Deut. 34:9).

Dati akong pastor ng isang iglesiya na patungo sa Karismatik na Pagkilos. Nang magsimulang kumilos ang Panginoon sa isang gawain sa simbahan, kinausap ako ng asawang babae ng isa sa mga diakono at tinutulan ang gawain ng Espiritu. Isinara ko ang gawain, at pumunta sa aking tahanan habang isinasaalang-alang ko kung ano ang gagawin tungkol sa paghihirap na ito. Habang naglalakad ako sa aming kainan, ako ay nagkaroon ng pambihirang karanasan. Nakita ko ang ginintuang lampara na may pitong sanga na dumadaan tagos sa pader. Sinasabi sa atin ng Pahayag 4:5 na ang pitong lampara ay ang pitong Espiritu ng Diyos. Nang makita ko ang lampara, isang makapangyarihang balabal ng Espiritu ang dumating sa akin. Nagkaroon ng kahanga-hangang kapahayagan ng kabanalan ng Diyos na hindi ko maipaliwanag. Ang makapangyarihang balabal na ito na dumating sa akin, na sa pakiramdam ko ay Espiritu ng karunungan. O, anong karunungan ang ibinigay sa akin ng Espiritu upang masagot ang problemang ito ng iglesiya! Ang ginawa ko lamang ay tumawa, kung paanong ang Panginoon ay tumawa sa Awit 2 sa mga tumutuligsa sa Kanya. Tumawa ako dahil ang babaing iyon na tumuligsa sa pagkilos ng Espiritu ay pilit na tumayo laban sa kahanga-hangang kapangyarihan ng isang banal na Diyos. Nang siya ay nasa gawain siya ay nasa mabuting kalusugan, ngunit sa loob ng kalahating oras ng karanasang iyon, siya ay dinala sa ospital. Ang Diyos ay hindi maaaring tuyain!

Ilang panahon pagkatapos nito, nang ako ay nasa Los Angeles, binisita ko si Kathryn Kuhlman. Dinalangin niya ako at sinabi ang isang salita, “Karunungan.” Ako ay natumba sa Espiritu nang hinawakan ng kanyang kamay

ang aking noo. Ang dahilan kung bakit ko ito binanggit ay dahil naniniwala ako na kung tayo ay taos-pusong nagnanais ng Espiritu ng karunungan, ibibigay ito sa atin ng Diyos. Karaniwan si Kathryn Kuhlman ay nananalangin para sa kagalingan, pero nang idinalangin niya ako, dinalangin niya na ako ay pahiran ng Panginoon ng karunungan. Hindi ko kailangan ng kagalingan, subalit alam ng Diyos ang hangarin ng aking puso. Sinasabi ng Santiago 1:5, *"Ngunit kung ang sinuman sa inyo ay nagkukulang ng karunungan, humingi siya sa Diyos na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat, at iyon ay ibibigay sa kanya."*

Ang pangatlong pagpapahid ay **ang Espiritu ng kaunawaan**. Ito ay makakatulong sa atin na maunawaan ang mga kaparaanan ng Diyos, at kung ano ang Kanyang ginagawa (1 Cron. 12:32 at Luk. 24:45). Ang Espiritu ng kaunawaan ay tumutulong din sa atin na mabigyan ng tamang interpretasyon ang mga pangitain at mga panaginip (Dan. 1:17). Napakahalaga na kapag ang isang tao ay nagkaroon ng pangitain o panaginip, na maunawaan niya ng tama ang kapahayagan.

Hindi sapat na basta makatanggap na lamang ng isang panaginip, pangitain, o salita ng propesiya mula sa Diyos. Ang Espiritu ng kaunawaan ay kinakailangan pa rin upang mabigyan ito ng tamang interpretasyon. Sina Nabucodonosor at Faraon ay parehong nakatanggap ng kapahayagan mula sa Panginoon sa kanilang mga panaginip, ngunit sina Daniel at Jose ay kinailangan upang mabigyan ng tamang interpretasyon ang mga iyon upang sa pamamagitan ng kanilang mga panaginip ay maibigay ang

patnubay sa pagpapatupad ng mga plano ng Diyos. Marami akong kilalang mga tao na nasira ang buhay dahil hindi nila nabigyan ng tamang pakahulugan ang isang panaginip o pangitain na natanggap nila mula sa Panginoon.

Bilang isang halimbawa ng pangitain na nabigyan ng maling interpretasyon, sasabihin ko pa sa inyo ang tungkol sa asawa ng diakono na aking nabanggit na tumutol sa kilos ng Banal na Espiritu sa gawain sa iglesiya. Ang Diyos ay hindi nalugod sa kanya at ang resulta ay, bagama't siya ay malusog hanggang sa panahong iyon, kinailangan niyang isugod sa ospital pagkatapos ng gawain. Nang gabing iyon, isang nakatatanda sa iglesiya at isang miyembro ang nagkaroon ng magkatulad na pangitain. Nakita nila ang Panginoon na nakatayo sa labas ng kanyang silid sa ospital. Ang interpretasyon na binigay nila sa akin ay, "Magiging maayos ang lahat para sa ating kapatid dahil ang Panginoon ay nasa labas ng kanyang silid." Subalit hindi iyon ang interpretasyon na ibinigay ng Panginoon sa akin. Nangusap ang Panginoon sa akin sa ganitong paraan: "Siya ay isang Kristiyano ng Laodicea na nasisiyahan na sa sarili at iniisip na wala na siyang kakailanganin pa. Nakatayo Ako sa pintuan ng kanyang puso, at ninanais na makatagpo siya sa isang sariwang paraan sa pamamagitan ng Aking Espiritu, ngunit ayaw niya Akong tanggapin." Ang Panginoon ay nasa labas ng kanyang silid, hindi dahil pinoprotektahan Niya ito, kundi dahil tinanggihan niya ang Panginoon at ayaw Siyang papasukin sa loob.

Ang Espiritu ng kaunawaan ay ang pagpapahid din na dapat magkaroon ang isang guro upang maunawaan ang

Salita ng Diyos at makayanang ipaliwanag ito sa iba. Kailangan natin ng kakayanang maipaliwanag ang bawat talata sa Bibliya, gaya kung paanong ito ay ginawa ni Ezra na isang huwarang guro. Sinasabi ng Nehemias 8:8, *"Kaya't sila'y bumasa mula sa aklat, sa kautusan ng Diyos, na may pakahulugan. Kanilang ibinigay ang diwa, kaya't nauwaan ng mga tao ang binasa."* Upang magawa ito, kailangan natin ng kaisipan ng Espiritu, dahil Siya ang May Akda ng mga Kasulatan.

Ang pang-apat na pagpapahid ay **ang Espiritu ng pagpapayo.** Ang pagpapayo ay maaaring bigyang-kahulugan bilang payo o gabay na binigay ng isang maalam o taong may karanasan. Sa Isaias 9:6 mababasa natin na isa sa mga pangalan ng ating Panginoon ay ang Tagapayo. Upang maging epektibong tagapayo, kailangan natin ng Espiritu ng pagpapayo. Hindi ka dapat magpayo sa ibang tao na wala ang pagpapahid ng Diyos, dahil dinadala mo ang isang tao sa daanan na magtatalaga sa kanila sa kanilang pangwalang-hanggang tadhana.

Kapag ang isang tao ay mayroong mga problema, hindi siya dapat pinapayuhan gamit ang karunungan ng tao at sikolohiya. Dapat rin tayong maging maingat kapag ginagamit natin ang mga prinsipyo ng kasulatan, dahil maaari itong magamit nang mali. Ang mga sitwasyon ay magkakaiba, at kailangan nating makarinig mula sa Panginoon para sa bawat tao at bawat sitwasyon.

Ito ang dahilan kung bakit ang tatlong kaibigan ni Job ay nagpayo sa kanya sa maling paraan. Sinabi nila kay Job, "Ngayon, alam natin na kapag ang tao ay matuwid, siya ay

pinapaginhawa ng Diyos; at kung ang tao ay nagkakasala, ang hatol ng Diyos ay dumadating sa kanya. Samakatuwid, ikaw ay mapagkunwari!" Subalit, ang tatlong kaibigan ni Job ay ginamit nang mali ang kanilang panuntunan. Hindi nila naintindihan na pinapahintulutan ng Diyos ang matuwid na taong ito na dumaan sa pagsubok na ito, upang maihanda siya para sa dobleng bahagi at isang pangwalang-hanggang pangalan ng karangalan.

Kapag lumalapit ang mga tao sa atin para sa pagpapayo, ayaw nilang marinig ang ating mga opinyon; kailangan nilang marinig kung ano ang sinasabi ng Panginoon. Bilang mga manggagawa ng Panginoon, tayo ay inaasahan bilang mga saserdote nung unang panahon na mayroong Urim at Tumim upang magbigay ng tamang pagpapayo at sabihin sa kanila kung ano ang sinasabi ng Panginoon (Exo. 28:30; Bil. 27:21).

Bilang halimbawa, mayroong asawa ng pastor sa New Zealand na tumalikod sa Panginoon at namuhay kasama ang isang mas batang lalaki. Tumulong siyang dalhin ang lalaking ito sa Panginoon, ngunit nasumpungan ang kanyang sarili na buntis. Sa kanilang kawalang pag-asa, ang dalawang ito ay pumunta sa maraming mga pastor at nagtanong, "Dapat ba kaming magpakasal?" Bawat pastor ay nagsabi, "Oo." Pagkatapos sila ay lumapit sa amin at sinabi ng lalaki, "Gusto ko pa ring marinig mula sa iyo kung ito ay tama." Sinabi ng babae sa akin, "O, huwag kang sisipi sa Bibliya dahil alam ko kung ano ang sasabihin mo." Kaya naramdaman ko mula sa Panginoon na tanungin sila na bumalik pagkatapos ng tatlong araw. Habang ako ay nananalangin sa loob ng tatlong araw na iyon, hiningi ko

sa Panginoon na bigyan Niya ako ng payo. Sinabi ng Panginoon, “Ibigay mo sila sa Akin.”

Lumipas ang tatlong araw nakipagkita kami sa kanila at sinabi nila, “Nakarinig ba kayo mula sa Diyos?” Ang sabi ko, “Sinabi sa akin ng Diyos na ibigay namin kayo sa Kanya.” Kaya pinatungan namin sila ng kamay at binigay sila sa Diyos.

Alam ba ninyo kung ano ang ginawa ng Panginoon? Nung gabing iyon, nawala ang lahat ng pagmamahal ng babae para sa kabataang lalaki. Sila ay naghiwalay, at pagkatapos ng tatlong araw ang pagbubuntis niya ay winakasan ng Diyos. Ang kabatang lalaki ay lumapit sa Diyos nang buong puso at pumunta sa Paaralang Bibliya. Kalaunan siya ay nakapag-asawa ng nagmula sa ibang bansa, at pagkalipas ng ilang taon nagkaroon ako ng karangalan na italaga siya bilang isang pastor.

Nang tinanggal ng Panginoon ang pagmamahal ng babaing ito para sa kabataang lalaki na kinakasama niya, ibinalik din ng Panginoon ang kanyang pag-ibig para sa kanyang asawa. Siya ay bumalik sa kanya, pinanauli ng Diyos ang kanilang pagsasama, at siya rin ay kamangha-manghang pinanumbalik sa kagalakan ng kanyang kaligtasan. Pinagpala sila ng Panginoon ng sarili nilang anak, at ang babae ay binigyan ng maraming koro na inaawit ngayon sa buong mundo.

Ang punto na nais kong dalhin ay ito: **ang pagpapayo ay hindi pagsasabi ng mga prinsipyo at pagbigkas ng maraming kasulatan. Ang pagpapayo ay pagkakaroon**

**ng kaisipan ni Cristo para sa bawat sitwasyon,** at pagsasabi sa mga tao kung ano ang sinasabi ng Diyos sa kanila sa partikular nilang sitwasyon. Sa nabanggit na pagpapayo, ayaw ng babae na marinig ang katotohanan ng mga Kasulatan tungkol sa diborsyo at pag-aasawang muli. Pinipilit niyang pakasalan siya ng lalaking ito, at nakuha niya ang suporta ng maraming pastor sa kanya. Ngunit dahil binigyan kami ng Panginoon ng Espiritu ng pagpapayo para sa sitwasyon, lahat ay nabago. Kapwa sila nakasunod sa pinakamainam ng Diyos para sa kanilang mga buhay, at nakapasok sa mga matuwid at mabungang ministeryo.

Ang panlima sa mga pagpapahid na ito ay **ang Espiritu ng kalakasan.** Ito ang balabal na mayroon si Samson nang ginawa niya ang makapangyarihan niyang mga gawa. May isang pagkakataon na binunot ni Samson ang mga tarangkahan at haligi ng lungsod ng Gaza at dinala ang mga ito halos 30 milya pataas sa burol ng Hebron! Ang Panginoong Jesu-Cristo ay taglay din ang ganitong pagpapahid nang itinaboy Niya ang mga mangangalakal, tinumba ang mga mesa ng mga tagapagpalit ng pera, at nilinis ang templo. Ang pagpapahid na ito ay nakay Elias din nang siya ay tumakbo at naunahan ang karwahe ni Haring Ahab. Hindi ito nakamit sa pamamagitan ng lakas ng tao o kakayanan, ito ay Espiritu ng kalakasan na nakay Elias.

Ang pagpapahid na ito ay kumikilos sa larangan ng mga dakilang himala at kapangyarihan. Nais nating magkaroon ng Espiritu ng kalakasan upang makita ang mga kamangha-manghang gawa ng Diyos na mahayag. Ang Espiritung ito

ay ibubuhos sa Iglesiya sa mga huling araw upang gawin itong makapangyarihang hukbo ng Panginoon (Joel 2:7).

Ang pang-anim na pagpapahid ay **ang Espiritu ng kaalaman.** Ang pagpapahid na ito ay di-pangkaraniwang makapaghahayag sa atin ng mga katotohanan mula sa nakaraan o kasalukuyan. Ang Espiritu ng kaalaman ay maaaring magbigay ng malakas na impresyon o patotoo sa iyong puso o isipan, upang malaman mo ang isang bagay na nangyari. Nagawang malaman ni Cristo ang katangian ni Nathaniel, at nakita rin siya sa ilalim ng puno ng igos, sa pamamagitan ng Espiritu ng kaalaman (Juan 1:47-48).

Kailangan natin ng Espiritu ng kaalaman upang malaman kung ano ang sinasabi ng Diyos sa Kanyang Iglesiya ngayon. Katulad ng sinabi ni Pedro, nais nating maitatag sa *"kasalukuyang katotohanan"* (2 Ped. 1:12). Nung mga panahon ng Karismatik na Pagkilos, ang kasalukuyang katotohanan (sa panahong iyon) ay ang bautismo ng Banal na Espiritu at kagalingan. Ngunit, ang kasalukuyang katotohanan para sa panahon natin ngayon ay kabanalan at marating ang kasakdalan. Hindi ka maaaring mabuhay sa nakalipas na karanasan o sa pagkilos ng Diyos sa nakalipas na mga henerasyon. Kailangan nating makarinig mula sa Panginoon ng sariwang katotohanan para sa ngayon. Sa iyong maglalakbay sa mga iglesiya at sa mga bansa, makikita mo na ang Diyos ay gumagawa ng magkaibang bagay sa bawat lugar; at kailangan nating malaman kung ano ang sasabihin sa mga manggagawa sa bawat sitwasyon.

Ang Espiritu ng kaalaman ay maaari ring maghayag ng hinaharap. Ito ay isa sa mga ministeryo ng Banal na

Espiritu na ipinangako ni Cristo sa Juan 16:13: "*...kanyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na darating."* Ihahayag ng Panginoon sa Kanyang Iglesiya ang maraming bagay, at nais nating maging sensitibo sa Espiritu.

Ipinakita sa akin ng Panginoon ang pagbagsak ng Jerusalem sa mga huling araw nang ako at aking asawa ay bumisita sa Israel nung 1973. Nakita ko ang mga Arabong hukbo na pinaliligiran ang Jerusaem sa mga burol at pagkatapos ay pumasok sa Jerusalem. Sa pangitaing ito ang Jerusalem ay halos matalo na nang dumating ang Panginoon. Nakita ko ang panghinaharap na katuparan ng propesiya ni Zacarias kapitulo 14 sa pamamagitan ng Espiritu ng kaalaman.

Ang ika-pitong pagpapahid ay **ang Espiritu ng pagkatakot sa Panginoon.** Ito ang pagpapahid na nagdadala ng sumbat ng Banal na Espiritu at nagdudulot ng pagsisisi at *revival*. Ito ay maaaring ibuhos sa isang bansa, isang komunidad o isang indibidwal (tingnan ang Gen. 35:5 at Josue 2:9).

Ang Espiritu ng pagkatakot sa Panginoon ay ibinuhos sa Iglesiya sa Bagong Tipan na makikita sa Gawa 5:11-13: *"Sinidlan ng malaking takot ang buong iglesya, at ang lahat ng mga nakarinig ng mga bagay na ito. Sa pamamagitan ng mga apostol ay ginawa ang maraming tanda at kababaglaghan sa gitna ng mga tao. Naroon silang lahat na nagkakaisa sa portiko ni Solomon. Sinuman sa kanila ay di nangahas na makisama sa kanila subalit sila'y itinataas ng mga tao."*

Dahil sa pagkatakot sa Panginoon (na nangyari sa pamamagitan ng paghatol ng Diyos kina Ananias at Safira) nagkaroon ng matinding pagsumbat ng Banal na Espiritu sa mga tao. Tanging ang mga taos-puso lamang ang pumunta sa mga gawain.

May alam akong sitwasyon na kahawig nito. Mayroong nakapamaka-Diyos na iglesiya sa Hilagang Inglatera na walang may dumadalo hanggang sa ang lahat ay maitama sa kanilang mga buhay sa Panginoon. Ang pagkatakot sa Panginoon ay nasa iglesiyang iyon na may matinding kombiksyon ng kasalanan. Kung mayroong dumalo na may ginawang mali, ito ay mahahayag sa pamamagitan ng pangangaral o propesiya.

Ang pagkatakot sa Panginoon ay naipamalas sa buong mga bansa sa mga panahon ng revival. Sa panahon ng *revival* sa Wales sa pagsisimula ng ikadalawampung siglo, naubusan ng mamimili ang mga tindahan ng alak at napilitang magsara. Hindi bihirang makita ang mga makasalanan na humihikbi at literal na gumagapang sa kanilang mga kamay at tuhod upang makarating sa simbahan para sa panalangin. Nung panahon ng *revival* sa Sweden, ang mga lalaki at babae ay nagkaroon ng mga pagsumbat sa kanilang mga kasalanan kung kaya't sila ay bumabangon sa kanilang mga higaan sa kalagitnaan ng gabi. Naglalakad sila ng napakalayo para maghanap ng simbahan na bukas pa, upang sila ay makatanggap ng panalangin at paglaya mula sa pasanin ng kanilang kasalanan.

Ito ang muling gagawin ng Diyos sa bawat mga bansa sa mga huling araw. Kailangan nating magsimulang umiyak

para sa Espiritu ng pagkatakot sa Panginoon na mapasa ating mga buhay. Habang tayo ay lumalakad sa pagkatakot sa Panginoon sa ating personal na mga buhay, minamahal, tayo ay maaaring maging daluyan upang magdala ng *revival* sa ating mga iglesiya, mga lungsod at mga bansa.

Kung kayo ay magiging lubos na nakatalaga sa Panginoon at lalakad sa Kanyang mga daan, makikita ninyo ang Diyos na ibubuhos ang Espiritu ng pagkatakot sa Panginoon. Nawa ay ihanda natin ang ating mga puso ngayon para sa pagkilos ng Diyos sa huling araw, upang tayo ay maging mga kalahok at hindi lamang mga tagapagmasid!

Dahil ang ating Panginoong Jesu-Cristo ay pinahiran ng pitong Espiritu ng Diyos, nagawa Niyang ihayag ang kapangyarihan ng Diyos. Sa parehong pagpapahid na ito, ang Iglesiya sa huling panahon ay muling ipapakita sa mundo ang kapangyarihan ng Diyos at magdadala ng *revival* sa mga bansa.

Habang ang Isaias 11:1-2 ay nangungusap tungkol sa mga dakilang pagpapahid na nananahan sa Panginoong Jesu-Cristo, mababasa pa natin sa talatang lima, *"Katuwiran ang magiging bigkis ng kanyang baywang, at katapatan ang pamigkis ng kanyang mga balakang."*

**Kailangan natin ang pagpapahid ng pitong Espiritu ng Diyos na na kay Cristo upang tulungang madala ang Iglesiya na sapat na gulang sa mga Huling Araw na ito.**

Ang pagpapahid lamang ay hindi sapat. Ang ilan sa Lumang Tipan ay nabigyan ng kapangyarihan sa pamamagitan ng mga pagpapahid na hindi natin nakita kahit sa ating panahon, magkagayunman, sila ay nabigo. Si Samson ay pinahiran ng Espiritu ng kalakasan. Napakadakila ng Espiritu na iyon kay Samson na nakaya niyang buhatin ang mabibigat na tarangkahan ng lungsod, binunot ang mga ito mula sa semento at bato, at dinala ang mga ito paakyat sa malayong tuktok ng burol (Huk. 16:3). Nagawa niya ito dahil sa pagpapahid, ngunit ang kanyang buhay ay walang katapatan sa mga kautusan ng Diyos.

Nakatagpo ni Solomon ang Diyos sa kanyang kabataan at tinanggap ang isa sa pitong Espiritu ng Panginoon, ang Espiritu ng karunungan. Ngunit ang kanyang puso ay naging hati at ang wakas ng kanyang buhay ay mapaminsala. Ang pagpapahid, gaano man ito kalaki, ay hindi mag-iingat sa iyo. Si Saul ay pinahiran, at bumagsak. Ang pagpapahid ay upang magawa ang gawain ng Diyos, ngunit may iba pang hinihingi ang Diyos. Sa Isaias 11:5 makikita natin si Jesu-Cristo ay mayroon nito– katapatan. Hindi lamang Niya tinanggap ang pagpapahid, kundi Siya rin ay tapat, gaya ng paulit-ulit na sinasabi sa atin sa Kasulatan (tingnan sa Heb. 2:17 at Pah. 19:11).

Ang pinakamahalagang bagay sa pakikipagtagpo sa Diyos ay na Siya ay gumagawa ng malalim na pagkilos sa iyong puso. Hindi mahalaga gaano man kalaki ang pagkatawag ng Diyos sa iyong buhay, dahil pinahiran ng Diyos ang maraming tao sa Bibliya na nabigo. Marami ang tinawag, ngunit kaunti ang pinili. Maaaring mayroon kang pagkatawag, ngunit kailangan mo pa ring mapili. *"At*

*iyong mga sumusunod sa Kordero ay tinawag, pinili, at nasumpungang tapat."* Ipinakita sa atin ng Pahayag 7:14 na ang tatlong mga katangian na ito ay kinakailangan sa mga huling araw na ito – **kung hindi ka tapat, hindi mo ito magagawa.**

## "SA ATIN AY IBINIGAY ANG ISANG ANAK NA LALAKI"

Nabasa na natin sa Isaias 9:6 kung saan si Isaias ay nagpropesiya, *"Sapagkat sa atin ay ipinanganak ang isang bata."* Si Jesus ay ipinanganak bilang isang sanggol, kung paano tayo ay ipinanganak na muli sa kaharian ng Diyos bilang mga espirituwal na sanggol. At Siya ay lumaki sa pagkagulang, gaya kung paanong kailangan nating *"lumago sa biyaya."* Ngunit nagpatuloy si Isaias sa pagsabi, *"Sa atin ay ibinigay ang anak na lalaki.*" Ito ay natupad nang si Jesus ay halos 30 taon at iyon ang Kanyang panahon para magpakita sa Israel bilang maygulang na Anak ng Diyos. Doon sa Ilog Jordan, nagsalita ang Ama mula sa langit at sinabi, *"Ikaw ang pinakamamahal kong Anak; sa iyo ako lubos na nalulugod"* (Lk. 3:22). Dito sa panahong ito, na si Cristo ay ibinigay ng Ama, hindi bilang sanggol, kundi ang sapat sa gulang na Anak ng Diyos. Ang Kanyang karakter ay nahubog. Siya ay nakahanda na bilang Palaso ng Diyos. Noon lamang, sa kaganapan ng panahon, na si Jesu-Cristo ay ipinakilala sa Israel ni Juan Bautista nang kanyang sinabi, *"Narito ang Kordero ng Diyos!"* (Jn.1:36). Doon sa Ilog Jordan, Siya ay inilagay sa arko, at Siya ay tinudla ng Ama nang may kapangyarihan tungo sa marka na itinalaga para sa

Kanyang buhay.  Ang markang iyon ay ang krus ng Kalbaryo.

Gayundin, dapat rin nating pagdaanan ang mga paghahanda na dinaanan ni Jesus, upang tayo ay maging mga palaso sa kamay ng Ama.  Ang ating bibig ay kailangang maging katulad ng matalas na tabak o unahan ng pana habang tayo ay nagiging bihasa sa Salita ng Diyos.  Kailangan nating magpasakop sa pagpaparusa ng Diyos, natututo ng pagsunod sa paaralan ng pagdurusa hanggang sa tayo ay maging makinis na baras. Kailangan nating maging mga lalaki at babae na naging mga handang palaso sa lalagyan ng pana ng Panginoon, na bubunutin at itutudla ng Ama sa Kanyang tamang panahon. Sa gayon, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng mga pagpapahid ng Espiritu, tayo ay mapapabilis ng diretso patumbok sa marka ng mataas na pagkatawag ng Diyos.  Minamahal, nawa ang bawat isa sa atin ay maging isang palaso na matutumbok ang tudlaan at magdadala ng paglaya at *revival*, katulad ni Cristo.

# Kabanatang Lima

## *ANG PAGKAMIT NG MANA*

Malinaw na nais ng Panginoon na bigyan ng mana ang bawat isa sa Kanyang mga anak. Matututunan natin kung paano pumasok sa *revival* at matamo ang kaganapan ng ating pagkatawag kay Cristo sa pamamagitan ng pagtingin kung paanong ang bayan ng Diyos sa Lumang Tipan ay nakapasok at nakuha ang para sa kanila. Ginamit ng Diyos ang tatlong tao—sina Abraham, Josue, at David, na ang magkakaibang ministeryo ay magkasamang gumawa upang dalhin ang bayan ng Diyos sa kabuuan ng kanilang mana.

Tinanggap ni Abraham ang pangako ng pamana mula sa Diyos, ngunit hindi niya natanggap ang katuparan ng pangakong iyon. Si Josue na siyang ibinangon upang pangunahan ang lahi ni Abraham ang nagpasimula upang makamit ang mga pangakong ito habang kanilang sinasakop ang lupain ng Canaan.

Bagama't sinimulan niyang angkinin ang mana, hindi nakumpleto ni Josue ang gawain. Si Haring David ang siyang nagpatuloy na nanguna sa mga Israelita sa pag-angkin ng buong lupain at pagkamit ng kabuuang mana na ipinangako sa lahi ni Abraham.

Ang iba't-ibang uri na ito ng ministeryo ay kinakailangan upang tayo ay makapasok sa kabuuan ng ating mana sa kaharian ng Diyos. Nariyan ang ministeryo ng isang Abraham na tumatanggap ng mga pangako ngunit marahil

ay nakakamit lamang ang maliit na bahagi ng katuparan nito. Pagkatapos ay nariyan din ang ministeryo ng isang Josue, na pumapasok upang angkinin ang bahagi ng mga pangako. Pagkatapos nito ay mayroong panahon kung saan ang Diyos ay magbabangon ng ministeryo ng isang David upang dalhin tayo sa kapuspusan ng mga plano ng Diyos.

Sa ilang sitwasyon ito ay mangangailangan ng magkakasunod na ministeryo ng iba't-ibang mga lider. Sa iba namang sitwasyon, hinahayaan ng Panginoon ang isang lider na kumilos sa bawat isa sa tatlong ministeryong ito sa magkakaibang mga panahon ng kanilang buhay. Ngunit kailangan nating kilalanin kung paanong ang mga ministeryo na katulad ng kay Abraham, Josue, at David ay kailangang magkasamang gumawa para sa atin na makapasok sa *revival* at tamuhin ang kabuuan ng ating mana.

## 1. TINANGGAP NI ABRAHAM ANG MGA PANGAKO

Ang tema ng *revival* ay may maraming iba't-ibang aspeto na nakapaloob dito. Ang isang aspeto ay makikita natin sa tipang mga pangako na ibinigay ng Diyos kay Abraham. Sa mismong tiyak na pundasyong ito mapagtatanto natin kung paanong ang mga pangako ng Diyos sa Iglesiya ay matutupad din.

Ang tipan ay isang kasunduaan sa pagitan ng dalawang partido. Marami tayong mga kasunduan sa daigdig ngayon, ang ilan sa mga ito ay napakadali lang nabali. Si Hitler ay mahilig gumawa ng mga pakikipagtipan at

pagkikipagkasundo, ngunit paulit-ulit niyang sinira ang mga ito. Gayunpaman, ito ay ibang-iba nang ang Diyos ay nakipagtipan kay Abraham.

## ANG MGA PANGAKO NG DIYOS AY TIYAK

Sa Genesis kapitulo 15 mababasa natin nang ang Panginoon ay nakipagtipan kay Abraham. Sa mga talatang 9-10, kumuha si Abraham ng mga hayop bilang handog at hinati ang mga ito sa gitna. Ang dahilan nito ay sa sinaunang Gitnang Silangan, kapag ang dalawang partido ay gumawa ng tipan, hahatiin nila ang mga ito at ang dalawang partido ay lalakad nang magkasama sa pagitan ng mga piraso upang selyuhan ang kanilang tipan. Ang dalawa na dapat lumakad sa pagitan ng mga hayop na iyon ay ang Diyos at si Abraham. Ngunit mababasa natin sa talatang 12 na ang mahimbing na pagkatulog ay dumating kay Abraham, at hindi niya naselyuhan ang tipan. Sa halip, ay mababasa natin sa talatang 17, *"Nang lumubog na ang araw at madilim na, isang hurnong umuusok at ang isang tanglaw na nagniningas ang dumaan sa gitna ng mga hinating hayop."* Kaya ang dalawa na nagselyo sa tipan ay ang Diyos Ama (ang palayok na umuusok, Heb. 12:29) at ang Panginoong Jesu-Cristo (ang nagniningas na tanglaw, Juan 8:12).

Si Abraham ay hindi dumaan sa pagitan ng mga hayop na iyon dahil ang tipang ito ay hindi nakasalig sa mga pangako o sa kalakasan ng tao. Ito ay ginawa at iingatan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos Ama at ng Panginoong Jesu-Cristo. Silang Dalawa ay magkasamang

nagkasundo na tuparin ang tipan na Kanilang ginawa kay Abraham. Ito kung gayon ay hindi kailanman maaaring baliin.

Paglipas ng ilang taon matapos gawin ng Panginoon ang tipang ito, inulit Niya ang pangako ng katuparan nito kay Abraham (Gen. 17:1-5). Kahanga-hanga kapag ang Diyos ay nagsasalita sa atin, ngunit higit na mas kahanga-hanga kapag pinagtitibay ng Diyos ang isang pangako na Kanyang ibinigay sa iyo pagkalipas ng maraming mga taon. **Minsan maaari nating makalimutan kung ano ang mga sinabi ng Diyos sa atin, kailangan natin maging maingat na bantayan ang Kanyang mga pangako sa ating mga puso.** Ngunit kahit pa makalimutan natin, Siya na gumawa ng pangako ay hindi nakakalimot.

Pagtalon ng maaga sa 400 taon makikita natin sa panahon ni Moises na *"...naalala ng Diyos ang kanyang tipan kina Abraham..."* (Exo. 2:24). Sa buong kasaysayan ng mga anak ni Israel patuloy na inaalala ng Diyos ang Kanyang tipan na Kanyang ginawa kay Abraham. Kahit sa kasalukuyang mga panahon makikita natin na inihahanda ng Diyos ang modernong bansa ng Israel na makapasok sa higit pang katuparan ng Kanyang tipang mga pangako kay Abraham.

Mahalagang maunawaan natin ito dahil ang tipan kay Abraham ay ang susi sa *revival* para sa Iglesiya ng Diyos. Tayo ang mga anak ni Abraham sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo (Gal. 3:29), at sa mga huling araw na ito, ay tutuparin ng Diyos ang Kanyang mga pangako kay Abraham sa pamamagitan ng Iglesiya. Kaya

mahalaga na tayo ay matulad sa tribo ni Isaachar sa 1 Cronica 12:32, na nauunawaan ang mga panahon kung saan sila nabubuhay at nalalaman kung ano ang dapat nilang gawin. Ayaw natin ng nasa labas lamang at nagmamasid kung ano ang ginagawa ng Diyos, kundi nais nating magkaroon ng personal na karanasan ng *revival* na ito na inihahanda ng Diyos para sa Kanyang bayan.

Sa takdang panahon aalalahanin ng Diyos ang mga pangakong ginawa Niya para sa Iglesiya, at ang mga pangako na Kanyang ginawa sa bawat isa sa inyo. Mababalikan ko pa maraming taon na ang nakalipas nang ang anghel ng Panginoon ay tumayo sa harapan ko at binigyan ako ng isang pangitain at mga pangako. Tiwala ako na tutuparin ng Diyos sa aking buhay kung ano ang ipinakita sa akin nang ako ay maliit na bata pa lamang.

Nung ako ay nasa Inglatera maraming taon na ang nakaraan. Napakalinaw kong nakita kung paano inaalala ng Diyos ang Kanyang mga pangako. Mayroong isang misyonero na bumalik mula sa Aprika upang pag-aralin ang kanyang mga anak. Siya ay naging isang pastor ngunit nawala ang pangitain ng pagkatawag ng Diyos para sa pagmimisyon, at sa loob ng maraming taon siya ay sunod-sunod na nagkaroon ng pagdadalamhati. (Kung ilalagay mo ang iyong mga anak na una bago ang Diyos, ikaw ay magkakaroon ng mga kapighatian, ngunit kung uunahin mo ang Diyos Siya ang bahala sa lahat ng iba pang bagay). Nang binisita ko siya sa sangang-daan ng kanyang buhay, sinimulang buhayin muli ng Diyos ang mga propesiya na Kanyang ibinigay sa kanya nang mga nagdaang taon. Ang taong ito ay buong-pusong nanumbalik sa Diyos, at hiningi

sa Panginoon na tuparin ang pangitaing ito. Pinabalik siya ng Diyos sa Aprika, at sa loob ng anim na buwan pinangunahan niya ang isang malaking *revival* na may maraming tao ang naligtas, gumaling, at napuspos ng Banal na Espiritu. Pagkatapos niyon bumalik siya sa Inglatera, at ngayon ay namatay at nasa Panginoon na. Ngunit sa loob lamang ng anim na buwan ay binigyan siya ng Diyos ng masaganang bunga.

Naniniwala ako na ilan sa inyo na nagbabasa nito ay may pagkatawag ng Diyos sa inyong mga buhay sa maraming taon na, ngunit hindi ninyo ito pinansin. Nais ng Panginoon na maglagay ng pananampalataya sa inyong mga puso upang mapagtanto na naaalala ng Diyos ang Kanyang mga pangako sa inyo. Kung manunumbalik kayong muli sa Diyos, ang mga pangako, mga kaloob, at mga pagkatawag ng Diyos sa inyong buhay ay mapapanibago at matutupad.

## ANG DALAWANG BAHAGING MANA NI ABRAHAM

Si Abraham ay lalaki ng Diyos na tumanggap ng mga dakilang pangako. Mayroong dalawang bahagi na ipinangako sa kanya: ang panlupang heograpiyang pamana, at isang panlangit na espirituwal na mana.

**Ngunit kahit pa makalimutan natin, Siya na gumawa ng pangako ay hindi nakakalimot.**

Sa Genesis 13:15-16 ipinangako ng Panginoon kay Abraham, *"Sapagkat ang buong lupaing natatanaw mo ay ibibigay ko sa*

*iyo, at sa iyong binhi magpakailanman. Gagawin kong parang alabok ng lupa ang iyong binhi…"* Sinabi ng Panginoon kay Abraham na parang "*alabok ng lupa"* ang kanyang lahi ay mabibigyan ng panlupa, heograpiyang pamana. Pagkatapos sa Genesis 22:17 ipinangako rin ng Panginoon na pararamihin ang binhi ni Abraham na *"gaya ng mga bituin sa langit."* Ito ay nangangahulugan na doon ay ibinigay rin ang isang panlangit, espirituwal na pamana kay Abraham sa pamamagitan ng kanya mga supling.

## ANG ATING HEOGRAPIYANG MANA

Mayroong heograpiyang mana na nais ibigay ng Panginoon sa Kanyang bayan. Hindi tayo maaaring pumunta na lamang kahit saan natin gusto at angkinin ang lokasyon na iyon bilang atin. Para sa atin na makarating sa isang lugar at ariin ito para sa kaharin ng Diyos, kailangan muna nating makatanggap ng pangitain mula sa Diyos tungkol sa mga hangganan na ibinigay Niya sa atin. Maaaring ibigay ng Panginoon sa isang iglesiya ang isang pangitain ng pag-abot sa kanilang lokal na lugar ng ebanghelyo. Sa iba, maaaring magsalita ang Panginoon at tawagin sila na katulad ni Jose na naging isang *"mabunga…sanga'y gumagapang sa ibabaw ng pader."* (Gen. 49:22). Maaaring mangahulugan ito na kukunin nila ang kalapit na mga lugar o lungsod para kay Cristo, o sasali sa gawain ng pagmimisyon.

Si Abraham ay binigyan ng pangitain ng Panginoon na siya ay magiging ama ng maraming bansa (Gen. 17:4). Ang kanyang mana ay hindi lamang para sa isa o dalawang lungsod; ito ay para sa mga bansa. Ito rin ang pangitain na

kailangan natin para sa ating panahon. Sinasabi ng Diyos sa atin ang tungkol sa mga huling araw, *"Maraming bansa ang sasama sa Panginoon sa araw na iyon, at magiging aking bayan"* (Zec. 2:11). Inihahayag rin ng Kasulatan, *"ang mga bansa na hindi ka nakikilala ay tatakbo sa iyo, dahil sa Panginoon mong Diyos, at para sa Banal ng Israel sapagkat kanyang niluwalhati ka."* (Isa. 55:5). **May mga bansa na naghihintay para sa mga iglesiya na makapasok sa *revival* at makarating sa kaluwalhatian ng Diyos**. Kapag nangyari ito, itataas ng mga bansang ito ang kanilang mga kamay sa Diyos, katulad ng sinasabi ng Awit 68:31 tungkol sa Etiopia. Kailangan nating palawakin ang ating pangitain upang makita na bago ang pagparito ng Panginoon magkakaroon ng mga dakilang *revival* kung saan ang buong mga bansa ay lalapit sa Panginoon.

Sa pag-aaral natin ng mga *revival* sa Panahon ng Iglesiya, makikita natin na ang buong mga bansa sa pana-panahon ay matatakpan ng Espiritu ng Diyos at mababago hanggang sa ideklara nila na ang Diyos ang pinuno ng kanilang bansa. Sa panahon ni Martin Luther, ang bansang Alemanya ay nabago at tumalima sa mga kaparaanan ng Diyos. Ang *revival* ay nagkaroon ng matinding epekto sa bansa na kahit sa ngayon ang pambansang iglesiya ng bansa ay ang Iglesiyang *Lutheran*.

Gayundin sa Inglatera noong panahon ni John Wesley. Ang Inglatera ay kakila-kilabot na tumalikod at napuno ng kalasingan at kamunduhan. Ngunit pagkatapos ng *revival* na pinangunahan ni John Wesley, ang buong bansa ng Inglatera ay tumalima sa mga kaparaanan ng Diyos.

Sa pagsisimula ng ika-20 siglo pinangunahan ni Evan Roberts ang Welsh Revival. Nagkaroon siya ng napakalaking epekto sa kanyang buong bansa. Ang buong bansang Wales ay lumapit sa Diyos dahil ang lalaking ito ay hindi nakuntento na makita ang Espiritu ng Diyos na kumilos sa isang iglesiya o isang lugar lamang. Bagama't ang *revival* ay hindi nakarating sa labas ng bansa, ang balabal ng *revival* ay kumalat hanggang sa ang buong bansang Wales ay lumapit sa Diyos.

Naniniwala ako na kailangan nating hingin sa Panginoon kung ano ang mga heograpiyang hangganan ng ating mana. Kailangan mong hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung ano ang itinalaga Niya para sa iyo at sa iyong iglesiya. Maaaring sabihin sa iyo ng Panginoon, "Nais kong paniwalaan mo na ang buong mga siyudad sa paligid mo ay lumapit sa Akin at maging mana mo." Ngunit naniniwala ako na sa mga huling araw na ito, nais ng Diyos na tayo ay palawakin at bigyan ang marami sa Kanyang mga anak ng pangitain ni Abraham. May mga bansa na magiging mana natin.

## ANG ATING ESPIRITUWAL NA MANA

Pangalawa, mayroong espirituwal na mana. Hindi lamang ito heograpiya o "pahalang" na mana na kailangan nating matamo, kundi kailangan nating maniwala na mayroong espirituwal o "patayong" mana kung saan ang mga iglesiya ay makakapasok sa kapuspusan ng espirituwal na mana na mayroon ang Diyos para sa atin sa mga huling araw na ito.

Sa mga sumunod na mga henerasyon at *revival*, hindi lamang naangkin ng Iglesiya ang tiyak na mga heograpiyang lugar, kundi nadagdagan rin ang kanyang espirituwal na mana at nakarating sa mas mataas na larangan sa espirituwal. Si Luther ay nagkaroon ng epekto sa lahat ng Alemanya at inangkin ang bansang iyon para sa Diyos. Iniwan nila ang kanilang idolatriya at tumalikod upang maglingkod sa buhay na Diyos. Samantalang ang mga heograpiyang hangganan ay nagapi, dinala rin sila ni Luther sa mas mataas na liwanag ng espirituwal na mana na mayroon siya, at iyon ay ang pagiging matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya.

Si John Wesley ay pumasok sa pagiging matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, ngunit nagpatuloy siya upang tanggapin ang mensahe ng kabanalan at ang pangitain para sa pagmimisyon. Ang bansang Inglatera ay nagpatuloy upang maging misyonerong bansa malaking kadahilanan ay ang *revival* na iyon. Ang *revival* na dinala ni Evan Roberts sa Wales ay nagpanauli ng higit pang mga katotohanan patungkol sa gawain ng Banal na Espiritu sa mga anak ng Diyos. Bawat matitinding *revival* magmula pa sa panahon ni Martin Luther ay nakatulong upang pangunahan ang Iglesiya sa isang mas dakilang liwanag, upang ang Iglesiya ay makapasok sa ganap na pagkagulang at makamtan ang kabuuan ng esprituwal nitong mana.

## ANG MANA AY DARATING SA PAMAMAGITAN NG BINHI

Katulad ng nakita natin, si Abraham ang tumanggap ng mga dakilang pangako mula sa Diyos, subalit sa panahon

ng kanyang buhay sa lupa, natamo lamang niya ang maliit ng katuparan ng mga ito. Sinabi ng Panginoon kay Abraham na siya ay mabibigyan ng kabuuan ng kanyang mana sa pamamagitan ng kanyang lahi, o binhi (Gen. 12:15-16, 15:4-5, 22:17-18). Samakatuwid ang susi ay nakasalalay sa binhi.

Si Abraham ay 100 taong gulang nang ipinanganak si Isaac. Napakatagal ng paghahanda ng Diyos kay Abraham upang siya ay maging handa na mailuwal ang anak ng pangako. Kadalasan naghihintay ang Panginoon na tuparin ang Kanyang mga pangako para sa ating mga buhay dahil sa kalidad na hinahangad Niyang ihanda sa atin bago Niya tayo pagpalain at paramihin.

Nakita ko at ng aking aking asawa ang isang magandang ilustrasyon ng katotohanang ito noong kami ay nanirahan sa Hilagang Kanluran ng Amerika. Ang ilan sa mga Kristiyanong magsasaka roon ay nagpaliwanag sa amin kung paano nila ginugol ang ilang taon, sa pagpapabuti ng isang bagong uri ng mansanas na pinangalanan nilang *Golden Delicious*. Maingat nilang binuo ang binhi sa loob ng maraming taon, ngunit noong perpekto na ang binhi, agad silang nagsimula sa pagpaparami ng mga puno at ipinadala ang mga bunga nito sa maraming mga bansa. Sa parehong paraan, madalas ay gumugugol ang Diyos ng maraming taon na mabuo ang kalikasan ng Kanyang ipinangakong Anak sa atin, ngunit kapag ang purong binhi ay nagbunga, napakabilis Niya itong pinararami sa mga bansa. Gaya nina Abraham at Sarah na nagkaroon ng ipinangakong anak nang sila ay matanda na at lagpas na sa natural na pag-asa, makikita natin si Cristo na lalabas sa

pamamagitan ng Iglesiya sa katapusan ng panahong ito. Si Cristo ay babangon at dadalhin ang Iglesiya sa kanyang buong mana!

## 2. NAGSIMULANG PUMASOK SI JOSUE AT INANGKIN ANG MANA

Sa kabuuan ng kanyang buhay, si Abraham ay isang dayuhan sa lupaing ipinangako sa kanya at sa kanyang mga inapo. Ang tanging pag-aari niya sa ipinangakong mana ay ang bukirin at kuweba kung saan niya inilibing si Sarah (Gen. 23:3-20). Ang lalaki na siyang ibinangon ng Diyos upang masimulang pasukin ang mana ay si Josue. Ang Panginoon ay naghahanap ng maraming "Josues" na kayang pangunahan ang mga tao sa kanilang mana sa mga huling araw na ito. Ang buhay at ministeryo ni Josue ay maaaring hatiin sa tatlong bahagi: ang kanyang paghahanda, ang kanyang pagtawid patungo sa mana, at ang pag-angkin sa lupa.

## ANG PAGHAHANDA NI JOSUE

Ang unang pagkakataon na mababasa natin ang tungkol kay Josue sa Kasulatan ay sa Exodo 17:9 nang pinangunahan niya ang Israel sa pakikipagbaka laban sa mga Amalekita. Ang mga Amalekita ay simbolo ng laman kung paanong si Amalek ay apo ng karnal na si Esau (Gen. 36:12). Upang maging isang lider, kailangan nating magkaroon ng personal na katagumpayan sa ating mga buhay laban sa laman. Kung hindi, ang mga Amalekita (mga gawa ng laman) ay babangong muli at wawasakin tayo, gaya ng ginawa nila sa buhay ni Saul. Si Haring Saul

ay sinabihan ng Panginoon na lubusang wasakin ang Amalek ngunit siya ay hindi sumunod. Sa katapusan ng kanyang buhay isang Amalekita ang pumatay sa kanya (2 Sam. 1:6-10). Mahalagang mapagtanto na kung tayo ay naghahanda para sa pangunguna, kailangan nating magkaroon ng personal na katagumpayan laban sa mga Amalekita. Kapag tayo ay bata pa dapat dumaing tayo sa Diyos, "O Diyos, likhain Mo sa akin ang malinis at dalisay na puso. Panginoong Jesus, nais kong harapin ang mga bahaging ito ng laman sa aking buhay. Sa aking kabataan bigyan Mo ako ng katagumpayan sa mga bagay na ito, upang sa aking pagtanda, ay hindi sila babangong muli at ako ay pabagsakin."

Mababasa rin natin na natutunan ni Josue na manatili pa sa presensiya ng Diyos sa kanyang pag-akyat sa bundok ng Diyos kasama si Moises (Exo. 24:13). Kalaunan makikita natin na si Josue ay nanatili sa tabernakulo kahit tapos na si Moises sa kanyang gawain at umalis na (Exo. 33:11). Si Josue ay nanatili sa presensiya ng Diyos upang linangin ang isang malapit na relasyon sa Kanya. Ang lahat ng totoong ministeryo ay bunga ng ating paglalaan ng oras sa pakikipagtagpo sa Diyos at pagpahintulot sa Kanya na ilagay ang Kanyang kalikasan sa ating kalooban.

Bago napili si Josue bilang bagong lider ng Israel, natutunan niya muna ang maging tapat bilang isang tagapaglingkod kay Moises (Exo. 24:13). Ang responsibilidad ay nabubuo unti-unti habang tayo ay nagiging tapat sa maliliit na mga gawain ng pang-araw-araw na buhay. Huwag mong itaas ang sinuman na hindi ginawa ng maayos ang responsilidad sa maliliit na gawain.

Kung tayo ay pinili para maghugas ng mga pinggan o maglinis sa simbahan, marahil walang ibang nakakakita, pero nakikita ito ng Diyos. Kung gayon, ang Diyos ang magtataas sa isang tapat sa mas malaki at dakilang mga responsibilidad. Sinabi ni Jesus, "*Ang taong mapagkakatiwalaan sa maliliit na bagay ay mapagkakatiwalaan din sa malalaking bagay,"* (Luk. 16:10).

## ANG PAGTAWID PATUNGO SA MANA

Ang Panginoon ay nangusap kay Josue bago niya pangunahan ang mga Israelita sa pagtawid sa Jordan patungo sa Lupang Pangako (Jos. 1:1-9). Sa talatang 3 sinabi ng Panginoon sa kanya, *"Bawat dakong tuntungan ng talampakan ng inyong paa ay naibigay ko na sa inyo."* Ito ay pag-uulit sa isang pangako na una ng ginawa ng Diyos kay Abraham sa Genesis 13:17. Ngayon ang pangako ay inulit sa isa na talagang aangkinin ng mana.

Sa Josue 1:5, binigyan din ng Panginoon si Josue ng isang pangako para sa kanyang pamumuno. *"Walang sinumang tao ang magtatagumpay laban sa iyo sa lahat ng mga araw ng iyong buhay; kung paanong ako'y kasama ni Moises, ako'y makakasama mo rin. Hindi kita iiwan ni pababayaan man."* Ang isang lider ay kailangang magkaroon ng personal na mga pangako mula sa Diyos. Hindi siya maaaring magpatuloy lamang sa mga pangako na mayroon ang naunang lider sa kanya. Hindi niya maaaring isipin na siya ay magiging isang tagapangunang pastor o misyonero dahil siya ay ipinadala ng kanyang pastor. Hindi siya maaaring manangan na lamang sa katotohanang iyon.

Hindi, kapag ang isang tao ay napakalayo, kailangan niyang magkaroon ng sarili niyang personal na mga pangako mula sa Diyos.

Sa talatang pito ipinagpatuloy ng Panginoon, *"Magpakalakas ka lamang at magpakatapang na mabuti. Gawin mo ang ayon sa lahat ng kautusang iniutos sa iyo..."* (Jos. 1:7). Bago tumawid si Josue patungo sa mana, kinatagpo siya ng Panginoon at sinabi sa kanya na sundin ang *lahat* ng Kautusan, hindi lamang ang bahagi nito. **Napakahalaga para sa isang lider na lubusang sundin ang mga kautusan ng Diyos dahil dinedetermina ng pamunuan kung gaano kalayo ang mararating ng iglesiya sa Diyos.** Kung pahihintulutan ng lider ang mga doktrina na hindi tama at hahayaan ang pagkahalo, ang mana ay makokontamina. Nais ng Diyos ang makadiyos na binhi at kabanalan. Ang dahilan kung bakit palalayasin ng Diyos ang mga dating nakatira sa Canaan ay dahil napakasama nila at dinumihan ang lupain. Bakit kailangang ibigay ng Diyos sa atin ang lupa kung mayroon tayong kaparehong mga kasalanan katulad ng dating mga tao na aalisin ng Diyos? Ito ay magiging katulad sa isang tao na sinubukang magpalayas ng demonyo sa katawan ng isang tao ngunit sinabi ng demonyo sa kanya, "Hindi mo ako mapapalayas dahil ang kaibigan ko ay nasa iyo!"

Minsan nagtataka ang mga tao kung bakit nangangailangan pa ng isang bagong iglesiya o isang bagong gawain ng pagmimisyon sa isang lugar, samantalang marami naman na ang bilang ng mga ito doon. Ang dahilan minsan ay sapagkat ang iba ay hindi lubusang sumusunod sa mga kautusan ng Diyos. Si Cristo ay babalik para sa isang

Kasintahang Babae na walang bahid o dungis. Iyan ang dahilan kung bakit nais nating maging lubos na nakatalaga para sa Diyos. Ang mga taong mabibigyan ng mana ay ang mga naghahangad ng kabanalan.

Nang ang mga Israelita ay tumawid sa Jordan, sinabi sa atin na kailangang may agwat sa pagitan ng mga tao at ng kaban ng humigit kumulang sa 2,000 siko (Jos. 3:4). Sa mga numero sa Bibliya ang 2,000 ay nangangahulugan ng tinatayang haba ng Panahon ng Iglesiya. Kaya kapag nababasa natin na ang mga tao ay sumunod sa kaban (na simbolo ng ating Panginoong Jesu-Cristo) humigit kumulang 2,000 siko sa likuran, ito ay tumutukoy sa kung paanong ang Iglesiya ay makakapasok sa mana ng Diyos sa mga huling araw na ito, humigit kumulang sa 2,000 taon pagkatapos pumasok ng ating Panginoon.

Ang mana na papasukin ng Iglesiya ay makikita rin sa pamamagitan ng tatlong asawa ni Abraham na sina Hagar, Sarah, at Keturah. Si Hagar ay kumakatawan sa Israel sa Panahon ng Kautusan (Ga. 4:24-25). Si Sarah ay tumutukoy sa Panahon ng Iglesiya (Ga. 4:22-28), at si Keturah ay uri ng Israel sa Milenyo. Ngunit mababasa natin sa Genesis 25:1-6 na habang si Abraham ay namigay ng mga kaloob sa iba niyang mga anak, ibinigay niya ang kabuuan ng kanyang pamana sa anak ni Sarah, si Isaac. sa ganito ring paraan, ang Iglesiya ay mamanahin ang lahat ng espirituwal na mga pagpapala. Ang lahat ng ipinangako ng Diyos kay Abraham ay espirituwal na matutupad sa Iglesiya.

**Kailangang mabuksan ang ating mga mata upang makita kung ano ang sinabi ng Diyos sa Kanyang Salita para sa henerasyong ito.** Kailangan nating maniwala na ang Panginoon ay babalik para sa isang sinakdal na Iglesiya na walang bahid o kulubot. Nais nating idaing sa Diyos at sabihin, "Panginoon, nais kong maunawaan kung ano ang ibubuhos Mo para sa Iglesiya sa mga huling araw na ito. Panginoon, nais ko na gawin Mo ang Iyong kasakdalan, kabanalan, at kagandahan sa akin, upang hindi ako magkulang sa anumang bagay na ipinangako Mo para sa Iglesiya sa mga huling araw na ito."

Ang espirituwal na kahulugan ng pagtawid sa Jordan ay may partikular na kahalagahan. Maraming taon na ang nakalipas nang ako at ang aking asawa ay unang tumungo sa Israel, at ang ang Panginoon ay nangusap sa amin na ibig Niyang kami ay tumawid sa Ilog ng Jordan. Nang tinawid namin ito, nagtanong ako, "Panginoon, ano ang ibig sabihin nito?" Nangusap ang Panginoon sa akin, "Ito ang pagtutuli ng puso – ito ang ipinakong buhay." Ang pagtawid sa Jordan ay kumakatawan ng karanasan kung saan alam natin na ang ating lumang pagkatao ay ipinakong kasama ni Cristo (Gal. 2:20, Rom. 6:6). Mababasa rin natin sa Josue 3:15-16 ang lungsod ng Adan na kaugnay sa pagputol sa mga tubig na dumaloy pababa sa Patay na Dagat. Ang Adan ay tumutukoy sa ating lumang makasalanan na kalikasan, na kailangang maputol kung nais nating pumasok sa ating "Lupang Pangako."

Sa Josue kabanata 5, ang mga Israelita ay agad tumungo sa Gilgal pagkatapos makatawid sa Jordan. Ang Gilgal ay kung saan ang mga lalaking Israelita ay tinuli, na siyang

**Kailangan nating maniwala na ang Panginoon ay babalik para sa isang sinakdal na Iglesiya na walang bahid o kulubot.**

pagputol ng laman. Sa espirituwal ito ay kumakatawan sa isang pagputol sa natural, makasalanan, na kalikasan ni Adan kung saan tayo ay ipinanganak (Rom. 2:28-29). Ang Gilgal ay kumakatawan sa pagputol ng Diyos tungkol sa sinabi niya sa atin sa pagtawid sa Jordan. Tunay nga na magiging napakasakit nito kapag pinuputol ng Diyos ang mga bagay sa ating mga puso at buhay. Ngunit tulad kung paanong si Abraham sa Genesis 17:7-14 ay sinabihan na siya at kanyang lahi ay kailangang matuli upang manahin ang lupain ng Canaan, ito ay totoo rin sa espirituwal para sa isang Kristiyano na hindi natin matatanggap ang ating mana hanggang sa tayo ay matuli sa ating puso.

Nung 1981 nang ako ay nakatira sa New Zealand, dalawang anghel ang bumisita sa akin. Ang isa sa mga anghel ay napakalaki, at may hawak siyang tabak na may salitang “Pagtutuli” na nakasulat sa dulo. Nangusap ang Panginoon sa akin at sinabi, “Ako ay pumunta upang tuliin ang Aking mga anak at ako ay magsisimula sa mga lider. Ang mga magpapahintulot sa Akin na tuliin sila ay makakapasok sa higit pang mga pagpapala.” Ang isa pang anghel ay mas maliit at nakasulat sa kanya ang pangalang “Tagapagpatupad.” Sinabi ng Panginoon, “Kung ang Aking bayan ay ayaw pumayag na sila ay Aking tuliin, ipadadala ko ang isa pang anghel na magpapatupad ng Aking kalooban.” Nakapanghihinayang, dahil nakita

namin ang pangalawang anghel na iyon na hinayag at hinatulan ang maraming kasalanan.

## ANG PAG-AANGKIN NG LUPAIN

Ang layunin ng ministeryo ng isang "Josue" ay upang patawirin tayo sa ibayo ng Jordan, at upang makapagsimula tayong angkinin ang lupain. Upang makarating sa lupain kailangan nating mapabanal, ngunit sa totoong pag-angkin ng lupain, ay magkakaroon ng mga digmaan upang makipagbaka laban sa kaaway. Ang katotohanan na nilinis na tayo ng Diyos at pinutol ang mga maling bagay sa ating mga buhay ay hindi nangangahulugan na naangkin na natin ang lupain. Iyon ay paghahanda lamang upang tayo ay makatayo laban sa kaaway.

Upang magkaroon ng kakayanan si Josue para pabagsakin ang kaaway, nagpakita ang Panginoon kay Josue bilang Pinuno ng Panginoon ng mga Hukbo (Jos. 5:13-15). Bawat lider na "Josue" ay dapat magkaroon ng kapahayagan ni Cristo bilang Mandirigmang Hari. Kailangan nating malaman na *"Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu"* na ibabagsak ng Panginoon ang kaaway (Zec. 4:6). Ito'y sa pamamagitan ng pagpapahid, na mapapalayas natin ang mga kapangyarihan ng demonyo at ang kasamaan na kumukontrol sa mga bansa, at matipon rin ang malawakang pag-ani ng mga kaluluwa.

Binigay ng Panginoon kay Josue ang mga plano para sa unang digmaan na haharapin niya sa Jerico. Si Josue ay hindi nakipagtalo, kundi sumunod sa lahat ng sinabi ng

Diyos sa kanya na gawin. Dahil dito, ang Israel ay nagtagumpay. Ngunit kung pag-aaralan natin ang mga sumunod na digmaan, ang plano ng digmaan sa Jerico ay hindi na muli pang nagamit. Ito ay makikita rin sa pakikipagdigma ni Haring David (2 Sam. 5:18-25). **Kailangang magkaroon ng pagpapapakumbaba sa bahagi ng isang lider na huwag maging mapangahas, kundi sumangguni sa Panginoon para sa Kanyang plano sa labanan upang pagtagumpayan ang bawat kaaway.**

Pagkatapos sa Jerico, ang Israel ay lumusob sa maliit na lungsod ng Ai. Ang payo na tinanggap ni Josue mula sa kanyang mga kapitan ay napaka-lohikal. Dahil ito ay napakaliit na lungsod inakala nila na hindi na kailangang sumama pa ng buong hukbo. Iyon ay karunungan ng tao, ngunit dahil hindi sumangguni si Josue sa Panginoon ang kanyang hukbo ay nagdusa sa isang pagkatalo. Nagpatirapa siya sa harap ng Diyos at hinayag sa kanya ng Panginoon na mayroong kasalanan sa kampo. Ang kasalanan ng isang tao, na si Acan, ay nagdala ng pagkatalo sa buong hukbo.

Upang alisin ang kasalanan sa kampo, binato nila si Acan sa lambak ng Acor (Jos. 7:26). Ngunit sinasabi ng Hosea 2:15, *"At doon ko ibibigay sa kanya ang kanyang mga ubasan, at gagawin kong pintuan ng pag-asa ang Libis ng Acor."* Ang ibig sabihin ng *"Acor"* ay *"kaguluhan"* sa salitang Hebreo. Sa "lambak ng kaguluhan" sinabi ng Diyos na maglalagay Siya ng pintuan ng pag-asa.

Ang mga Israelita ay natalo at pinanghinaan ng loob ngunit binigyan sila ng Diyos ng bagong pag-asa. May mga panahon, tayo ay dumadaan sa personal na Libis ng Acor. Marahil ito at sarili nating pagkakamali. Maaaring hindi natin hiningi sa Diyos ang Kanyang plano sa labanan, o marahil ito ay kasalanan ng mga nakapaligid sa atin na pumipigil sa atin na magpatuloy. Ngunit sa gitna ng ating "libis ng kaguluhan" Ang Diyos ay nagbibigay sa atin ng pintuan ng pag-asa. Pagkatapos ng paglilinis at pagpapakumbaba sa Libis ng Acor, makakaya na nating talunin ang ating mga kaaway katulad ni Josue at mga sinaunang Isarelita.

Ang isa pang kabiguan na mayroon si Josue ay nakatala sa Josue kabanata 9, kung saan ang mga anak ni Israel ay gumawa ng kasunduan sa mga Gibeonita. Sinabi sa kanila ng Diyos na wasakin ang lahat ng mga nakatira sa lupain ngunit nabigo si Josue na sumangguni sa Panginoon at nilinlang sila ng mga Gibeonita na makikipag-alyansa. Nakapunta na kami sa maraming mga bansa sa mundo upang tumulong sa maraming organisasyon at mga gawain ng pagmimisyon, at nakita namin ang katulad na mga sitwasyon na nauulit nang maraming beses.

Kailangan nating maging maingat tungkol sa pakikipag-alyansa sa mga tao sa lupain na nais ibigay ng Diyos para sa atin upang angkinin. Kung gagawin natin, maaaring hindi natin maaangkin ang *lahat* nang nilayon ng Diyos para sa atin. Madalas ay may mga organisasyon at mga iglesiya na gustong hatiin ang lupain. Sasabihin nila na ito ay kanilang teritoryo, at sasabihin nila sa atin na umalis ka magtrabaho sa ibang lugar. O kaya ay sasabihin nila na sila

ay katulad rin natin, kaya maaari tayo sumali sa kanila at maging bahagi ng kanilang grupo.  Ngunit kung sinabi ng *Diyos* na nais Niyang ibigay sa atin ang lugar na iyon bilang mana, at tayo ay gumawa ng maling pakikipag-alyansa, maaaring hindi natin ito makukuha.

Sinakop nina Josue at ng hukbo ng Israel ang karamihang sa mga lugar sa Lupang Pangako, ngunit nasiyahan na sa bahagyang tagumpay at hindi pinalayas ang lahat ng mga kaaway (Jos. 13:1, 18:3).  Ito ay totoo rin sa puso ng tao. **Maraming mga Kristiyano ang nakakaabot sa isang antas sa kanilang paglakad kasama ang Panginoon at nasisiyahan na silang manatili roon, samantalang dapat pa sana silang magpatuloy upang magapi ang *lahat* ng mga kaaway at tamaan ang marka ng mataas na pagkatawag ng Diyos!** Si David ang kinalaunan na nagdala sa lahi ni Abraham sa kabuuan ng kanilang mana, kaya nga, kailangan nating maunawaan ang mga susi sa buhay ni David na magbibigay sa ating lahat ng kakayanan upang lubusang makapasok.

## 3. NATAMO NI DAVID ANG BUONG MANA

Katulad ng nakita natin, natanggap ni Abraham ang mga pangako ng Diyos na siya at ang kanyang salinlahi ay magtatamo ng dakilang mana.  Ngunit sinasabi sa Hebreo 11:13 na siya ay namatay sa pananampalataya, na hindi natanggap ang katuparan ng mga pangakong iyon. Pagkatapos niyon si Josue ang nagsimulang nanguna sa mga Israelita sa pagkamit ng Lupang Pangako, subalit ang bayan ng Diyos ay nasiyahan nang makipagkompromiso sa kanilang mga kaaway at matamo na lamang ang parte ng

kanilang bahagi ng mana. Kung kaya't makaraan ang maraming taon, si David ay ibinangon ng Diyos upang tapusin kung ano ang sinimulan ni Josue. Dinala ni David ang Israel sa kaganapan ng dalawang pangitain ni Abraham, ng isang natural na heograpiyang mana gayundin ang espirituwal na mana.

## NATAMO NI DAVID ANG BUONG HEOGRAPIYANG MANA

Si David ay isang mandirigmang hari na sumakop sa mga nakapaligid na bansa at natamo ang buong heograpiyang hangganan na ipinangako kay Abraham. Ang huling kaaway na binanggit ng Diyos kay Abraham sa Genesis 15:18-21 ay ang mga Jebuseo. Ang mga Jebuseo ay nakatira sa Lupang Pangako hanggang sa panahon ni David. Ngunit ng sinakop ni David ang huli sa mga kaaway na ito, ginawa niya ang kanilang kuta sa burol ng Sion sa Jerusalem na kanyang punong lungsod.

Nagpatuloy si David na mamahala sa Israel at sa lahat ng mga nakapaligid na bansa mula sa Sion. Sinabi niya sa Awit 18:43-44, *"Sa mga pakikipagtalo sa taong-bayan ako ay iniligtas mo; at sa mga bansa'y ginawa mo akong puno, ang naglingkod sa akin ay mga di ko kilalang mga tao. Pagkarinig nila sa akin ay sinunod nila ako; ang mga dayuhan sa akin ay nagsisisuko.*

Sinulat din ni David sa Awit 2:8 ang isang espisipikong pangako ng Diyos na maaari ring tumukoy sa atin, *"Humingi ka sa akin, at ibibigay ko sa iyo ang mga bansa na iyong pinakamana, at ang mga pinakadulong bahagi ng*

*lupa ay iyong pinakaari."* Sa mga huling araw na ito, ang Panginoon ay magdadala ng mga dakilang *revival* na magbibigay sa atin ng mana sa mga bansa. Humingi sa Panginoon kung ano ang mga heograpiyang hangganan ang para sa iyo at sa iyong iglesiya; hindi lamang sa iyong lugar at bansa kundi pati na rin sa mga bansa. **Bagama't maaaring hindi tayo makakapaglakbay sa ibang bansa, kung tayo ay mananalangin para sa mga bansa at tutulong magsuporta sa mga nagministeryo doon, makapasok tayo sa pamanang iyon.**

## NATAMO NI DAVID ANG BUONG ESPIRITUWAL NA MANA

Si David ay isang lalaking ayon sa puso ng Diyos, isang tinamaan ang marka ng mataas na pagkatawag ng Diyos sa sarili niyang buhay. Naranasan niya ang tatlong pagpapahid upang matupad ito. Nabasa natin ang kanyang unang pagpapahid sa 1 Samuel 16:13 kung saan siya ay tinawag ng Diyos. kakailangan din natin ng parehong pagpapahid upang mabuksan ang ating espirituwal na mga mata at mabigyan tayo ng isang kaunawaan ng layunin kung saan tayo ay itinawag.

Habang si David ay naghahanda upang makapasok sa kanyang pagkatawag upang maging hari, siya ay pinahiran sa ikalawang pagkakataon (2 Sam. 2:4). Dito kung saan siya ay pinili upang maging hari ng Judah. Ang ikatlong pagpapahid na tinanggap ni David ay nang siya ay naging hari ng buong Israel (2 Sam. 5:3). Natanggap niya ang pagpapahid na ito dahil sa kanyang katapatan. Ang tatlong pagpapahid na ito ang nagdala sa kanya upang lubos na

makapasok sa kanyang mana bilang tinawag, pinili, at tapat (Pah. 17:14).

Si David ay pumasok din sa pagtamo ng tatlong ministeryo ni Cristo bilang isang propeta, saserdote, at hari. Pagkatapos ay dinala niya ang bayan ng Diyos sa isang dako ng pakikibahagi nitong parehong espirituwal na mana.

Si David ay isang propeta na tumulong din na dalhin ang propetikong balabal sa marami na nasa kanyang kaharian (2 Cron. 29:25, 1 Cron. 25:2). Kailangan nating dumaing para sa isang pagpapanumbalik ng propetikong balabal na alam ni David dahil ang balabal na ito ay kinakailangan upang matulungan na madala tayo sa kapuspusan ng ating mana. Sa mga huling araw na ito, ibubuhos ng Diyos ang Kanyang Espiritu sa ating mga anak na lalaki at babae -at sila ay magpopropesiya (Joel 2:28).

Si David ay saserdote rin. Nang dinadala nila paakyat ang Kaban ng Tipan sinuot niya ang epod na lino ng isang saserdote (2 Sam. 6:14). Inilagay niya ang kaban sa isang tabernakulo sa Bundok ng Sion; at dinala niya ang bansa sa pagpupuri at pagsamba. Bukod pa rito, ipinakita sa atin ng Amos 9:11 at Gawa 15:14-17 na nais ibalik ng Panginoon ang Tabernakulo ni David sa Iglesiya. Kailangan natin ang mga ministeryo ni David upang dalhin ang bayan ng Diyos sa kapuspusan ng ministeryo ng saserdote sa mga huling araw na ito.

Si David ay hindi lamang propeta at saserdote, kundi siya rin ay isang hari. Dinala niya ang bayan ng Diyos sa ilalim ng isang balabal ng kapangyarihan ng kaharian, kung

paanong namahala ang Israel sa mga nakapaligid na bansa. Upang dalhin ang Iglesiya sa pagkagulang, kailangan din nating pumasok sa pagpapahid na ito ng kapangyarihan, upang mamuno at maghari kasama ni Cristo.

Ako at ang aking asawa ay nanirahan sa Aprika sa nakalipas na mga taon at nagturo sa isang primitibong tribo. Nananalangin ako kung ano ang ituturo sa kanila nang mangusap ang Panginoon sa akin, "Ako ay magkakaroon ng mga hari at saserdote mula sa bawat tribo, bansa, at wika. Ituro mo ang kaparehong mga katotohanan sa mga primitibong tao na ito na tinuturo mo sa mga maunlad na bansa dahil gagawin Ko silang mga hari at saserdote na mamamahala sa walang hanggan." Ito ay isang relasyon na nais pagdalhan ng Panginoon sa lahat ng Kanyang anak upang matamo natin ang kabuuan ng ating mana.

## ANG PAGBAGSAK NI DAVID

Nais kong banggitin ang isa pang aspeto ng buhay ni David. Si David ay nakilala hindi lamang sa kanyang mga makadiyos na katangian, kundi sa kanya ring pagkabagsak sa kasalanan. Sa mga aklat ng 1 at 2 Samuel, ang makasalanang kalikasan ni David ay ipinakita, ngunit sa mga aklat ng 1 at 2 Cronica, wala sa mga ito ang nabanggit. Ang dahilan ay na ang Mga Cronica ay nagpapakita kay David bilang isang sagisag ni Cristo, samantalang ipinakita siya ni Samuel bilang isang tao na may makasalanang kalikasan.

Kailangan nating isaalang-alang kung bakit bumagsak si David sa pangangalunya kay Bathsheba. Ang isang dahilan

ay ang marami siyang asawa, kung saan ay isang paglabag sa kautusan ng mga hari (Deut. 17:17). Pangalawa, si David ay dapat nasa labanan sa halip na siya ay nanatili sa tahanan (2 Sam. 11:1). Kapag pumupunta si David sa labanan, palagi siyang iniingatan ng Diyos dahil sinusunod niya ang mga kautusan ng labanan. Ngunit, nang hindi niya sinunod ang mga kautusan sa pag-aasawa para sa isang hari siya ay bumagsak sa larangang ito. **Tayo ay iingatan ng Diyos sa bawat larangan kung saan ay sinisikap nating maging masunurin**, ngunit sa ibang bahagi na kung saan ay binabalewala o tinatanggihan natin ang Diyos, ang pader ng proteksyon sa ating paligid ay maaaring masira ng Diyos Mismo (Awit 80:12-13).

Nais ng Diyos na balaan tayo na huwag bumagsak sa kasalanan, katulad ni David. Nagpropesiya si Jesus na ang henerasyon bago ang Ikalawang Pagparito ay magiging mapangalunyang henerasyon (Mar. 8:38). Makikita natin itong magaganap sa lahat ng imoralidad sa mga bansa.

Maraming taon na ang nakalipas, nagkaroon ako ng isang pangitain sa isang bansa sa unang gabi sa bansang iyon. Sa itaas ay nakasulat ang salitang, "Imoralidad"—ipinapakita sa akin ng Diyos ang pangunahing kasalanan ng bansang iyon. Kapag ang mga tao ay naliligtas, nababautismuhan sa tubig, at napupuno ng Banal na Espiritu, kailangan nilang alisin ang problema sa kahalayan agad-agad. Hindi ito maaaring magpatuloy pagkatapos ng bautismo sa Banal na Espiritu; kung hindi, maraming uri ng mga kapaimbabawan at maling mga espiritu ang papasok. Hiningi ng Diyos na kami ay magsalita sa isang napaka-matibay na pamamaraan patungkol sa kasalanan ito. Makailang ulit ay nakita namin

na pagkatapos ng mga gawain, ang mga altar ay napupuno ng mga taong naghahanap ng paglaya mula sa mga pagnanasa na ito ng laman.

**Ang anumang uri ng pagpapalaya ay kailangang magkaroon ng makapangyarihang pagkilos ng Diyos.**

Kami ay naharap sa isang suliranin doon na ngayon ay kinakaharap rin ng mga iglesiya sa maraming bansa. Ang imoralidad ay isang napakatinding problema sa buhay ng mga kabataan sa buong mundo ngayon. Ito ay kinakailangang harapin ng lubusan. Hindi ito naaalis sa pamamagitan ng mga pag-iyak at paghikbi lamang. May kilala akong mga tao na nanangis ng paglaya sa larangang ito at wala man lang nangyari. Gaya sa anumang uri ng pagpapalaya, kailangang magkaroon ng makapangyarihang pagkilos ng Diyos. Hindi lamang ito simpleng paghingi ng paumanhin dahil sa kasalanan, o pagpapahayag nito—kailangang magkaroon ng isang tunay na pagsisisi, kasama ang pagwaksi sa kasalanan.

Kung ikaw ay may ganitong uri ng mga problema sa iyong buhay, maging tapat. Pumunta ka sa mga nakatataas sa iyo at hilingin sa kanila ipanalangin ka. Umiyak ka sa Diyos, gaya ng ginawa ni David sa Awit 51.

## ANG PAGPAPANUMBALIK NI DAVID

Ngayon ay nais kong magbigay-tuon sa pagpapanumbalik ni David, dahil nais panumbalikin ng Diyos ang maraming mga tumalikod sa kanilang ministeryo at pagkatawag sa mga huling araw na ito. Sa pagtingin sa ilang punto sa

panunumbalik ni David ay makakapagbigay ng gabay sa sinuman na bumagsak sa kasalanan.

Una, **kailangang magkaroon ng isang tunay na pagkilala sa kasalanan**, gaya ng kay Haring David (Awit 51:3). Pangalawa, **dapat ay may pagtanggap ng mga hatol ng Diyos** (Lev. 26:41-42, 2 Sam. 12:10-14). Nakakita na ako ng mga taong naharap sa ganito na tumanggi sa pagtutuwid at parusa ng Diyos. Bilang resulta, sila ay tumalikod. Tinanggap ni Haring David ang mga kahatulan ng Diyos sa kanyang buhay.

Pangatlo, **kailangang iwaksi ang kasalanang iyon** (Awit 51:7-10). Kailangang ito ang maging iyak ng ating puso, *"Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, O Diyos!"* Hindi natin dapat panghawakan ang masamang bagay na ito sa ating mga puso, kundi tumawag tayo sa Panginoon para alisin Niya ito. At ang pang-apat na punto ay **kailangang magkaroon ng kapakumbabaan sa paghihintay sa Diyos**, gaya ng nakatala sa Awit 40:1-2, hanggang sa makumpleto ng Diyos ang pagpapanumbalik.

Ang panunumbalik ni David ay natapos. Siya ay pinili na buhaying muli upang maging hari ng Israel sa 1,000 taong paghahari ni Cristo sa lupa sa milenyo (Jer. 30:9, Ezek. 37:24-25, Hos. 3:5). Siya ay magiging lubos na kwalipikado na magdala ng pagpapanumbalik sa bansang Israel sa Ikalawang Pagparito ni Cristo. Dahil si David ay pinanauli mula sa pagpatay sa inosenteng asawa ni Bathsheba, magagawa niyang makapagministeryo ng pagpapanumbalik at kaaliwan sa mga nagdadalamhating

bansa kapag kanilang napagtanto na pinatay nila ang inosenteng Mesias nila sa krus ng Kalbaryo (Zac. 12:10).

Mapapalakas ang ating loob habang isinasaalang-alang natin si David. Bagama't siya ay nagkasala ng pangangalunya, siya ay pinanauli, at siya ay isang sagisag ng mga papasok sa mga pagpapala ng Diyos para sa Iglesiya sa mga huling araw. Panunumbalikin ng Panginoon ang marami sa kabuuan ng kanilang ministeryo at pagkatawag. Kung nabigo mo ang Diyos, Kaya ka Niyang panumbalikin. Sinasabi ng Diyos sa ilan sa inyo na nagbabasa nito na kayo ay hindi Niya inalisan ng karapatan, kundi nagnanais na gamitin kayong muli. Ang Kanyang kamay ay nasa inyo, at ang Kanyang pagkatawag sa inyong buhay ay mapapanauli gaya ng kay David. Nais ng Diyos na linisin kayo sa lahat ng pagkakasala. Mahal Niya kayo at nais Niya kayong panauliin kung hahayaan lamang ninyo Siya. Italagang muli ang inyong sarili sa Panginoon at papanibaguhin Niya ang inyong pagkatawag at gagamitin kayong muli. Maaari pa rin kayong magkaroon ng bahagi sa *revival* at pag-ani sa mga huling araw.

Katulad ng nakita natin sa buhay nila Abraham, Josue, at David, maaari tayong maghanda para sa *revival* at matamo ang kabuuang mana kay Cristo. Una ay kailangan muna nating maging **mga lalaki at babae ng pangitain na tumanggap ng mga dakilang pangako mula sa Diyos** gaya ni Abraham. Kasama dito ang heograpiya, gayundin ang espirituwal na mana. Pagkatapos ay kailangan din nating maging mga **mabubuting kawal ni Jesu-Cristo**, kung paanong naging gayon si Josue, upang makapasok at

magsimulang angkinin ang mga pangako ng Diyos. At sa huli, kailangan nating maging **mga lalaki at babae na ayon sa puso ng Diyos** upang makapasok sa ministeryo na ni David na magdadala sa mga tao sa kapuspusan ng kanilang mana. Nawa ay tulungan ng Panginoon ang bawat isa sa atin na huwag masiyahan sa anumang bagay na mas mababa dito!

# KABANATANG ANIM
## *ANG MULING PAGTATAYO NG TEMPLO*

Nakatala sa kasaysayan na ang muling pagtatayo ng templo sa Jerusalem ay nagsimula halos 536 B.C. at natapos noong 516 B.C. Ang pangyayaring ito ay may espirituwal na kahalagahan para sa Iglesiya (na ngayon ay ang templo ng Diyos), dahil pinapaalala sa atin ng 1 Corinto 10:11, na ang mga bagay na nangyari sa Israel ay mga halimbawa para tagubilin sa atin.

### ANG LAYUNIN NG PAGKABIHAG

Sa una palang, alam ng mga anak ni Israel ang matinding kapangyarihan ng Diyos sa Ehipto sa ilalim ni Moises, at alam nila ang kaluwalhatian ng Diyos na pumuno sa templo sa panahon ni Solomon. Subalit, sila ay mga nagsitalikod hanggang sa sila ay hinatulan ng Diyos ng pagkabihag. Ang mga ito rin ay mga karanasan na pinagdaanan ng Iglesiya. Katulad ng mga anak ni Israel, nawala ng Iglesiya ang kapangyarihan na nakilala nito noong una.

Ang pagkabihag ay kinakailangan upang linisin ang bansang Israel. Nawala nila ang una nilang pag-ibig, hindi iningatan ang mga utos ng Diyos, at pinuno ang bansa ng pagsamba sa diyus-diyusan. Sa Deutoronomio 28:47, binalaan sila ng Diyos na kung hindi sila maglilingkod sa Kanya nang may kagalakan at kaligayahan, ipadadala Niya

sila sa pagkabihag. Ito ay katulad sa sinabi ng Panginoong Jesu-Cristo sa iglesiya sa Efeso sa Pahayag 2:4b,5b, *"Iniwan mo ang iyong unang pag-ibig, aalisin Ko ang iyong ilawan mula sa kinalalagyan nito, malibang magsisi ka."* Hindi natin dapat kalimutan na ang relasyon na ninanais ng Diyos para sa Kanyang bayan sa Kanyang Sarili ay katulad sa relasyon ng isang kasintahang babae sa isang lalaking ikakasal. **Ito ay kailangang maging relasyon ng kagalakan at pag-ibig.** Kung mawala natin ng kagalakan ng Panginoon at ating unang pag-ibig para kay Jesus, tunay nga na ang ating espirituwal na buhay ay mamamatay.

Ang pagkabihag ng Israel ay kailangan upang ipanauli ang relasyon ng pag-ibig sa pagitan nila at ng kanilang Makalangit na Asawang Lalaki. Ang layunin ng pagdadala ng Diyos sa Kanyang bayan sa pagkabihag ay palaging sa ikalulutas; ito ay upang tulungan sila. Nakakatawag-pansin na isaalang-alang kung sino ang mga nabihag. Hindi ito lahat ng Judah. Ang Judah ay nahati sa dalawang pangkat-ang mga napunta sa pagkabihag sa Babilonya at ang hindi. Maaaring may mag-isip na, "Tiyak na ang mga namumuhay sa pagsunod sa Diyos ay hindi nabihag." Ngunit sa katunayan ito ay kabaligtaran. Sila na mga nabubuhay sa pagsunod ang siyang nakasama sa pagkabihag upang ang kanilang pag-ibig ay malinis at sila ay lalong mailapit sa Panginoon. Tinatawag sila ng Panginoon na "*mabubuting igos"* habang ang *"masasamang igos"* ay nanatili sa lupain (Jer. 25:5-8). Ang Diyos ay hindi na kumikilos sa kanilang mga buhay.

Madalas iniisip natin na kung tayo ay lalakad sa pagsunod, hindi na tayo magdurusa. Sa kabaligtaran, kung lumalakad tayo sa pagsunod, tayo ay madalas na makakapasok sa paaralan ng pagdurusa! Ito ay dahil sa nais ng Diyos na dalisayin ang ating pag-ibig at igawad ang Kanyang katuwiran sa ating mga buhay. Tayo ay may halimbawa ni Job, na nagdusa nang matindi, ngunit sinasabi sa atin ng Ezekiel 14:14 na siya ay isa sa tatlong mga pinakamatutuwid na tao sa Lumang Tipan!

Ang layunin ng kanilang pagkabihag ay upang tubusin sila sa kanilang mga kalikuan, sa kanilang makasalanang kalikasan ni Adan ay kailangang dalisayin. Bilang halimbawa, ang alak ay kailangang dalisayin sa pamamagitan ng pagpasalin-salin nito mula sa iba't ibang lalagyan, upang alisin ang mga latak na nananatili sa ilalim. Sa Jeremias 48:11 ay sinabi sa atin na ang bansang Moab ay nasiyahan na sa sarili at napuno ng pagkahalo. Katulad sila ng maruming alak na hindi naisalin mula sa isang sisidlan patungo sa isa pa at hindi nakaranas ng pagkabihag. Sinabi ng Diyos, "*Ang kanyang bango* (ang kanilang lumang makasalanang kalikasan) *ay hindi pa nababago."* Isang nakapangingilabot na bagay kapag ang isang tao ay hindi sumusuko sa Diyos, dahil ang amoy ng lumang pagkatao ay lalong lumalakas. Ang kanilang galit, paninibugho, o pagkamuhi, ay lalong nagiging mas makapangyarihan! Samakatuwid, napakahalagang sumuko sa Diyos kapag tayo ay Kanyang dinidisiplina, upang ng sa gayon ay maging kwalipikado tayo na dumanas ng pagkabihag, mga pagsubok, o pagdurusa, at maging malinis.

## PAG-IWAN SA ATING PAGKABIHAG

Idineklara ng Panginoon sa pamamagitan ng mga labi ni Jeremias na pagkatapos ng 70 taon ang mga Israelita ay makakalaya mula sa pagkabihag upang bumalik sa Jerusalem at muling itayo ang templo. Sinulat ni Solomon na mayroong panahon para sa lahat ng bagay. May panahon ng pagkabihag, gaya ng inihula ni Jeremias sa Jeremias kapitulo 27 at 28, at may panahon ng paglaya mula sa pagkabihag, gaya rin ng kanyang inihula sa Jeremias 29:10-14. Kaya napakahalaga para sa atin na maging katulad ng mga kalalakihan ng Isaachar sa 1 Cronica 12:32, dahil sila ay may kaunawaan sa mga panahon at alam kung ano ang nararapat na gawin ng Israel.

Nakatala sa mga Kasulatan na bagama't idineklara ng Diyos na Kanyang panunumbalikin ang Israel pagkaraan ng 70 taon, karamihan sa mga Israelita ay pinili na manatili sa Babilonya. Lubhang nakakatawag ng pansin ang puntong ito. Kapag mayroong bagay na gagawin ang Diyos, hayagan Niya itong idinideklara, inihahayag sa Kanyang mga lingkod – ang mga propeta (Amos 3:7). Bagama't maliwanag na idineklara ng Diyos ang Kanyang kalooban at kahit ang panahon kung kailan Siya kikilos, tanging ang mga bihag lamang na napukaw ang espiritu ang talagang umalis sa Babilonya (Ezra 1:5). Ang iba ay nanatili roon. Ipinapakita sa atin ng Ezra kabanata 2 na isang maliit na grupo lamang ang umalis at tumungo sa panibagong pagkilos ng Diyos.

Sa palagay ko, ito ay totoo sa lahat ng mga *revival*, at sa lahat ng ginagawa ng Diyos. Inihahayag ng Diyos sa lahat kung ano ang Kanyang gagawin. Idinideklara ng Diyos ngayon sa buong mundo na ang *revival* ay darating. Ngunit napapaisip ako, kung ilan kaya sa atin ang talagang papasok sa *revival* na iyon? Tanging sila lamang na ang mga espiritu ay pinukaw ng Diyos, sila na naghanda ng kanilang mga puso! Hindi tayo maaaring umupo at maghintay kung ano ang mangyayari. Kung tayo ay maghihintay at titingin, magiging katulad tayo ng mga nasa Babilonya na nakita ang iba na umaalis na samantalang sila ay nanatiling nagpaiwan! Hindi—kapag nangusap ang Diyos, kailangan nating makinig at sumunod. Kapag sinabi ng Diyos, "Ang *revival* ay parating! Ang pagpapanumbalik ay parating!" kung gayon, sasabihin natin, **"O Diyos, hahanapin Kita ng maaga! O Diyos, pukawin mo ang aking espiritu upang ako ay maging handa na pumasok sa bagay na Iyong gagawin."**

## MULING PAGTATAYO NG ALTAR AT MGA PUNDASYON

May mga hakbang na kailangan nating gawin upang itayo ang Templo ng Diyos at pumasok sa lubusang *revival*. Sa Ezra 3:1-6 nakita natin na nang bumalik ang mga Israelita sa kanilang bayan, ang unang bagay na ginawa nila ay muling itinayo ang altar. Ito rin ang kailangan nating gawin kapag tayo ay tinawag upang magtayo o magpasimula ng isang gawain. **Kailangan muna nating pasimulan ang pagsamba at magtayo sa espirituwal bago tayo magtayo sa natural.** Bakit pagsamba? Sapagkat kapag sumasamba tayo, ginagawa ng Panginoon

ang Kanyang tahanan doon. Sa pamamagitan ng ating pagsamba, tayo ay binubuo ng Panginoon upang maging isang espirituwal na templo na pinananahanan ng Panginoon ng Kaluwalhatian!

Ang sumunod na ginawa ng mga Israelita ay inilatag ang pundasyon ng templo (Ezra 3:7-13). May dalawang katotohanan na kailangan nating maunawaan kapag tayo ay naglalatag ng pundasyon sa isang espirituwal na gawain. Una, kailangan nating maglatag ng mga mabubuting pundasyon ng doktrina sa mga puso at buhay ng mga mananampalataya. Ang mga pundasyong ito ay nakasulat para sa atin sa Hebreo 6:1-2. Pangalawa, kailangan nating magkaroon ng matibay na mga batong pundasyon. Ang Salita ng Diyos ay napakalinaw na ang mga batong pundasyon ay tumutukoy sa mga sapat sa gulang na mga manggagawa. Walang makakapagpatayo ng isang maluwalhating templo sa pundasyon ng esprituwal na mga bata, ito ay dapat maitayo sa mga sapat sa gulang na mga mananampalataya. Sinasabi ng Efeso 2:20 na si Jesu-Cristo ang Pangunahing Batong Panulok ng banal na templo, na siyang Iglesiya. Patuloy na sinasabi ng talatang ito na ang templo ay itinayo rin sa pundasyon ng mga apostol at propeta, o sa mga maygulang na ministeryo. Kailangan nating ipadala ang mga sapat sa gulang na ministeryo upang maging mga batong pundasyon sa gawain ng Diyos kung saan ang gawain ng Diyos ay nakatayo sa mga bagong lokasyon. Mangangailangan ng matagal na panahon para ang sapat sa gulang na mga ministeryo ay mabuo, at nakakatawag-pansin rin na ang dakilang espirituwal na mga batong pundasyon ay nabubuo sa pamamagitan ng pagkabihag at mga pagsubok.

Sa pagsasaalang-alang sa ilang mga dakilang lider na ginamit ng Diyos upang magtayo ng matitibay na mga pundasyon, si Jose ay kailangang banggitin. Inilatag niya ang mga pundasyon kung saan ang mga Israelita ay namuhay at nagparami sa Ehipto sa loob ng mahigit 400 taon. Tingnan ang proseso ng pagbuo na pinagdaanan niya! Ipinagkanulo siya ng kanyang mga kapatid, ipinagbili bilang isang alipin, tinukso, pinagbintangan, at pagkatapos ay maling ikinulong sa loob ng ilang taon. Ngunit anong batong pundasyon ang lumabas! Ang pundasyong inilatag ni Jose ang nagdala sa mga Israelita hanggang sa panahon ni Moises.

Sa panahon ng mahabang pagbuo ng ministeryo ni Moises maalala natin ang 40 taon na ginugol niya sa tahanan ng Faraon at idagdag pa ang kanyang 40 taon sa ilang. Ngunit tingnan kung anong mga pundasyong itinatag ni Moises—itinatag niya ang kautusan para sa lahat ng mga henerasyon! Napakalaki ng epekto ng kanyang mga katuruan! Kahit ang Iglesiya ay natayo sa mga katuruan ni Moises. Ito ay dahilan sa ang Bagong Tipan na ibinigay sa atin ay nangangahulugan na ang mga kautusan ng Diyos (na unang ibinigay kay Moises) ay dapat maisulat sa malambot nating mga puso (Heb. 10:16). Ang mga pundasyong katuruan ni Moises ay tumagal ng humigit kumulang sa 3,500 taon at tutulong na dalhin tayo sa milenyo!

Si David ay isa pang tao na naglatag ng mga pundasyon na magpapatuloy sa 1,000 taong paghahari ni Cristo sa lupa. Hindi lamang niya inilatag ang mga pundasyon para sa kaharian ng Israel, kundi ang kanyang kaharian at tahanan

ay magtatagal hanggang sa milenyo (Awit 89:3-4). Ngunit, katulad ni Moises, si David ay inihanda sa ilang, kung saan siya ay inusig at dumaan sa maraming mga pagsubok. Kung tayo ay pipiliin ng Diyos upang magtayo ng mga espirituwal na tahanan, minamahal, kailangan tayong mabuo ng Diyos upang hindi tayo gumuho o bumagsak kapag ang mga kagipitan ay dumating.

## PAGTATAYO NANG MAY PANGITAIN

Nang ang mga Israelita ay nagsimulang maglatag ng mga pundasyon para sa templo, ang kanilang mga kaaway ay dumating, sinasabing sumasamba sila sa parehong Diyos at nagnanais tumulong upang itayo ang templo (Ezra 4:1-2). Subalit, hindi sila kwalipikado dahil hindi sila tunay na mga Israelita. Sinabi nina Zerubabel, Jesua, at iba pang mga lider na, *"Kayo'y walang pakialam sa amin sa pagtatayo ng isang bahay para sa aming Diyos…"* (Ezra 4:3). Maraming beses, na ang mga kumakalaban sa atin, ay ang mga nagnanais na magtayo kasama natin, pero hindi sila kwalipikado. Magtatayo lamang tayo kasama ang mga kwalipikado at may parehong pangitain at layunin. Ito ay dahil sa kapag tayo ay nagtatayo, tayo ay talagang nagtatayo ng isang pangitain. Ang mga sumasali sa atin ay dapat magkaroon ng parehong pangitain.

Kahit na ang sekular na mundo ay kinikilala ang ganitong prinsipyo. Nagkaroon ng mga imbestigasyon kung bakit ang ibang mga negosyo ay matagumpay, at bakit ang ibang negosyo ay hindi. Nang suriin ng mga mananaliksik ang IBM at marami pang ibang malalaki at matagal ng mga kumpanya, sinabi nila na ang mga negosyo na

nagtatagumpay ay ang mga nagpapanatili ng kanilang orihinal na pangitain. Binigyang-buod ng mga imbestigador, "Hayaan mong mawala ang pangitain at mawawala ang kumpanya." Ang katotohanang ito ay maaari ring gamitin sa mga bansa. Ang bansa na naiwala ang kanyang pangitain ay makakatagpo ng sakuna. Ito ay ipinakita sa atin sa pamamagitan ng bansang Israel.

Naranasan ko na ang mapunta sa maraming organisasyon sa aking buhay, at nakita ko na ito ang pangunahing dahilan kung bakit madalas na nabibigo ang mga organisasyon. Nagsisimula sa pakikipag-alyansa sa mga maling tao, pumapasok ang pagkahalo, at ang pangitain ay nawawala. Maraming beses na ang organisasyon ay naging demokratiko, na lahat ay nakakapagdagdag ng kanilang mga sariling ideya. Ngunit kung tayo ay magtatayo at tatapusin ang mga gawain na ipinagkatiwala ng Diyos sa atin, kailangan nating maging maingat na huwag makipag-alyansa sa maling mga tao.

Tayo ay magtatagumpay lamang kung pananatilihin natin ang pangitain na ibinigay sa atin ng Diyos para sa ating buhay at ministeryo. Kapag kayo ay humayo sa isang ministeryo o kapag binibigyan kayo ng Diyos ng isang bagay upang gawin, siguruhing nauunawaan mo ang pangitain ng Diyos para sa lugar na iyon. Ang iyong tagumpay ay nakasalalay sa paghawak at pananatiling tapat sa pangitaing iyon. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ng Diyos kay Moises, *"At tiyakin mong gawin ang mga iyon ayon sa anyong huwaran ng mga iyon sa ipinakita sa iyo sa bundok"* (Exo. 25:40).

Ako ay nasa ministeryo na sa loob ng mahigit sa 50 taon, at kapag tinitingnan ko ang naging buhay ko, nakita ko na sa pasimula ay binigyan ako ng Diyos ng pangitain na Kanyang ipinagpatuloy at pinarami. Sa biyaya, hindi ko iniiwan ang pangitaing iyon. Ito ang pangitain ng pagpasok sa *revival* at pagpapatuloy tungo sa Sion.

## ANG MULING PAGTATAYO AY NAHADLANGAN

Dahil sa kanilang mga kalaban, ang mga pinuno ng Israel ay hinarang sa pagpapatuloy na muling itayo ng templo ng isang maharlikang batas na ipinahayag laban sa kanila (Ezra 4:6-23). Pinatigil nila ang gawain at ang resulta ay nawala ng bayan ng Diyos ang kanilang pangitain at nanahimik. Ang laman ng kanilang kaisipan ay nahayag, *"Sinasabi ng bayang ito na hindi pa dumarating ang panahon, upang muling itayo ang bahay ng Panginoon"* (Hag. 1:2).

Gaano kadalas na kapag dumarating ang oposisyon upang hadlangan tayo, tayo ay nasisiraan ng loob, tinatanggap ang mga hadlang na ito na parang kamay ng Diyos, at tayo ay tumitigil nang magpatuloy. Maaaring maging nakapa espirituwal na sabihin na dahil ang mga bagay ay hindi dumadaloy, hindi ito ang panahon ng Diyos.

Kapag may problema, kung sasabihin natin na hindi pa talaga panahon ng Diyos na gawin ito, maaari na tayong manahimik at magkaroon ng **bawat dahilan para hindi sundin kung ano ang sinabi ng Panginoon na gawin na natin!** Maaari nating sabihin tulad ng mga Israelitang ito,

"Magtatayo kami ng sarili naming mga bahay," o sabihin ang sinabi ni Pedro sa Juan 21:3- *"Mangingisda ako."* Maaari tayong bumalik sa mga dati nating ginagawa at mawala ang pagkilos ng Espiritu.

Inabot ng 16 na taon na ang gawain ng Diyos ay tumigil hanggang sa muling kumilos ang Panginoon. Pagkatapos ay pinukaw sila ng Panginoon sa pamamagitan ng mga propesiya nila Hagai at Zacharias na may mga mensaheng gaya nito, *"Panahon ba para sa inyong mga sarili na manirahan sa inyong mga bahay na may kisame, samantalang ang bahay na ito ay nananatiling wasak? Ngayo'y ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo: Pag-isipan ninyo ang inyong mga lakad"* (Hag. 1:4-5). Nang ang mga propesiya ay nagsimulang pumukaw sa mga pinuno at mga tao, sila ay tumindig upang muling itayo ang bahay ng Diyos.

## SI JOSUE AT SATANAS

Sina Hagai at Zacharias ay nagpropesiya ng ilang mahahalagang susi patungkol sa pamumuno. Sa Zacharias kabanata 3, ay may mga propesiya patungkol kay Josue, na siyang Pinakapunong Saserdote ng Israel nang panahong iyon. Si Satanas ay nakatayo laban kay Josue upang siya ay paratangan. Bilang mga lider, kailangan nating harapin ang lahat ng mga uri ng pagpaparatang. Wala ni isa sa atin ang makakatakas dito. Ito ay lalong mangyayari kapag tayo ay nagsisimula ng bagong gawain para sa Diyos, o ang isang bagong pagkilos ng Diyos ay nakahanda nang magsimula!

Ngayon, paano natin haharapin ang mga pagpaparatang na ito at kritisismo? Kailangan nating harapin ang mga ito sa pamamagitan ng espiritu ng kaamuan. Hindi natin dapat hayaan na ang mga pagpaparatang na ito na makapasok sa sarili nating espiritu at magdulot ng mga bagay na gaya ng kapaitan, pagbibigay-katuwiran sa sarili, at hindi pagpapatawad. Higit sa lahat, kailangan nating hilingin sa Diyos na bigyan tayo ng biyaya, pagpapatawad, at paglimot, gaya ng kay Jose. Palaging may panganib ng maging abala sa kaaway, sa halip na magpatuloy. Ito ang nangyari sa America sa ilalim ni Pangulong Jimmy Carter. Pinaralisa ni Pangulong Carter ang bansa nang siya ay nagbigay ng buong pagtuon sa 50 mga Amerikano na binihag ng Iran sa loob ng 400 araw. Bilang lider, hindi ka dapat nakatuon sa kaaway. Hindi ka dapat nakatingin sa mga sitwasyon na kinukuha ang lahat ng lakas mo. Kailangan mong manatiling magpatuloy sa pangitain na ibinigay ng Diyos sa iyo upang tapusin.

Ang pamumuno ay nangangailangan din ng paghanap sa Diyos para sa isang sariwang paglilinis, katulad ng tinanggap ni Josue na Pinakapunong Saserdote sa Zacharias kabanata 3. Nakatanggap si Josue ng bagong mga kasuotan. May sariwang pagpapahid na ibinigay kay Josue para sa bagong gawain na kailangan niyang gawin. Sa parehong paraan, kailangan din nating magkaroon ng sariwang pagpapahid, isang bagong balabal, upang makagawa ng isang bagong gawain para sa Diyos. Pagkatapos ng mga bagay na ito, si Josue ay binigyan ng isang panghulog, upang tayo ay makapagtayo nang tuwid. Kailangan nating alamin ang mga plano ng Diyos para sa

bawat bagong gawain, upang tayo ay makapagtayo sang-ayon sa Kanyang huwaran.

## SI ZERUBABEL AT ANG BUNDOK

Ang mga propesiya ng Zacharias kabanata apat ay tungkol kay Zerubabel, ang gobernador ng mga Israelita na bumalik mula sa pagkabihag sa Babilonya. Kinailangan niyang magkaroon ng kaunawaan kung paano tatapusin ang gawain ng Diyos. Sinabi siya na, *"Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu, sabi ng Panginoon ng mga hukbo"* (Zach. 4:6). Ito'y sa pamamagitan ng pagpapahid na kanyang pababagsakin ang bundok ng oposisyon na kanyang kinakaharap. Ang malaking bundok na iyon, sa katunayan, ay ang lakas ng Emperyo ng Persia, dahil ang kanilang mga kaaway ay nakakuha ng maharlikang batas laban sa muling pagpapatayo ng mga Judio.

Marahil ay may bundok ka ng oposisyon laban sa iyo, marahil may mga kautusang-hari na nais gamitin ng iyong mga kaaway laban sa iyo upang hadlangan ang gawain na ginagawa mo para sa Diyos. Hindi ka magtatagumpay sa lakas, sa salapi, o sa pagkakaroon ng malaking bilang ng mga tao sa iyong tabi. Hindi ka magtatayo sa kapangyarihan ng sarili mong kalooban o determinasyon. Ang paraan na ang templo ay muling maitatayo ay sa pamamagitan ng pagpapahid! At ang oposisyon na iyan, ang mataas na bundok na iyan, ay babagsak sa harap mo sa biyaya ng Diyos!

Kailangan nating mapagtanto na tayo ay hindi nakikipaglaban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pinuno at mga kapangyarihan ng kasamaan sa kalangitan (Efe. 6:12). Kailangan nating mapagwagihan ang ating pakikipaglaban sa espirituwal na larangan, at wasakin ang kapangyarihan ng kaaway sa pamamagitan ng pagpapahid ng Espiritu ng Diyos.

Sa New Zealand, ang isang kaibigan namin ang naging pastor ng isang iglesiya, na sa loob ng 15 taon ay hindi lumago nang higit sa 150 katao. Minsan ito ay tataas hanggang sa 150 miyembro, at pagkatapos ay bababa sa siguro 30 miyembro. Ito ay pataas at pababa nang maraming beses pero hindi makaabot ng higit sa 150 tao. Gayunpaman, nang ang bagong pastor na ito ay naghahanap sa Panginoon, sinabi sa kanya ng Panginoon, "Pumunta ka sa simbahan tuwing umaga sa 6:00 upang manalangin." Habang siya ay nananalangin doon, binigyan siya ng Panginoon ng pangitain. Pinakita sa kanya ng Panginoon ang malaking demonyo na namamahala sa lungsod, na siyang pumipigil sa iglesiya na lumago pa. Nagpatuloy ang pastor sa pananalangin sa simbahan tuwing umaga, at ang ilan sa mga miyembro ng simbahan ay nagsimulang sumali sa kanya hanggang sa malaking grupo na ang nananalangin. Habang sila ay patuloy na nanalangin, binigyan ng Panginoon ang pastor ng pangitain na ang demonyo ay hindi na nakatayo sa kalangitan, kundi bahagya nang bumaba na kalahati na lamang niya ang nasa ibabaw ng lupa. Ang iglesiya ay tuloy-tuloy na nanalangin hanggang sa isang tao ang nagkaroon ng panaginip, na tanging ang ulo na lamang ng demonyo ang makikita. Habang sila ay walang tigil na nananalangin, ang demonyo

ay tuluyan nang bumagsak, at pagkatapos nito, ay nagkaroon ng *revival*. Ang iglesiya ay lumaki sa halos 1,500 katao, na halos sampung beses na mas malaki kaysa sa dati. Ang iglesiyang iyon ay unang nangailangan ng paglaya mula sa kaaway na humahadlang dito.

Sa ating pagpasok sa espirituwal na pakikipagbaka, Ang mga bundok ng oposisyon na ating kinakaharap ay kailangang pabagsakin sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Sa biyaya ng Diyos, nawa ay makuha ng bawat isa sa atin ang susi sa katagumpayan na ating kailangan upang palayain ang mga iglesiya at mga lungsod at dumaloy ang *revival*.

Inabot si Zerubabel ng halos apat na taon lamang, mula 520 BC hangang 516 BC, upang makumpleto ang muling pagtatayo ng templo. Ang malalaking hadlang laban sa gawain ng Diyos ay naalis. Sa ating panahon, ang Panginoon ay gagawa rin ng mabilis na gawain sa muling pagtatayo ng templo, ang Kanyang Iglesia. Kailangan din nating maging handa upang mabilis nating matapos ang gawain na binigay sa atin ng Diyos upang gawin, hindi sa kalakasan o sa kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos.

## ANG *REVIVAL* AY PARATING!

Pag-isipan ang mga katanungang ito, mga kapatid. Ang Diyos ba ay nagsisimula ng pumukaw sa sarili mong puso at buhay? Nais mo bang makatagpo ang Diyos sa isang bagong kaparaanan? Nais mo bang magkaroon ng isang malinaw na pangitain at sariwang pagsasanay para sa

ministeryo? Tinatayo ng Panginoon ang Kanyang Iglesiya, at naghahanda ng pinakamalaking *revival* na hindi pa nakikita ng buong mundo. Ang ani ay malaki, ngunit kakaunti ang mga manggagawa. Ang mga lider ay sinusugo at sinasanay ng Diyos para sa malaking gawaing ito – paano ka naman?

Kailangan natin ng malalim na paglilinis, katulad ni Josue na Pinakapunong Saserdote, nang sa ganun ay matamo natin ang bagong kapamahalaan. Kailangan nating maranasan ang biyaya at mga pangako ng Diyos na ibinigay kay Zerubabel, upang sa pamamagitan ng pagpapahid ay pareho nating masimulan at matapos ang gawain na itinawag ng Diyos sa atin.

Nagsisimula na bang pukawin ng Panginoon ang iyong puso? Alam mo ba na sinasabi ng Diyos na ang *revival* ay parating? Naririnig mo ba ang Panginoon na nagsasabi, "Oo, itinalaga kita para sa panahon ng pagpapanumbalik. Itinalaga kita para sa panahong ito na ibabalik Ko ang lahat ng ipinangako Ko para sa Aking Iglesiya." Ang Panginoon mong Diyos ay nangungusap lalong-lalo na sa iyo, na Siya ay may isang lugar para sa iyo. Ihahayag ng Panginoon ang lugar na iyon sa iyo at ito ay magiging malinaw habang isinusuko mo ang mga pagdududa mo sa Kanya. Tinawag ka Niya at inilagay ang Kanyang kamay sa iyo, at kaya Niyang tuparin ang mga bagay na tila imposible. Idinideklara ng Panginoon na Siya ang Manlilikha, at nililikha Niya ang mga bagay mula sa wala at dinadala sa buhay. Isuko mo lamang ang iyong sarili sa Kanya, at huwag magduda, at isasakatuparan Niya kung ano ang sinabi Niya sa iyong puso.

# KABANATANG PITO

## *ANG PANGITAIN NG SION*

Nais ng Panginoon na itamin ang nagpapatuloy na pangitain sa atin. Sa Habakuk 2:2 mababasa natin, *"Isulat mo ang pangitain, at gawin mong malinaw sa mga tapyas ng bato, upang ang makabasa niyon ay makatakbo."* Sa ating sariling mga buhay, kailangan nating magkaroon ng pangitain mula sa Diyos, ito man ay sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, mula sa mga Kasulatan, o sa pamamagitan ng pinahirang pangangaral ng Salita ng Diyos. Ang pangitaing ito ay magbibigay sa atin ng kapangyarihan na tumingin lampas sa kasalukuyang espirituwal na karanasan natin ngayon. Makakaya tayo nitong hawakan, pasanin, at bigyan ng layunin sa buhay.

**Ang Diyos ay mayroong pangitain sa bawat dispensasyon o yugto ng panahon**. Kung tatanungin natin kung sa anong panahon na tayo nabubuhay, makikita natin na tayo ay nabubuhay sa mga huling araw. Ngunit nakakatawag-pansin na kahit saan sa mga Kasulatan kapag ito ay nagsasalita tungkol sa mga huling araw, ay mababasa natin ang tungkol sa Sion. Ang lahat ng mga pangako ng Diyos ay sa Sion sa mga huling araw. Ito ang pinakahuling layunin ng Iglesiya! Malinaw na isinasaad ito ni Apostol Pablo sa Hebreo 12:22 nang sinabi niyang, *"Subalit kayo'y lumapit sa Bundok ng Zion..."*

Kung pag-uusapan ang heograpiya, ang Bundok ng Sion ay ang timog-silangang bahagi ng lungsod ng Jerusalem.

Nung sinaunang panahon ito ay tinawag na lungsod ni David, at bago nito, ito ay tinirhan ng mga Jebuseo. Ang bundok na ito ay may malaking espirituwal na kahalagahan para sa Kristiyano.

## ANG PAGLALAKBAY MULA EHIPTO PATUNGONG SION

Upang maunawaan natin ang espirituwal na paglalakbay na kailangan nating pagdaanan sa ating Kristiyanong karanasan kailangan nating pag-aralan ang paglalakbay ng mga Israelita mula Ehipto patungo sa Lupang Pangako. Ang Lumang Tipang "Iglesiya," ang mga anak ni Israel, ay nagsimulang dumami sa Ehipto. Ang Ehipto ay tipo o larawan ng sanlibutan. Makikita ang pagdami ng populasyon sa mundo ngayon, ngunit magkakaroon ng pagsabog ng populasyon sa Iglesiya! Ang kaligtasan ay inihayag sa Ehipto. Ang kordero ng Paskuwa ay pinatay doon upang iligtas ang mga Israelita, katulad ng sinasabi sa 1 Corinto 5:7 na, *"Sapagkat si Cristo, ang kordero ng ating paskuwa, ay inialay na."*

Pagkatapos na ang mga Israelita ay naligtas mula sa Ehipto, sila ay tumawid sa Dagat na Pula, na nangungusap sa atin ng bautismo sa tubig. Ngunit mababasa natin na mismong pagkatapos nilang tumawid sa Dagat na Pula, alam na nila na ang kanilang destinasyon ay ang Bundok ng Sion. Sinasabi ng Exodo 15:17, *"Sila'y iyong papapasukin, at sila'y iyong itatanim sa bundok na iyong ari-arian, sa dako, O Panginoon, na iyong ginawa upang iyong maging tahanan, sa santuwaryo, O Panginoon, na itinatag ng*

*iyong mga kamay.”* Ang bundok na ito ay Sion (Awit 79:54, 68). Iyon palagi ang layunin!

## BUNDOK NG SINAI

Mababasa natin sa Exodo 19:1 na sa ikatlong buwan ng kanilang paglalakbay sila ay dumating sa Bundok ng Sinai. Ang pista ng ikatlong buwan sa relihoyosong kalendaryo ng Israel ay Pentecostes. Nauunawaan natin na ang Bundok ng Sinai ay kumakatawan sa Pista ng Pentecostes, o ang karanasan ng bautismo ng Banal na Espiritu.

**Ang pangitain ay kaya tayong hawakan, pasanin, at bigyan ng layunin sa ating buhay.**

Ang matinding kapangyarihan sa Bundok ng Sinai ang nagpalakas sa Israel upang mapagdaanan ang ilang at makarating sa Jordan. Kailangan natin ang kapangyarihan na mayroon sila sa Bundok ng Sinai kung saan ang apoy ng Diyos ay bumaba, upang tayo bilang mga lider ay madala ang mga tao sa ilang at sa kanilang mana. Kailangan nating bigyan ng diin ang kapangyarihan ng bautismo ng Banal na Espiritu. Ngunit idineklara ni Apostol Pablo sa Hebreo 12:18-22 na tayo ay hindi tinawag sa Bundok ng Sinai, kundi sa Bundok ng Sion. Kaya kailangan nating mapagtanto na ang panghuling destinasyon ng ating espirituwal na buhay ay hindi ang karanasan ng Pentecostes. Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay tutulong lamang sa atin sa paglalakbay natin patungo sa Bundok ng Sion.

Pagkatapos ang pagkatawag ng Diyos ay dumating kay Moises sa Deuteronomio 10:11, *"At sinabi ng Panginoon sa akin, 'Tumindig ka, at pangunahan mo ang taong-bayan; sila'y papasok at kanilang aangkinin ang lupain na aking ipinangako sa kanilang mga ninuno upang ibigay sa kanila.'"* Sa Deuteronomio 2:3 sinabi rin ng Panginoon, *"Matagal na ninyong naligid ang bundok na ito; lumiko kayo sa dakong hilaga."* Maraming mga iglesiya sa ating kapanahunan ay naging *Pentecostal o Charismatic*, at nanatili sa pagpapalang ito. Maraming beses na ang iglesiya ay nasisiyahan na sa isang karanasan. Ngunit hindi tayo dapat nakatuon sa karanasan, dapat ay nakatuon tayo kay Cristo! Magpatuloy tayo sa kapunuan ng kung ano ang inilaan Niya para sa atin. Ang sinaunang Israel ay partikular na sinabihang sila ay napakatagal nang nananatili sa palibot ng Bundok ng Sinai, o sa paligid ng pagpapala ng Pentecostes. Sinabi ng Panginoon, "Panahon na para magpatuloy."

Naniniwala ako na ang Diyos ay nangungusap nang malinaw sa Iglesiya saanman na ito ay matagal nang panahon na dapat nating lisanin ang Bundok ng Sinai upang magpatuloy sa Panginoon. Ang sinaunang Israelita ay kailangang kumilos ayon sa ulap. Sa biyaya ng Diyos nais nating sundan ang ulap ng presensiya ng Diyos na lumisan sa Bundok ng Sinai at sa Karismatik na Pagkilos. Ang Diyos ay nagpapatuloy! Ang kalooban ng Diyos sa isang tiyak na panahon ay *tumitigil* na maging kalooban ng Diyos kapag ang presensiya ng Diyos ay nagpapatuloy. Sa biyaya ng Diyos nais nating sundan ang Kanyang presensiya, at ayon sa Kasulatan, ang Kanyang presensiya ay walang pag-aalinlangan na patungo sa Sion.

**Kadalasan, tayo ay nagkakampo sa paligid ng mga pagpapalang ito nang napakatagal.** May panahon na nang kami ay nagtuturo sa Estados Unidos, at nangusap sa amin ang Panginoon na kailangan naming bumalik sa Europa kung saan kami ay nagministeryo nang nakalipas na mga taon. Sinabi Niya, "Ang mga bagay na ipapakita ko sa iyo, ay idedeklara mo sa buong mundo." Kami ay bumalik, at ang nakita namin ay ang ilan sa mga malalaking espirituwal na lider sa maraming bansa sa Europa ay nahulog sa kasalanan. Nadurog ang aking puso at umiyak ako sa Diyos, "Panginoon, bakit?" Sinabi ng Panginoon, "Dahil naglakad sila sa paligid ng bundok na iyon sa matagal na panahon, at labis na naging pamilyar sa kasalukuyan nilang katotohanan. Ang espirituwal na buhay na nakapaloob sa katotohanang iyon ay hindi nagpatuloy na mahayag sa kanila, at ang resulta ay habang sila ay naglalakad sa paligid ng bundok na iyon, kalaunan sila ay nanghina at nahulog sa kasalanan." Kaya alalahanin natin ang pagkatawag ni Apostol Pablo sa Hebreo 12:18-22. Ang ating pagkatawag ay hindi sa Bundok ng Sinai at ang pinakahuli nating destinasyon ay hindi sa bautismo ng Banal na Espiritu. Saan tayo patungo? *"Subalit kayo'y lumapit sa Bundok ng Zion"* (Heb. 12:22).

## ANG ILANG

Pagkatapos lisanin ng mga anak ng Israel ang Bundok ng Sinai, sila ay naglakbay patungo sa ilang. Nakikita natin ang kaparehong halimbawa na ito sa buhay ni Cristo. Ang Panginoong Jesus ay nabautismuhan sa tubig sa Marcos 1:9, gaya kung paanong ang mga Israelita ay nabautismuhan sa Dagat na Pula. At sa talatang 10 Siya ay

nabautismuhan sa Banal na Espiritu, kung paanong ang mga Israelita ay sunod na dumating sa Bundok ng Sinai, kung saan ang apoy ng Diyos ay bumaba. Ang sumunod na nangyari sa buhay ni Cristo ay nakatala sa talatang 12, *"At agad siyang dinala ng Espiritu sa ilang"* na kasunod ding naranasan ng mga Israelita.

Ang ilang ay tumutukoy sa mga pagsubok at suliranin na maaaring magdala sa atin sa pagsunod. Sinasabi sa atin ng Deuteronomio 8:2 na ginabayan ng Panginoon ang Israel sa loob ng 40 na taon sa ilang upang hubugin sa kanila ang kapakumbabaan, pagsunod, at kadalisayan. Mababasa natin ang parehong karanasan sa buhay ni Cristo mula sa Hebreo 5:8, *"Bagama't siya'y isang Anak, siya'y natuto ng pagsunod sa pamamagitan ng mga bagay na kanyang tiniis."* May isang paraan lamang na ang pagsunod ay mahubog sa ating buhay, at iyon ay sa pamamagitan ng pagdurusa.

Ang mga Israelita ay nabigo sa ilang, at hindi rin tayo makakalampas maliban na dalhin tayo ng Diyos. Kung tatanggihan natin ang mga pag-aayos ng Diyos, buong buhay tayong mananatili sa ilang at kailanman ay hindi makakatawid. At kung tayo ay hindi makatawid, hindi na natin makukuha ang ating mana. Walang madaling daan!

## PAGTAWID SA JORDAN

Pagkatapos ng ilang, ang mga Israelita ay tumawid na sa Jordan. Ito ay tumutukoy sa ipinakong buhay. Kung ang Dagat na Pula (o bautismo sa tubig) ay ang ating pagkakilanlan sa pamamagitan ng *pananampalataya*

kasama ang ipinakong buhay, ang Jordan ay tumutukoy ng pagkakaroon ng *realidad* ng karanasang iyon na kumikilos sa ating mga buhay. Nang ang mga Israelita ay tumawid sa Dagat na Pula sila ay nasa labas ng Ehipto, ngunit sa lahat ng kanilang mga pagsubok sa ilang ginusto nilang bumalik sa Ehipto. Gayundin naman, maaari mong maalis ang mga Kristiyano mula sa sanlibutan nang sila ay maligtas at mabautismuhan sa tubig, ngunit kailangan mo pa ring alisin ang sanlibutan sa mga Kristiyano! Tanging sa pagtawid lamang ng mga Israelita sa Jordan patungo sa kanilang mana na nawala ang kanilang hangarin na bumalik sa Ehipto. Nang sila ay tumawid sa Jordan at nagkampo sa Gilgal lahat ng lalaki ay tinuli, at sinabi ng Panginoon sa Josue 5:9, *"Sa araw na ito ay iginulong ko palayo sa inyo ang kahihiyan ng Ehipto."* Kailangan din nating tawirin ang Jordan at hayaang matuli ang ating mga puso, upang tayo ay makapasok sa karanasang kaalaman na tayo ay patay sa kasalanan.

Isang umaga maraming taon na ang nakararaan nang ako ay nag-aaral sa aking opisina, nagkaroon ako ng pangitain ni Cristo sa krus, na ang Kanyang likod ay nakaharap sa akin. Pagkatapos sa Espiritu ako ay itinaas at ako ay nakapako kasama ni Cristo sa krus na iyon. Ako ay *nakay Cristo*, na tumitingin sa pamamagitan ng Kanyang paningin sa mga tao sa ibaba. Tumingin ako pababa sa lahat ng mga tao na kumukutya kay Jesus habang Siya ay nakapako. Pagkatapos ay tumigil ang pangitain, at sa kaloob-looban ng aking pagkatao ay gumulong ang Espiritu ng Diyos. Gumulong ito pataas sa aking bibig at ang mga salita ay lumabas, *"Ako ay ipinakong kasama ni Cristo"* (Gal. 2:20). Pagkatapos nakita ko ang kurtina ng templo, at nakita ko

ang tabing sa templo na napunit mula itaas pababa. At nalaman ko na sa krus ang luma kong pagkatao ay ipinako! Napakahalaga na tayong lahat ay magkaroon ng "karanasan ng Jordan" at na tayo ay lumalakad, sa biyaya ng Diyos, sa liwanag ng ating pagkamatay sa kasalanan. Hindi mo kailangang magkaroon ng pangitain, ngunit kailangan mong maranasan nang may *kaalaman*, na ang luma mong pagkatao ay naipakong kasama Niya.

## ANG PAGSAKOP SA MANA

Nang si Josue at ang mga Israelita ay tumawid sa Jordan patungo sa Lupang Pangako, sinimulan nilang paalisin ang pitong mga bansa na nanirahan sa Palestina. Napakadali lang sanang kunin ang lupain kung walang may nakatira doon. Ang Bundok ng Sinai ay hindi pinaninirahan, ipinapakita sa atin na walang pakikipaglaban upang matanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu. Subalit, sa Lupang Pangako may mga nakatira, mga higante, at mga digmaan na kailangang paglaban, gaya kung paanong ngayon ay kailangan nating makipagbaka laban sa mga pamunuan at kapangyarihan sa mga dakong kaitaasan.

Ang Bundok ng Sion ang huli at pinakamahirap na kuta na mabihag. Ito ang kuta ng mga Jebuseo. Naroon na sila sa loob ng maraming siglo hanggang sa panahon ni David. Sila ay nagmayabang na kahit pa ang lahat ng mga kawal nila ay bulag at pilay, hindi makakaya ni David at ng kanyang hukbo na sakupin sila. Ngunit ang Sion ay nakuha ni David pagkatapos ng kanyang ikatlong pagpapahid. **Kailangang may matapos na pagkilos ng Diyos sa ating**

**buhay bago tayo makapagpatuloy sa Sion.** Ang pangatlong pagpapahid na ito ay napakahalaga.

## SION, ANG DAKO NG PAGKAKAISA

Bagamat ang Bundok ng Sion ang huling kuta sa lupain ng Palestina, tayo ay sinabihan sa 2 Samuel 5:7 na nabihag ito ni David at ginawang kapital ng bansa. May malalim na kahalagahan doon. Kung paanong ang Sion ang huling kuta na pinuntahan ng Israel, ito rin ang huling lugar na pagdadalhan sa Iglesiya. Ngunit may mga Jebuseo na nakatira roon. Sa Deuteronomio 7:1-2 sinabi ng Panginoon na may pitong kaaway na mga bansa sa lupain ng Palestina. Binigyan sila ng Diyos ng katagumpayan laban sa mga kaaway na ito, at ang huling kaaway ay ang mga Jebuseo. Sa espirituwal na kahulugan, tayo ay may interpretasyon sa pitong mga kaaway na ito sa Kawikaan 6:16-19 kung saan ay ipinahayag ng Panginoon ang pitong bagay na Kanyang kinamumuhian. Ang huli sa mga ito, katulad ng mga Jebuseo, ay *"ang naghahasik sa mga magkakapatid ng kaguluhan."* Nakakatawag ito ng pansin dahil mababasa natin sa Awit 133 na ang magkakapatid na sama-samang namumuhay na nagkakaisa ay gaya ng hamog sa Sion, kung saan pinarating ng Diyos ang Kanyang pagpapala. Kaya Sion ang tahanan ng pagkakaisa ng mga magkakapatid. Kung saan binagsak ang mga Jebuseo makikita natin na ang hidwaan sa mga magkakapatid ay ibinaon. Kung saan naroon ang pagkakaisa ng mga kapatiran, ang pagpapala ng Diyos ay dumadaloy.

## SION, ANG DAKO NG KALUWALHATIAN

Ang Bundok ng Sion ay dako rin ng Tabernakulo ni David. Sa panahon ni Haring David ang Tabernakulo ni Moises ay nasa Shilo pa rin. Ngunit ang Kaban ng Tipan ay nawawala sa Kabanal-banalang Dako. Ilang taon bago ito nakuha ng mga Filesteo, pagkatapos na ito ay pabayaan ni Haring Saul. Gayunpaman, sa pagsisimula ng paghahari ni Haring David ipinakuha niya ang Kaban at inilagay sa tabernakulo (o *tolda*) sa Bundok ng Sion.

Sa kaban naroon ang literal na presensiya ng Diyos sa pagitan ng kerubin, kung saan ang ulap ng *shekinah* na kaluwalhatian ng Diyos ang nagtakip dito. Hindi tulad ng Tabernakulo ni Moises, walang tabing ang Tabernakulo ni David na pipigil sa sinuman upang pagmamasdan ang kaluwalhatian ng Diyos. Si David at ang lahat ng mga mananamba ay malayang makalapit sa Kaban at maranasan ang kaluwahatian ng Diyos. Samakatuwid ang hayagang kaluwalhatian ng Diyos ay nauugnay sa Bundok ng Sion.

May mga panahon na pinili ng Diyos na ipakita ang Kanyang kaluwahatian. Isang kaibigan ko kamakailan ay kinausap ako tungkol sa ulap ng kaluwalhatian na dumating sa kanilang gawain. Naalala ko rin nung ako ay nasa Pransya ilang taon na ang nakalipas, nang ang mga tagapaglingkod ay nagpupuri sa Diyos sa altar, at ang ulap ng dakilang kaluwalhatian ay lumambong sa kanila. May maliliit na mga karanasang tulad nito, ngunit ang mangyayari talaga ay makikita natin ang literal na ulap ng kaluwalhatian na darating sa mga iglesiya. Kailangang itaas natin ng mas mataas ang ating pangitain! Hindi natin dapat

limitahan ang Diyos, kundi tingnan kung ano ang inihahayag ng Salita ng Diyos para sa Iglesiya sa mga huling araw na ito. Sa 2 Corinto 3:7 ay idinideklara nito na ang kaluwalhatian na nahayag kay Moises ay lumipas, ngunit ang ministeryo ng Espiritu ay higit na mas dakila. Idineklara ni Isaias, *"At ang kanyang kaluwalhatian ay makikita sa iyo"* (Isa. 60:2).

Nakita ko ang maluwalhating Iglesiya sa lupa sa isang pangitain. Nakita ko rin ang Iglesiya na pinangunahan ni Jesus, na bumababa kasama Niya mula sa langit. O, ang maluwahating makalangit na Iglesiya! Nakita ko ito na bumababa, at nakita ko ang Iglesiya sa lupa na tumataas—at sila ay magkahawig. Purihin ang Diyos, magkakaroon ng dakilang *revival* para sa Iglesiya upang ihanda tayo na salubungin ang Panginoon!

## SION, ANG DAKO NG PAGPUPURI AT PAGSAMBA

Bumangon sa paligid ng Tabernakulo ni David ng lahat ng pagsamba na kaugnay kay David. Sila ay pumasok sa larangan ng pagpupuri at pagsamba doon sa Bundok ng Sion na hindi pa nakita kailanman ng bayan ng Diyos. Sa mga huling araw tayo ay papapasukin din ng Diyos sa pagpupuri at pagsamba na kailanman ay hindi pa natin nakikita. Sa Awit 65:1 ay sinasabi, *"Ang kapurihan ay naghihintay sa Iyo, Oh Dios, sa Sion."* Ang pagpupuri at pagsambang ito ay naghihintay na mahayag, kapag ang Iglesiya ay umakyat sa Sion!

Ang pasulyap nito ay nangyari sa isang *revival* sa Scotland noong mga 1930. Nakatagpo ko ang mga kapatiran na may kinalaman sa *revival* na iyon. Pinalabas ng mga tagahatid ang mga tao nung hatinggabi para isara ang mga pintuan ng iglesiya. Ano ang ginawa ng mga tao? Sila ay nagkampo sa paligid ng gusali, at magdamag na nagsi-awitan, hanggang sa ang mga pintuan ay muling binuksan nang 8:00 ng umaga. Iyon ang larangan ng pagpupuri at pagsamba na ating hinihintay!

## SION, ANG LUGAR NG PAGTUTURO

Ang Sion ay lugar din ng pagtuturo sa mga huling araw. Sa Isaias 2:2 makikita natin na sa mga huling araw ang bundok ng bahay ng Panginoon ay itataas, at lahat ng mga bansa ay pupunta dito. Ito ay nagsasalita tungkol sa Sion, at kung paanong ang Iglesiya ni Jesu-Cristo ay maitataas sa mga huling araw. Sinasabi rin ng Isaias 2:3 na ang mga tao na umaakyat sa bundok ng Panginoon ay magsasabi, *"Tuturuan Niya tayo ng Kaniyang mga daan, at tayo'y magsisilakad sa Kaniyang mga landas."* Ihahayag ng Diyos sa atin ang Kanyang mga daan. Sa Awit 103:7 ay sinasabi na nakita ng mga anak ng Israel ang mga gawa at himala ng Diyos, ngunit tanging si Moises lamang ang nakaaalam ng Kanyang mga kaparaanan. Ngunit sa ating panahon, ihahayag ng Diyos ang Kaniyang kaparaanan sa mga umaakyat sa Sion.

## SION, ANG DAKO NG KAUTUSAN

Nagpatuloy sa pagsabi ang Isaias 2:3 na *"Mula sa Sion lalabas ang kautusan."* Sa aking pagtungo sa mga bansa,

ang Panginoon ay nangusap sa akin na Kanyang pararangalan ang Kanyang kautusan sa mga huling araw. Ang mga bansa ay nagpapasa-pasa ng mga batas sa nagdaang ilang taon, upang baguhin ang mga pamantayan ng lipunan palayo sa Sampung Utos. Ngunit itataas ng Diyos ang Kanyang kautusan sa mga bansa at sa Kanyang Iglesiya sa mga huling araw na ito.

Sa 2 Hari 10:30, makikita natin na tinupad ni Jehu ang ministeryo kung saan siya ay pinahiran, ngunit sa talatang 31 mababasa natin, *"Ngunit si Jehu ay hindi maingat sa paglakad ng kanyang buong puso sa kautusan ng Panginoong Diyos ng Israel."* Maaari kang pahiran ng Diyos, tuparin ang isang ministeryo, ngunit lumalakad ka rin na taliwas sa kautusan ng Diyos. **Ang katotohanan na ikaw ay pinahiran at gumaganap ng isang ministeryo ay hindi nangangahulugang na ikaw ay tinanggap sa presensiya ng Makapangyarihang Diyos!** Mahalaga na tumalima sa kautusan ng Diyos sa mga huling araw na ito dahil makikita natin ang malaking kasalanan at pandaraya. Pinalalakas ang ating kalooban ng Awit 119:165, *"May dakilang kapayapaan ang mga umiibig sa iyong kautusan, walang anumang sa kanila ay makapagpapabuwal"*

## SION, ANG DAKO NG REVIVAL

Sinasabi sa atin ng Isaias 25:7, *"At kanyang wawasakin sa bundok na ito ang takip na inilagay sa lahat ng mga bayan, at ang lambong na iniladlad sa lahat ng bansa."* Marami na tayong narinig tungkol sa nahulog na mga anghel na namamahala sa mga bansa, lungsod, at mga bayan. Dahil sa kanila, ang ebanghelyo ay walang lubos na kalayaan sa

mga lugar na iyon. Ngunit kung saan ang mga kapangyarihang iyon ng kadiliman ay nakagapos—kung saan ang tabing ay nasira—ang pagpapahid at ang kapangyarihan ng Diyos ay bumababa. At gayundin na kapag tayo ay umaakyat sa Bundok ng Sion magkakaroon tayo ng kapangyarihan na wasakin ang mga tabing sa ibabaw ng mga bansa sa mundong ito. Magkakaroon tayo ng kapangyarihan kasama ang Diyos upang sirain ang mga namamahalang prinsipe sa ibabaw ng mga lungsod kung saan tayo naninirahan, upang ang pagbubuhos ng Espiritu ng Diyos ay dumating sa lungsod na iyon. Iyan ang susi sa *revival*—ito ay ang pagsira at pagwasak ng tabing sa isang lungsod o bansa. Kapag ang tabing na iyan ay natanggal ang Espiritu ng Diyos ay ibubuhos, ang mga tao ay magkakaroon ng kombiksyon, at ang *revival* ay dadaloy saan mang dako.

Noong nagkaroon ng pambansang *revival* sa Sweden sa nakalipas na siglo, nagkaroon sila ng ganitong uri ng pagtatagumpay. Ang mga tao ay literal na lumalakad ng milya-milyang layo sa gitna ng niyebe, dahil sila ay may sumbat ng kasalanan sa kanilang mga tahanan. Naghahanap sila ng mga bukas na iglesiya na maaaring magsabi sa kanila ng tungkol kay Cristo at ang Kanyang kaligtasan na maglilinis sa kanilang pagkakasala. Kapag binubuksan ng Diyos ang Kanyang mga langit sa isang lungsod o sa isang bansa, ang Espiritu ay dumadaloy sa bawat tahanan!

Sa Welsh *revival*, kapag ang mga gawain ay nagsimula sa ibang mga bayan, hindi madampot ng mga tao sa palainuman ang kanilang mga baso ng alak dahil ang Espiritu ng Diyos ay bumagsak sa kanila. Minsan sila ay

gumapang papunta sa mga gawain upang makalaya sa kanilang mga kasalanan! Ito ang uri ng *revival* na nais nating makita. Minsan kong nadalaw ang isang makadiyos na pastor na naging bahagi ng *revival* na iyun. Nang ibinulong niya ang pangalan ni Jesus, ang matamis na samyo ni Cristo ay pumuno sa silid. Naglakad ako sa kanyang lungsod at naroon ang isang tiyak na pakiramdam ng kabanalan. Kapag naglakad ka sa mga kalsada, ito ay kakaiba sa ibang lungsod. Mayroong kabanalan ng Diyos na nanatili pa rin doon mula sa *revival* ng nagdaang mga taon. Habang kami ay naglalakad sinabi niya sa akin, "Nakikita mo ang gusaling iyon?" Ang sabi ko, "Oo." Ang sabi niya, "Dating palainuman yan, pero hindi na ngayon dahil wala ng mga kustomer." Itinuro niya ang bawat lugar ng palainuman na dinaanan namin, na halos nasa isang dosena at sarado na lahat dahil nilinis sila ng Espiritu ng Diyos. Sinabi rin sa akin ng pastor, "Ang simbahan namin ay hindi naging sapat para sa dami ng mga taong dumating, kaya ang tagapangasiwa ng lokal na sinehan ay ibinigay sa amin ang mga susi sa kanyang sinehan dahil wala na rin siyang kustomer!" **May kapangyarihan kapag ang tabing ay nasisira, at iyon ang dahilan kung bakit nais ng Diyos na tayo ay umakyat sa Sion.** May kapangyarihan sa Sion na maaaring magdala ng isang bansa sa Diyos!

May isang kapatid kamakailan lamang ay nakipag-usap sa aking tungkol sa malaking kasalanan na nasa kanyang bansa. Minsan ko nang nakita ang prinsipe na namamahala doon, at siya ay isang napakaitim na anghel. Ngunit naniniwala ako na darating ang panahon na siya ay paaalisin ng Diyos at palalayain ang mga tao. Mararanasan

natin kung ano ang naranasan ni David nang siya ay naghari sa Sion. Sa tuwing siya ay pupunta sa labanan, siya ay nanalo. Hindi siya natalo ni minsan man.

Inihayag ng Deuteronomio 28:13 na ang Iglesiya ay magiging ulo, hindi buntot. Habang ang Iglesiya ay umaakyat sa kanyang buong mana, magkakaroon ng pag-angat ng ulo para sa Iglesiya. Hindi na siya kailanman magiging buntot, na nakikiayon sa bawat hangarin ng mundong ito. Siya ay magiging ulo na nagbibigay ng direksyon sa mga gobyerno, mga pangulo, at sa mga nasa kapangyarihan. Ito ay nangyayari na sa ibang mga bansa. Ang mga opisyales ng gobyerno ay pumupunta sa Iglesiya para sa patnubay dahil hindi nila alam kung ano ang daan na dapat nilang tahakin. Sa mga huling araw marami ang kukuha ng kanilang mga direksyon mula sa Iglesiya!

## PAG-AKYAT AT PANANATILI SA SION

Mayroong mga kondisyon o kwalipikasyon sa pag-akyat sa Sion. Sinasabi ng Awit 24:3, *"Sinong aakyat sa bundok ng Panginoon? At sinong tatayo sa kanyang dakong banal"* Ang burol na ito ay ang bundok ng Sion, kung saan ang kaban ay inilagay sa Tabernakulo ni David. Ang mga kwalipikasyon sa talatang apat ay: "*Siyang may malinis na kamay at may pusong Dalisay, na hindi nagtaas ng kayang kaluluwa sa hindi totoo, at hindi sumumpa na may panlilinlang."* Ang mga kwalipikasyon para sa atin upang ay makaakyat sa Sion ay nakabatay lahat sa katuwiran.

**May kapangyarihan sa Sion na maaaring magdala ng isang bansa sa Diyos!**

Nang sila ay nananalangin para sa *revival* sa mga isla ng Hebrides, sinabi sa kanila ng Diyos ang mga talatang ito mula sa Awit 24. Nang sila ay nagpakumbaba sa harap ng Panginoon upang sundin ang mga talatang ito, biglang ibinuhos ng Panginoon ang Kanyang Espiritu. Sa mga bayan-bayan ay may matinding kombiksyon ng Espiritu ng Diyos, dahil ang ilan sa mga banal ng Diyos ay umakyat sa espirituwal na Bundok ng Sion!

Sa Awit 15:1 tayo ay tinanong, *"Panginoon, sinong makapanunuluyan sa iyong tabernakulo? Sinong tatahan sa iyong banal na bundok?"* Sa awit na ito makikita natin na mayroon pang ibang kwalipikasyon ng katuwiran para sa mga nagnanais na manatali at manirahan sa Bundok ng Sion. Ang Awit 24 ay nagbibigay sa atin ng mga kondisyon upang tayo ay makaakyat sa Sion, ngunit kinakailangan pa nating makapasa upang makapanatili at *makapanahan* sa banal na burol na iyon!

Hayaan natin ang Espiritu ng Diyos na saliksikin ang ating mga puso at magdala ng pagsumbat. Habang binabasa ninyo ito, ang ilan ay gumagawa ng isang pagpili na siyang magpapasiya ng inyong walang hanggang tadhana. Hindi pagpapasiya kung kayo ba ay ligtas o mapapahamak, kundi ito ay magpapasiya kung kayo ba ay makakapasa na manirahan sa Bundok ng Sion. Sila na mga naimbitahan na magkaroon ng mas malalim, mas banal na paglakad kasama ang Diyos ay kailangang gumawa ng isang pagpipili na magpapasiya kung sila ba ay papasa para sa Sion o kukunin ang mas mababang lugar.

Ito ay panahon ng pagpapasiya. *"Napakarami, Napakarami, ang nasa libis ng pagpapasiya!"* (Joel 3:14). Ang ilan ay tinitimbang sa mga balanse. Ang pagtugon mula sa inyong puso ay tutukoy ng inyong walang hanggang kinabukasan - kung kayo ba ay magpapatuloy sa kabuuan ng mga layunin ng Diyos para sa inyong buhay o kung mananatili kayo kung nasaan kayo. **Habang nagpapasiya ka na manindigan para sa katuwiran, ang Diyos ang magbibigay sa iyo ng biyaya**. Dadalhin ka ng Diyos pasulong at pahihintulutan kang manahan sa Kanyang banal na burol!

## ANG MAIPANGANAK SA SION

Ang Awit 87:4-7 ay tatlong ulit na nagsalita tungkol sa mga ipinanganak sa Sion. Sinasabi doon, *"At tungkol sa Zion ay sasabihin, ang isang ito at ang isang iyon ay ipinanganak sa kanya: sapagkat mismong ang Kataas-taasan ang magtatatag sa kanya."* Nais ng Panginoon na ipanganak sa atin ang pangitain na ang espirituwal na Sion ay ang ating tahanan. Tinatawag Niya tayo na saluin ang isang pangitain kung saan tayo maninirahan sa espirituwal, para sa ating mga buhay at gayundin para sa ating mga iglesiya.

Tiwala ako na ang mga bagay na ito ay ipanganganak sa kalooban ninyo, sapagkat ang Diyos ay nagnanais na bigyan ang bawat isa sa atin ng isang nagpapatuloy na pangitain. Ang katanungan na dapat nating itanong sa ating mga sarili ay, "Panginoon, nasaan ako sa aking espirituwal na paglalakbay?" Sa ating pagtatanong nang may katapatan, ipapakita sa atin ng Espiritu ng Diyos. Ikaw ba

ay naligtas na mula sa Ehipto, at nabautismuhan tulad ng mga Israelita sa Dagat na Pula? Ikaw ba ay nabautismuhan na rin sa Banal na Espiritu? Sinasabi ng Hebreo 6:1 na kailangan nating mapagdaanan ang mga unang pundasyon na ito sa ating Kristiyanong karanasan, at magpatuloy sa kasakdalan! Kailangan nating matutunan ang kapakumbabaan at pagsunod upang mapagtagumpayan ang mga pagsubok ng ilang. Kailangan nating maranasan ang ipinakong buhay at tumawid sa Jordan upang makapagsimula tayong angkinin ang ating mana. Kailangan nating maranasan ang mga pagpapahid na mayroon si David, upang umakyat at lupigin ang panghuling mga kaaway upang tayo ay makaakyat at makapamuhay sa espirituwal na Sion!

Nasaan ka man sa iyong paglalakbay, maaaring ipanganak ng Diyos sa kalooban mo ang pangitain ng Sion. Kayang ipaglihi sa iyo ng Banal na Espiritu ang pangitain na ikaw ay ipinanganak para sa isang mas dakilang tadhana na hindi mo pa naranasan. Maaari Siyang magbigay sa iyo ng isang hangarin sa iyong puso na hindi masisiyahan hanggang sa makarating ka sa kapunuan ni Cristo! Nawa ang nagpapatuloy na pangitaing iyan ay maipanganak sa bawat isa sa atin na magdudulot sa atin na takbuhin ang paligsahan nang may pagtitiyaga hanggang sa tayo ay humarap sa Diyos sa Sion (Awit 84:7). Huwag kalimutan na ang ating layunin ay hindi ang *revival* (at lahat ng mga pagpapala ng Diyos; ito ay paraan lamang sa isang wakas– si Cristo. Magpatuloy ka hanggang mapagwagihan mo si Cristo! Habang Siya ay nasisiyahan sa iyo, ikaw ay gagamitin para sa Kanyang kaluwalhatian at makikita ang

kapangyarihan ng *revival* na pakakawalan na magdudulot sa mga bansa na lumapit kay Cristo.

# Books by Dr. Brian J. Bailey:

## *Commentaries on Books of the Bible*

**Genesis**
**Feasts and Offerings**
*(Leviticus)*
**The Book of Judges**
**The Gentile Bride of Christ**
*(Ruth)*
**The Restoration Era**
**The Three Houses of Esther**
**Psalm I**
**Psalm II**
**Psalm III**
**Wisdom Literature**
*(Proverbs and Ecclesiastes)*
**The Bride**
*(Song of Solomon)*
**Isaiah**
**Jeremiah**
**The Book of Lamentations**
**The Chariot Throne of God**
*(Ezekiel)*
**Daniel**
**Minor Prophets 1**
*(Hosea)*
**Minor Prophets 2**
*(Joel - Zephaniah)*
**Minor Prophets 3**
*(Haggai - Malachi)*
**The Gospel of Matthew**
**The Gospel of Mark**
**The Gospel of Luke**
**The Gospel of John**
**More than Conquerors**
*(Romans)*
**Soldiers for Christ**
*(Ephesians)*
**Hitting the Mark**
*(Philippians)*
**Colossians & Philemon**
**Within the Veil**
*(Hebrews)*
**The Two Wisdoms**
*(James)*
**The Epistles of John**
**The Revelation of Jesus Christ**
*(Revelation)*

## *Topical Studies*

**The Journey of Israel**
**David and Solomon**
**Leadership**
**The Cross and Resurrection**
**The Life of Christ**
**The Ministry of the Prophet**
**The Apostle**
**The Second Coming**
**The Seven Dwelling Places of God**
**Know Your Bible**
**Preparing for Revival**
**The Tabernacle of Moses**
**The Kings of Judah**
**The Kings of Israel**
**Names of God**
**Pillars of Faith**
**Teachers of Righteousness**
**The Comforter** *(The Holy Spirit)*
**Contending for the Faith**
**Entering the Rest of God**
**Heaven's Glories and the Untold Terrors of Hell**

Please contact us for further information:

**Zion Christian Publishers**

**P.O. Box 70 Waverly, NY 14892**

**Toll-free: 1-877-768-7466**

**Fax: (607) 565-3329**

**www.zionfellowship.org**